ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • PEBRERO 2015

# Liahona



## Family History: Pagtingin sa Iyong Sarili sa Plano ng Diyos, mga pahina 22, 26

**Mga Young Adult: Unahing Igalang ang Araw ng Sabbath, p. 42**

**Pagiging Matatag Kapag Pinanghinaan ng Loob ang mga Kaibigan, p. 52**



*"At tungkol sa pananamit, bakit kayo nangababalisa? Wariin ninyo ang mga lirio sa parang, kung paanong nagsisilaki; hindi nangagpapagal, ni nangagsusulid man:*

*"Gayon ma'y sinasabi ko sa inyo, na kahit si Salomon man, sa buong kaluwalhatian niya ay hindi nakapaggayak na gaya ng isa sa mga ito.*

*"Nguni't kung pinararamtan ng Dios ng ganito ang damo sa parang, na ngayon ay buhay, at sa kinabukasa'y iginagatong sa kalan, hindi baga lalonglalo na kayong pararamtan niya, Oh kayong mga kakaunti ang pananampalataya?"*

Mateo 6:28–30

# Liahona, Pebrero 2015


26

## MGA MENSAHE


**4** **Mensahe ng Unang Panguluhan: Patotoo at Pagbabalik-loob**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

**7** **Mensahe sa Visiting Teaching: Ang mga Katangian ni Jesucristo—Walang Kasalanan**


## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


**14** **Ang Pasukang Tinatawag na Binyag**
Ni Elder J. Devn Cornish
*Pagpapabinyag sa pamamagitan ng paglulubog ang simula ng pagtahak sa landas ng tipan tungo sa walang-hanggang pagbabalik-loob.*

**18** **Isang Bagong Templo, Tatlong Bagong Oportunidad**
Ni Don L. Searle
*Nabigyang-inspirasyon ng Espiritu sa isang temple open house, ang mga pamilyang Guatemalan na ito ay sumulong sa kanilang paglalakbay tungo sa kadakilaan.*

**22** **Paano Binabago ng Family History ang Ating Puso't Isipan**
Ni Amy Harris
*Kapag sinasaliksik natin ang kasaysayan ng ating pamilya, natutuklasan natin ang karingalan ng plano ng Diyos at ang likas na pagmamahal Niya sa atin.*

**26** **"Ang Panahon Ko" sa mga Templo at Teknolohiya**
Ni Elder Neil L. Andersen
*Ipinadala kayo rito sa lupa sa panahong ito para sa isang partikular na layunin, na kinabibilangan ng responsibilidad ninyong tumulong sa gawain ng kaligtasan.*

**34** **Bago Matapos ang Ating Paglalakbay**
Ni Richard M. Romney
*Pagdating sa pagtitiis na mabuti, marami tayong matututuhan sa mga halimbawa ng mga taong nag-ukol ng kanilang buhay sa tapat na paglilingkod sa Diyos at sa Kanyang mga anak.*


## MGA BAHAGI


**8** **Notebook ng Kumperensya ng Oktubre 2014**

**10** **Ang Ating Paniniwala: Mga Patriarchal Blessing—Binigyang-Inspirasyong Patnubay para sa Inyong Buhay**

**12** **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Nagpapasalamat para sa mga Tipan sa Templo**
Ni Cari Florence

**38** **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

**80** **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Tunay na Pagmamahal**
Ni Elder Joseph B. Wirthlin


**SA PABALAT**
Harap: Larawang kuha ni Matthew Reier.
Panloob na pabalat sa harap: Larawang kuha ni Willie Huang.

## MGA YOUNG ADULT




**42 Pinagpala ng Araw ng Sabbath**
Ni Emmaline R. Wilson
*Nakaranas ng mga himala ang mga young adult sa pagsisikap nilang panatilihing banal ang araw ng Sabbath.*

**46 Mga Young Adult Profile: Matitibay na Sagwan, Matitibay na Patotoo sa French Polynesia**
Ni Mindy Anne Leavitt



***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Huwag ninyong kalimutan ang backpack ninyo.***

## MGA KABATAAN

**48 Umasa sa Diyos sa Bawat Araw**
Ni Elder D. Todd Christofferson
*Sabik ang Ama sa Langit na ibigay sa atin ang tulong na hinahangad natin sa bawat araw.*

**52 Pagkakaroon ng Lakas sa Mabubuting Kaibigan**
Ni Elder Jorge F. Zeballos

**54 Kapag Pinanghinaan ng Loob ang Mabubuting Kaibigan**
*Ano ang magagawa ninyo kapag sinimulang ibaba ng inyong mga kaibigan ang kanilang mga pamantayan?*

**57 Ang Bahaging para sa Atin**

**58 Ang Alam Natin tungkol sa Buhay Bago Tayo Isinilang**
Ni Norman W. Gardner
*Ang malaman na pinili ninyong sundin ang Tagapagligtas sa buhay bago kayo isinilang ay matutulungan kayong gumawa ng mabubuting desisyon sa buhay na ito.*

**60 Mga Tanong at mga Sagot**
*Pumanaw ang isang mahal kong kaibigan kamakailan. Paano ko makakayanan ang dalamhati?*

**62 Nangungulila Kami kay Sofía**
Ni Fernando Peralta
*Nang masangkot kaming magkapatid sa isang malubhang aksidente, umasa ang aming pamilya sa mga tipan sa templo upang makadama ng kapayapaan.*

**64 Oras para Mag-aral ng mga Banal na Kasulatan**
Ni Elder Richard G. Scott
*Ano ang mas mahalaga kaysa sa pag-aaral, pagtatrabaho, o social media?*

## MGA BATA




**65 Natatanging Saksi: Mga Liham mula kay Lola Whittle**

**66 Ikaw Naman**
Ni Bishop Gary E. Stevenson
*Ngayon ang panahon upang maghanda sa pagharap sa Diyos at tulungan ang iba na gayon din ang gawin.*

**68 Ang Ating Pahina**

**69 Magandang Ideya**

**70 Laging May Oras para Magdasal**
Ni Barbara Hopf

**72 Pagtulong sa Isang Bagong Kaibigan**
Ni Quinnley W.
*Matutulungan kayo ng Espiritu Santo na malaman kung paano magpakita ng pagmamahal sa iba.*

**73 Musika: Nang Binyagan si Cristo**
Ni Jeanne P. Lawler

**74 Oras ng Banal na Kasulatan: Bininyagan si Jesus**
Nina Erin Sanderson at Jean Bingham

**76 Para sa Maliliit na Bata: Nagbigay ng Mensahe si Juliana**
Ni Jane McBride Choate



# Mga Ideya para sa Family Home Evening

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang ideya.*



**"Bininyagan si Jesus,"** pahina 74: Isiping simulan ang inyong family home evening sa pagkanta ng "Nang Binyagan si Cristo" (tingnan sa pahina 73). Maaari ninyong sama-samang basahin ang salaysay sa Biblia tungkol sa binyag ni Jesus at anyayahan ang nabinyagan nang mga miyembro ng pamilya na ibahagi ang kanilang nadama at natutuhan nang sila ay mabinyagan at makumpirma. Habang magkakasama kayong nagbabasa at nagbabahagi ng mga patotoo, ipaunawa sa inyong mga anak ang mga tipang nauugnay sa binyag. Maaari ninyong gamitin ang mga tanong tungkol sa banal na kasulatan na inilaan sa artikulong ito habang tinuturuan ninyo ang inyong mga anak tungkol sa mga tipan sa binyag.

**"Tunay na Pagmamahal,"** pahina 80: Sa loob ng isang linggo, hilingin sa isang kapamilya na maghanap ng mga simpleng pagpapakita ng kabaitan sa bawat araw. Sa family home evening, ipabahagi sa kapamilyang iyon ang napansin niya sa buong linggo. Tulad ng sabi ni Elder Wirthlin sa kanyang mensahe, "Pagmamahal ang simula, gitna, at katapusan ng landas ng pagkadisipulo." Isiping gumawa ng simpleng drowing na nagpapakita ng isang landas na nahahati sa maraming maliliit na bahagi. Ipaliwanag na para sa bawat kabaitang ipakita nila—malaki man o maliit—maaaring kulayan ng mga miyembro ng pamilya ang isang bahagi ng landas. Kapag nagsikap ang inyong pamilya na magpakita ng pagmamahal sa iba, susulong kayo sa landas ng pagkadisipulo.

## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*


***Araw ng Sabbath,*** *42*
***Banal na Kasulatan, mga,*** *39, 64*
***Binyag,*** *14, 18, 40, 73, 74*
***Buhay Bago Isinilang,*** *58*
***Family history,*** *22, 26*
***Gawaing misyonero,*** *18, 38, 40*
***Jesucristo,*** *7, 73, 74*
***Kaibigan, mga,*** *52, 54, 72*
***Kamatayan,*** *60, 62*
***Pagbabalik-loob,*** *4, 14, 18*
***Pagbabayad-sala,*** *7*
***Paglilingkod,*** *34*
***Pagmamahal, pag-ibig,*** *80*
***Pagtitiis,*** *34*
***Pamilya,*** *12, 18, 22, 62*
***Panalangin, dasal,*** *4, 12, 70*
***Pananampalataya,*** *26, 34, 41, 48*
***Pangkalahatang kumperensya,*** *8*
***Patriarchal blessing, mga,*** *10*
***Teknolohiya,*** *26*
***Templo, mga,*** *18, 26, 41, 55*
***Tipan, mga,*** *14, 18, 62*



**PEBRERO 2015 TOMO 18 BLG. 2**
**LIAHONA 12562 893**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon
**Mga Tagapayo:** Mervyn B. Arnold, Christoffel Golden, Larry R. Lawrence, James B. Martino, Joseph W. Sitati

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner
**Direktor ng Operations:** Vincent A. Vaughn
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Publications Assistant:** Lisa C. López
**Writing and Editing Team:** Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Mindy Anne Leavitt, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Katie Duncan, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)




© 2015 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.



**For Readers in the United States and Canada:**
February 2015 Vol. 18 No. 2. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# PATOTOO AT Pagbabalik-loob

May pagkakaiba sa pagitan ng pagtanggap ng patotoo ukol sa katotohanan at ng tunay na pagbabalik-loob. Halimbawa, ang dakilang si Apostol Pedro ay nagbigay ng kanyang patotoo sa Tagapagligtas na alam niya na si Jesus ang Anak ng Diyos.

"Sinabi [ni Jesus] sa kanila, Datapuwa't, ano ang sabi ninyo kung sino ako?

"At sumagot si Simon Pedro at sinabi, Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Dios na buhay.

"At sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Mapalad ka, Simon Bar-Jonas: sapagka't hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit" (Mateo 16:15–17).

Gayunman kalaunan, sa Kanyang utos kay Pedro, ang Panginoon ay nagbigay sa kanya at sa atin ng isang gabay upang tunay na magbalik-loob at tumagal ang pagbabalik-loob na iyon sa habambuhay. Ganito ang sabi ni Jesus: "Kung makapagbalik ka nang muli, ay papagtibayin mo ang iyong mga kapatid" (Lucas 22:32).

Itinuro ni Jesus kay Pedro na may malaking pagbabago pa ring kailangang gawin na higit pa sa pagkakaroon ng patotoo hanggang sa magkaroon tayo ng kakayahang mag-isip, makadama, at kumilos bilang tunay na nagbalik-loob na mga disipulo ni Jesucristo. Iyan ang malaking pagbabagong hangad nating lahat. Kapag nakamit natin ito, kailangan nating ipagpatuloy ang pagbabagong iyon hanggang sa wakas ng ating buhay sa mundo (tingnan sa Alma 5:13–14).


Alam natin batay sa sarili nating karanasan at sa pagmamasid sa iba na ang pagkakaroon ng ilang mahahalagang sandali ng espirituwal na kapangyarihan ay hindi sasapat. Itinatwa ni Pedro na kilala niya ang Tagapagligtas kahit pinatotohanan na sa kanya ng Espiritu na si Jesus ang Cristo. Ang Tatlong Saksi sa Aklat ni Mormon ay nabigyan ng tuwirang patotoo na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos, ngunit kalaunan ay nag-atubili silang tangkilikin si Joseph Smith bilang Propeta ng Simbahan ng Panginoon.

Kailangan natin ng pagbabago sa ating puso, tulad ng inilarawan sa aklat ni Alma: "At ipinahayag nilang lahat sa mga tao ang gayon ding bagay—na ang kanilang mga puso ay nagbago; na wala na silang pagnanais pang gumawa ng masama" (Alma 19:33; tingnan din sa Mosias 5:2).

Itinuro sa atin ng Panginoon na kapag tunay tayong nagbalik-loob sa Kanyang ebanghelyo, ang ating puso ay hindi na magiging makasarili at tutuon sa paglilingkod upang iangat ang iba habang sumusulong sila tungo sa buhay na walang hanggan. Para magtamo ng gayong uri

### PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Ginamit ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol ang "talinghaga ng pickle" para ituro na ang pagbabalik-loob ay isang patuloy na proseso sa halip na isang minsanang pangyayari: "Taludtod sa taludtod at tuntunin sa tuntunin, unti-unti at halos hindi halata, magiging tugma ang ating mga hangarin, iniisip, mga salita, at ating mga gawa sa kalooban ng Diyos" ("Kinakailangan Ngang Kayo ay Ipanganak na Muli" *Liahona,* Mayo 2007, 21). Isiping repasuhin ang talinghaga ng pickle sa inyong mga tinuturuan. Ano ang magagawa ng bawat isa sa atin para patuloy na sumulong sa paunti-unting proseso ng pagbabalik-loob na tinalakay kapwa nina Pangulong Eyring at Elder Bednar?



***Kailangang may pagbabago sa ating puso tulad ng dinanas ng mga tao ni Lamoni sa Alma kabanata 19.***

ng pagbabalik-loob, maaari tayong magdasal at kumilos nang may pananampalataya upang maging bagong nilikha na ginawang posible ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Makapagsisimula tayo sa pagdarasal na magkaroon ng pananampalatayang magsisi sa pagiging makasarili at tumanggap ng kaloob na magmalasakit sa iba nang higit kaysa ating sarili. Maaari nating ipagdasal na magkaroon tayo ng lakas na iwaksi ang kapalaluan at inggit.

Panalangin din ang magiging susi sa pagtanggap ng kaloob na pag-ibig sa salita ng Diyos at sa pag-ibig ni Cristo (tingnan sa Moroni 7:47–48). Ang dalawa ay magkasama. Kapag binasa, pinagnilayan, at ipinagdasal natin ang salita ng Diyos, matututuhan natin itong mahalin. Inilalagak ito ng Panginoon sa ating puso. Kapag nadama natin ang pagmamahal na iyon, lalo't higit nating mamahalin ang Panginoon. Kasabay na darating ang pag-ibig sa kapwa na kailangan natin upang mapalakas ang mga taong inilalagay ng Diyos sa ating landas.

Halimbawa, maaari nating ipanalangin na matukoy ang mga taong nais paturuan ng Panginoon sa Kanyang mga missionary. Ang mga full-time missionary ay maaaring manalangin nang may pananampalataya na malaman sa pamamagitan ng Espiritu kung ano ang ituturo at patotohanan. Maaari silang manalangin nang may pananampalataya na ipadama sa kanila ng Panginoon ang Kanyang pagmamahal sa lahat ng taong makikilala nila. Hindi madadala ng mga missionary ang lahat ng makikilala nila sa mga tubig ng binyag at sa kaloob na Espiritu Santo. Ngunit maaari nilang makasama ang Espiritu Santo. Sa kanilang paglilingkod at sa tulong ng Espiritu Santo, darating ang oras na magbabago ang puso ng mga missionary.

Ang pagbabagong iyon ay paulit-ulit na magaganap habang patuloy tayo sa habambuhay na pagkilos nang may pananampalataya upang palakasin ang iba sa ebanghelyo ni Jesucristo. Ang pagbabalik-loob ay hindi minsanan lang nangyayari o isang bagay na tatagal sa isang panahon lang ng buhay kundi magiging patuloy na proseso. Maaaring lumiwanag pang lalo ang buhay hanggang sa ganap na araw, na makikita natin ang Tagapagligtas at matutuklasan na tayo ay naging katulad Niya. Inilarawan ng Panginoon ang paglalakbay na ito nang ganito: "Yaong sa Diyos ay liwanag; at siya na tumatanggap ng liwanag, at nagpapatuloy sa Diyos, ay tumatanggap ng marami pang liwanag; at ang liwanag na yaon ay lumiliwanag nang lumiliwanag hanggang sa ganap na araw" (D at T 50:24).

Ipinapangako ko na posible iyan sa bawat isa sa atin. ■

OH, *BANAL NA JESUS*, NI WALTER RANE

MGA KABATAAN

## Ang Pagbabago ng Aking Puso

Ni Dante Bairado

Nang una kong nalaman ang tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, nadama ko na pinatotohanan ng Espiritu ang katotohanan nito. Sa pamamagitan ng panalangin, mas tumibay pa ang aking patotoo, at nagpasiya akong magpabinyag.

Di-nagtagal matapos akong mabinyagan, sinimulan na akong tanungin ng mga tao sa aking ward kung gusto kong magmisyon. Ang totoo, hindi ko talaga alam kung ano ang sasabihin. Ang ideyang iwanan ang aking pamilya at pag-aaral para magmisyon ay tila kakatwa.

Pagkatapos isang araw ay sinimulan kong pag-isipan ang aking pagbabalik-loob. Naalala ko ang mga missionary na nagturo sa akin, na matiyagang sinagot ang aking mga tanong at tinulungan akong unawain ang ebanghelyo. Natanto ko na kung hindi sa tulong nila, hindi ko matutuklasan kailanman ang tunay na Simbahan. Nang matanto ko iyon, umusbong sa puso ko ang hangaring maglingkod. Nadama kong sinasabi sa akin ng Espiritu na dapat akong maglingkod sa full-time mission.

Alam ko na ang gawaing misyonero ay gawain ng ating Ama sa Langit at na makakatulong tayong magdala ng mga kaluluwa sa kamangha-manghang kaalaman tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo.

*Ang awtor ay naninirahan sa Fortaleza, Brazil.*


MGA BATA

## Hayaang Mag-alab ang Iyong Patotoo

Ang pagkakaroon ng patotoo ay katulad ng pagpaparikit ng apoy. Tulad ng kailangan nating magdagdag ng kahoy para manatiling nagniningas ang apoy, kailangan nating manalangin, magsisi, maglingkod sa iba, pag-aralan ang mga banal na kasulatan, at sundin ang mga kautusan upang tulungang lumago ang ating patotoo.

Para malaman ang iba pa kung paano patatagin ang iyong patotoo, basahin ang bawat talata sa mga banal na kasulatan na nakalista sa ibaba. Kulayan ang bahagi ng ningas na tugma sa bawat talata na nabasa mo. Kapag mas marami kang nabasang talata sa banal na kasulatan, lalong magniningas ang apoy—at ang iyong patotoo!

A. Mosias 2:17
B. Alma 5:46
C. Alma 32:27
D. 3 Nephi 15:10
E. Juan 5:39




PAGLALARAWAN NI COLEMATT/ISTOCK/THINKSTOCK

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano pag-iibayuhin ng pag-unawa sa buhay at mga papel na ginagampanan ng Tagapagligtas ang inyong pananampalataya sa Kanya at pagpapalain ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa* ***reliefsociety.lds.org****.*

# Ang mga Katangian ni Jesucristo: Walang Kasalanan

*Ito ay bahagi ng isang serye ng Mga Mensahe sa Visiting Teaching na nagtatampok sa mga katangian ng Tagapagligtas.*



Ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo ang tanging may kakayahang magbayad-sala para sa sangkatauhan. "Si Jesucristo, ang Korderong walang kapintasan, ay kusang inialay ang kanyang Sarili at nagbayad para sa ating mga kasalanan," sabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.[1] Ang pag-unawa na si Jesucristo ay walang kasalanan ay makakatulong sa atin na pag-ibayuhin ang ating pananampalataya sa Kanya at sikaping sundin ang Kanyang mga utos, magsisi, at maging dalisay.

"Si Jesus ay . . . isang nilalang na may laman at espiritu, ngunit hindi Siya nagpadaig sa tukso (tingnan sa Mosias 15:5)," sabi ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Maaari tayong lumapit sa Kanya . . . dahil nauunawaan Niya. Nauunawaan niya ang hirap, at nauunawaan din Niya kung paano malalampasan ang paghihirap. . . .

". . . Maaaring burahin ng kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala ang mga epekto ng kasalanan sa atin. Kapag nagsisi tayo, ang biyaya ng Kanyang pagbabayad-sala ang nagbibigay-katwiran at lumilinis sa atin (tingnan sa 3 Nephi 27:16–20). Magiging parang hindi tayo nagpadaig, parang hindi tayo nagpatangay sa tukso.

"Habang sinisikap natin araw-araw at linggu-linggo na sundan ang yapak ni Cristo, lumalakas ang ating espiritu, ang pagtatalo ng kalooban ay nababawasan, at di na tayo ginagambala ng mga tukso."[2]

### *Karagdagang mga Banal na Kasulatan*

Mateo 5:48; Juan 8:7; Sa mga Hebreo 4:15; 2 Nephi 2:5–6

### *Isipin Ito*

Paano naiba ang pagiging dalisay sa pagiging perpekto?

**MGA TALA**

1. Dieter F. Uchtdorf, "Magagawa Na Ninyo Iyan Ngayon!" *Liahona,* Nob. 2013, 56.
2. D. Todd Christofferson, "Upang Sila ay Maging Isa sa Atin," *Liahona,* Nob. 2002, 71.

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

### *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Binayaran ng Tagapagligtas ang ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang pagiging Anak ng Diyos, Kanyang buhay na walang kasalanan, Kanyang pagdurusa at sa pagbuhos ng Kanyang dugo sa Halamanan ng Getsemani, Kanyang kamatayan sa krus at Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli mula sa libingan. Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, maaari tayong maging malinis na muli kapag pinagsisihan natin ang ating mga kasalanan.

Itinuro ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao ang tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at pagkatapos ay nagtanong kung sila ay naniwala sa kanyang mga salita. "Silang lahat ay sumigaw sa iisang tinig, sinasabing: . . . [ang] Espiritu . . . [ay] gumawa ng malaking pagbabago sa amin, o sa aming mga puso, kaya nga kami ay wala nang hangarin pang gumawa ng masama, kundi ang patuloy na gumawa ng mabuti. . . .

"At kami ay nahahandang makipagtipan sa aming Diyos na gawin ang kanyang kalooban, at maging masunurin sa kanyang mga kautusan sa lahat ng bagay" (Mosias 5:1–2, 5).

Tayo man ay maaaring magkaroon ng "malaking pagbabago" tulad ng mga tao ni Haring Benjamin, na "wala nang hangarin pang gumawa ng masama, kundi ang patuloy na gumawa ng mabuti" (Mosias 5:2).

# NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG OKTUBRE 2014

*"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).*

*Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2014, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa susunod na mga isyu) para matulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.*

**MGA TAMPOK NA DOKTRINA**




## Sundin ang Ginintuang Aral

"Ang mga tagasunod ni Cristo ay dapat maging halimbawa ng paggalang. Dapat nating mahalin ang lahat ng tao, pakinggan silang mabuti, at isaalang-alang ang tapat nilang pinaniniwalaan. Hindi man tayo sumasang-ayon, hindi rin tayo dapat nakikipagtalo. Ang pananaw at pagsasalita natin tungkol sa mga kontrobersyal na paksa ay hindi dapat maging dahilan ng pagtatalo. Dapat nating ipaliwanag at panindigan ang ating pinaniniwalaan nang may katalinuhan at impluwensyahan sa kabutihan ang mga tao. Sa paggawa nito, hangad nating huwag makasakit sa iba ang tapat nating paniniwala sa ating relihiyon at ang kalayaan nating gawin ito. Hinihikayat natin ang lahat na sundin ang Ginintuang Aral ng Tagapagligtas: '[Anumang] bagay na ibig ninyong sa inyo'y gawin ng mga tao, gawin naman ninyo ang gayon sa kanila' (Mateo 7:12)."

**Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Pagmamahal at Pakikisalamuha sa mga Taong Naiiba," *Liahona,* Nob. 2014, 27.**

**PANGAKO NG PROPETA**



## Paghahayag

" 'Ang paghahayag ay patuloy sa Simbahan: tinatanggap ito ng propeta para sa Simbahan; ng president para sa kanyang stake, mission, o korum; ng bishop para sa kanyang ward; ng ama [at ina] para sa [kanilang] pamilya; ng indibiduwal para sa kanyang sarili.'[1]

"Pinatototohanan ko na ito ay totoo. . . .

"Ang Diyos ay nagbubuhos ng paghahayag, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sa Kanyang mga anak. Nangungusap Siya sa Kanyang propeta sa lupa, na ngayon ay si Thomas S. Monson. Pinatototohanan ko na hawak at ginagamit niya ang lahat ng susi ng priesthood sa lupa."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Patuloy na Paghahayag," *Liahona,* Nob. 2014, 73.**

**TALA**

1. Boyd K. Packer, "We Believe All That God Has Revealed," *Ensign,* Mayo 1974, 95.



**HUMAYO AT GAWIN**

Nagmungkahi si Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol ng dalawang paraan para ang mga kabataan ay "magkaroon ng sariling patotoo tungkol kay Propetang Joseph Smith":

"Una, maghanap ng mga talata sa Aklat ni Mormon na nadarama at alam ninyong talagang totoo. At ibahagi ang mga ito sa pamilya at mga kaibigan . . . , na kinikilala na si Joseph ay kasangkapan sa mga kamay ng Diyos. Susunod, basahin sa Mahalagang Perlas ang patotoo ni Propetang Joseph Smith. . . . Isiping irekord ang patotoo ni Joseph Smith sa sarili ninyong tinig, pakinggan ito palagi, at ibahagi ito sa mga kaibigan."

**Mula sa "Si Joseph Smith," *Liahona,* Nob. 2014, 30–31.**

# Magsiparito Kayo, at Inyong Makikita



Bakit gusto ng mga Banal sa mga Huling Araw na ibahagi ang ebanghelyo?

"Ang matatapat na disipulo ni Jesucristo ay magiging na missionary noon pa man at magpakailanman," sabi ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Ang missionary ay isang alagad ni Cristo na nagpapatotoo na Siya ang Manunubos at nagpapahayag ng mga katotohanan ng Kanyang ebanghelyo.

"Ang Simbahan ni Jesucristo ay isang simbahang may mga missionary noon pa man at magpakailanman. . . .

". . . Ang pagbabahagi sa ibang tao ng mga bagay na napakahalaga sa atin o nakatulong sa atin ay karaniwan lamang.

"Ang ganitong huwaran ay nakikita lalo na sa mga bagay na may espirituwal na kahalagahan at epekto."

Ano ang maaari nating gawin kapag nagpakita ng interes ang mga tao sa ebanghelyo at sa Simbahan? Sinabi ni Elder Bednar na matutularan natin ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng pag-anyaya sa kanila na "magsiparito kayo, at inyong makikita" (Juan 1:39).

**Mula sa "Magsiparito Kayo, at Inyong Makikita" *Liahona, Nob. 2014, 107, 109.***

# Mga Sagot para sa Inyo

Bawat kumperensya, ang mga propeta at apostol ay nagbibigay ng inspiradong mga sagot sa mga tanong ng mga miyembro ng Simbahan. Maaari ninyong gamitin ang inyong isyu ng Nobyembre 2014 o bisitahin ang conference.lds.org para makita ang mga sagot sa mga tanong na ito:

- Paano natin higit na mauunawaan ang kahalagahan ng sakramento? Tingnan sa Cheryl A. Esplin, "Ang Sakramento—Isang Pagpapanibago ng Kaluluwa," 12.
- Ano ang kaugnayan ng kalayaan, katarungan, awa, pagsisisi, at Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas? Tingnan sa D. Todd Christofferson, "Malaya Magpakailanman, na Kumilos para sa Kanilang Sarili," 16.
- Bakit ang tahanan ay napakagandang lugar para sa pagtuturo ng ebanghelyo ni Jesucristo? Tingnan sa Tad R. Callister, "Mga Magulang: Ang Pangunahing mga Guro ng Ebanghelyo sa Kanilang mga Anak," 32.
- Paano nagtutulungan ang mga magulang para makabuo ng walang-hanggang pamilya? Tingnan sa L. Tom Perry, "Pagkakaroon ng Walang-Hanggang Kapayapaan at Pagbubuo ng mga Walang-Hanggang Pamilya," 43.

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang **conference.lds.org**.

# MGA PATRIARCHAL BLESSING: BINIGYANG-INSPIRASYONG PATNUBAY PARA SA INYONG BUHAY

Sa Simbahan may dalawang uri ng patriarch: (1) mga ama at (2) kalalakihang inorden sa katungkulan ng patriarch sa Melchizedek Priesthood. Ang mga amang mayhawak ng Melchizedek Priesthood ay maaaring magbigay ng mga basbas sa mga miyembro ng kanilang pamilya, ngunit ang mga basbas na ito ay hindi itinatala ng Simbahan, bagama't maaari itong itala ng pamilya. Sa kabilang banda, ang mga basbas na ibinibigay ng isang inorden na patriarch sa mga karapat-dapat na miyembro ng Simbahan ay itinatala ng Simbahan; ang mga basbas na ito ay tinatawag na "mga patriarchal blessing."


Ang mga patriarch ay nagbibigay ng basbas ayon sa inspirasyon ng Espiritu Santo. Ang inyong patriarchal blessing ay maaaring maglaman ng mga babala at pangako, at maaari nitong ihayag ang inaasahan ng Panginoon sa inyo at kung ano ang inyong potensyal. Ang mga ipinangakong pagpapala ay matutupad sa takdang panahon ng Panginoon—batay sa inyong katapatan. Matatanggap lamang ninyo ang ipinangakong mga pagpapala kapag sinunod ninyo ang ipinayo sa basbas. Ang ilan sa mga basbas ay maaari pa ngang maganap sa kabilang-buhay. Hindi ibibigay sa inyong patriarchal blessing ang buong detalye ng inyong buhay. Halimbawa, kung hindi binanggit dito ang full-time mission o kasal sa templo, hindi ibig sabihin ay hindi kayo magkakaroon ng gayong oportunidad.

Ipapahayag din sa inyong patriarchal blessing ang inyong angkan sa sambahayan ni Israel—maaaring kayo ay nagmula sa angkan ni Ephraim, Juda, Manases, o sa isa sa iba pang mga lipi.[1] Ang angkang ito ay mahalaga dahil sa tipang Abraham, na kinabibilangan ng pangako ng Panginoon kay Abraham na sa pamamagitan ng kanyang mga inapo "ay pagpapalain ang lahat ng mag-anak sa mundo, maging ng mga pagpapala ng Ebanghelyo" (Abraham 2:11). Lahat ng miyembro ng Simbahan ay nabibilang sa sambahayan ni Israel, literal man silang inapo o sa pamamagitan ng espirituwal na pag-ampon. Dahil dito, may tungkulin tayong gagampanan sa paghahatid ng ebanghelyo sa mundo.

Para makatanggap ng patriarchal blessing, kausapin ang inyong bishop o branch president, na makapagbibigay sa inyo ng rekomendasyon para matanggap ito. Maaari ninyong mapaganda ang karanasan sa pagtanggap ng patriarchal blessing kung kayo ay mag-aayuno at mananalangin bago ito tanggapin. Maaaring dumalo ang inyong mga kapamilya sa pagtanggap ninyo ng patriarchal blessing.

Pagkatapos matanggap ang inyong basbas, isang printed copy nito ang ipadadala sa inyo. Panatilihin itong kumpidensyal; ang payo at mga pangako roon ay para sa inyo lamang at hindi dapat ibahagi nang basta-basta sa iba. Pag-aralan ito nang madalas; maglalaan ito ng patnubay, kapanatagan, at proteksyon. ■

## ISANG WALANG-KATUMBAS NA PERSONAL NA YAMAN



"Ang Panginoon na siyang naglaan ng Liahona para kay Lehi ay naglalaan din sa inyo at sa akin ngayon ng isang pambihira at mahalagang kaloob na nagbibigay ng direksyon sa ating buhay, para matukoy ang mga panganib sa ating kaligtasan, at maghanda ng daan, maging ng ligtas na daan—hindi tungo sa isang lupang pangako, kundi sa ating tahanan sa langit. Ang kaloob na tinutukoy ko ay ang inyong patriarchal blessing. Bawat karapat-dapat na miyembro ng Simbahan ay may karapatang tumanggap ng gayong natatangi at walang-katumbas na personal na yaman."


**Pangulong Thomas S. Monson, "Your Patriarchal Blessing: A Liahona of Light,"** ***Ensign,*** **Nob. 1986, 65.**

**TALA**

1. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Israel," scriptures.lds.org para malaman ang tungkol sa labindalawang lipi ni Israel.



*Ang patriarchal blessing ay nagsimula noong panahon ni Adan, nang basbasan niya ang kanyang mga inapo (tingnan sa D at T 107:53; tingnan din sa Genesis 49 para sa salaysay tungkol sa pagbabasbas ni Jacob sa kanyang mga inapo).*



*Kausapin ang inyong bishop o branch president para malaman kung handa na kayong tumanggap ng patriarchal blessing.*



*Matapos ninyong matanggap ang patriarchal blessing, pag-aralan ito nang madalas at sikaping sundin ang payo rito. Maaari itong maghatid ng kapanatagan at magpalakas sa inyong pananampalataya.*

*Ang katungkulan ng patriarch, na tinatawag na "evangelista" sa Bagong Tipan, ay ipinanumbalik sa mga huling araw. Si Joseph Smith Sr. ang unang patriarch ng Simbahan.*





*Lahat ng patriarchal blessing ay nakatago sa headquarters ng Simbahan. Kung mawala ang kopya ninyo, maaari kayong humingi ng isa pang kopya sa LDS.org.*

MGA PAGLARAWAN NI DAVID HABBEN

# NAGPAPASALAMAT PARA SA MGA TIPAN SA TEMPLO


Ni Cari Florence

*Paano mapapagaan ng anuman ang aking kalungkutan samantalang naghihingalo ang anak ko sa aking sinapupunan?*

Noong 14 na linggo pa lang akong buntis sa pangatlong anak namin, ipinaalam na sa amin ng doktor na malalaglag ang sanggol dahil sa mga kumplikasyon sa kanyang baga. Nakapanlulumo ang balitang iyon: lungkot na lungkot ako, takot na takot, at walang katiyakan ang hinaharap. Nang gabing iyon, nagpunta kaming mag-asawa sa templo na malungkot at lumuluha. Kailangan namin ng mga sagot, patnubay, at lakas, at alam namin na sa katahimikan ng templo ay mapapalapit kami sa Panginoon. Nagulat kami sa kapayapaang nadama namin sa silid-selestiyal. Nalaman ko na kahit hindi dapat manatili sa mundo ang sanggol na ito, magiging maayos ang lahat.

Kalaunan, lumuhod ako at ibinuhos ko ang aking damdamin sa Ama sa Langit. Sinabi ko sa Kanya na nauunawaan ko na ang aming anak ay hindi dapat mabuhay nang matagal pero gusto ko ng ilang partikular na pagpapala, kung maaari. Nangako rin ako na kung hindi ipagkakaloob ang aking mga naisin, hindi mawawala ang aking pananampalataya. Hiniling ko na sana'y makapiling ko nang mas matagal ang batang ito—na mabuhay siya, kahit sandali man lang, hanggang sa mahawakan siya ng aming buong pamilya. Sinabi ng mga doktor na kung himalang umabot sa hustong buwan ang aming sanggol, isisilang siya na nangingitim, ngunit nagdasal ako na lumabas siya na kulay rosas para hindi matakot ang iba pa naming mga anak na hawakan ang kanilang kapatid. Hiniling ko sa Panginoon na ipaalala sa amin ang aming walang-hanggang kahit wala na ang sanggol, na pinangalanan naming Brycen.

Sa paglipas ng mga linggo, nagulat ang mga doktor sa magandang kalagayan ni baby Brycen ngunit nagbabala na tiyak siyang papanaw matapos isilang. Nakadama ako ng di-maipaliwanag na dalamhati, batid na mawawala siya sa amin, pero natuwa rin ako na lumalaki pa siya. Patuloy akong nabigatan sa pagdadala sa aking sinapupunan sa anak kong ito na hindi mabubuhay; nasaktan ako tuwing itatanong ng iba ang kasarian ng aming sanggol o ang takdang petsa ng panganganak ko at kinailangan kong magkunwaring normal ang lahat. Bumili kami ng monitor para mabantayan ang pintig ng kanyang puso araw-araw, na laging sabik na marinig ang natatanging tunog na iyon. Matindi ang aking dalamhati. Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay nagkaroon ng bagong kahulugan sa akin: sa wakas ay naunawaan ko mula sa karanasan na hindi lang nagdusa si Jesucristo para sa aking mga kasalanan kundi nadama rin Niya ang bawat kalungkutan, bawat sakit. Bilang aking Tagapagligtas, talagang tinulungan Niya ako sa aking pasanin para hindi ako kailanman nag-iisa.



## KAALIWAN PARA SA MGA MAGULANG

"Itinuro ni Joseph Smith ang doktrina na ang isang sanggol na namatay ay babangon sa pagkabuhay na mag-uli bilang isang bata; at, habang itinuturo niya ang isang patay na bata sa ina nito, ay nagsabi sa kanya: 'Magkakaroon ka ng kagalakan, ng pagkaaliw, ng kasiyahan, sa pagpapalaki sa batang ito, pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli, hanggang sa marating nito ang kabuuan ng katayuan ng kanyang espiritu.' Mayroong pagbabalik, mayroong paglaki, mayroong pagkabuo, pagkaraan ng pagkabuhay na mag-uli mula sa kamatayan. [Gustung-gusto] ko ang katotohanang ito. Nagdudulot ito nang napakalaking kaligayahan at kagalakan at pasasalamat sa aking kaluluwa."

**Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918), *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1999), 159.**



***Nabuhay lamang si Brycen nang 72 minuto, sapat lang para mahawakan at mayakap siya ng bawat isa sa amin. Noon lamang kami nagkasama-samang lahat bilang pamilya sa daigdig na ito, ngunit iyon lamang ang pinangarap namin.***

LARAWAN NI JOSEPH F. SMITH SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY; KANAN: LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI CARI FLORENCE

Sa ika-37 linggo pumasok na ako sa ospital, batid na nagsimula na ang taning sa buhay ni Brycen. Nakakatakot ito pero maganda rin sa pakiramdam. Sinabi ng mga doktor na maaari siyang mabuhay mula 10 minuto hanggang ilang araw. Sa kabila ng aking takot, nadama ko ang pagtiyak ng Panginoon. Si Brycen Cade Florence ay isinilang noong Enero 27, 2012. Napaiyak ako nang isilang ko siya—kulay rosas, napakaguwapo, napakaperpekto.

Nagpasukan ang mga anak namin sa silid para makita at mahawakan ang kanilang kapatid; nagsama kami ng retratista para makunan ng retrato ang sandaling iyon. Nabuhay lamang si Brycen nang 72 minuto, talagang sapat lang para mahawakan at mayakap siya ng bawat isa sa amin. Noon lamang kami nagkasama-samang lahat bilang pamilya sa daigdig na ito, ngunit iyon lamang ang pinangarap namin. Sabik na sabik ang mga bata sa kanilang kapatid, pinaghahalikan siya, kinantahan siya, at nagmakaawang mahawakan siya. Sapat din ang itinagal ng kanyang buhay para makatanggap ng basbas mula sa kanyang ama, isang bagay na inasam at ipinagdasal ng aking asawa.

Bilang isang pamilya may patotoo kami na "ang plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang buhay" at ang mga ordenansa at tipan sa templo ay tinutulutan "ang mga mag-anak na magkasama-sama [nang] walang hanggan" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129). Para sa amin, pagkakaroon ng walang-hanggang pamilya ang *lahat-lahat.* Ang pinakamagandang bahagi ng ebanghelyo ay na hinding-hindi tayo mapaghihiwalay ng kamatayan; sama-sama tayong magpapatuloy sa paglalakbay.

Sa pagsubok na ito, nalaman ko na alam ng Diyos ang mga detalye ng ating buhay. Nagmamalasakit siya sa bawat isa sa atin. Bagama't darating ang mga pagsubok at paghihirap, pagagaanin ng Diyos ang mga ito. Mas nagpapasalamat ako ngayon kaysa rati na nabuklod ako sa templo sa aking asawa at isinilang sa tipan ang aming mga anak. Dahil sa magandang plano ng Diyos para sa ating mga pamilya, kabilang na ang walang-hanggang sakripisyo ng Tagapagligtas, maaari tayong magkasama-samang muli. Madalas kong isipin kung paano ko malalampasan ang mahirap na pagsubok na ito nang hindi nalalaman ang walang-hanggang katotohanang iyon. Labis akong nagpapasalamat sa patotoong natamo ko dahil sa maikling buhay ni Brycen—mas lubos na nabuksan ng Diyos ang aking mga mata at puso sa Kanyang mga pagpapala. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Arizona, USA.*



**Ni Elder J. Devn Cornish**
Ng Pitumpu





# ANG PASUKANG TINATAWAG NA BINYAG

*Dalangin ko na mas lubos na maunawaan ng bawat isa sa atin ang ating pangangailangan sa binyag, sa pasukang laan nito sa atin tungo sa habambuhay na pagbabalik-loob, at sa maawain at nagbabayad-salang pagmamahal ng ating Tagapagligtas.*

Ang buhay ni Glen (hindi niya tunay na pangalan) ay puno ng kaguluhan at labanan. Noong tinedyer siya nasangkot siya sa masasamang barkada, krimen, at karahasan. Nang makilala niya ang mga missionary, nadama niya na ang mga bagay na pinaniniwalaan nila ay mahirap maging totoo. Pero dumating ang oras na nalaman din niya na talagang totoo at mas mahalaga ang mga ito kaysa anupamang bagay na alam niya.

Matapos ayusin ang kanyang buhay, at sa taos-pusong pagsisisi at pamumuhay ng ebanghelyo, nagpabinyag si Glen. Natagpuan niya ang isang bagong buhay na puno ng liwanag at kapayapaan at kagalakan. Naging malinis siya sa harapan ng Panginoon.

Sabi ni Nephi:

"Kaya nga, gawin ninyo ang mga bagay na sinabi ko sa inyo na nakita kong gagawin ng inyong Panginoon at inyong Manunubos; sapagkat sa ganitong layunin ang mga yaon ay ipinakita sa akin, upang malaman ninyo ang pasukang inyong dapat pasukin. Sapagkat ang pasukang inyong dapat pasukin ay pagsisisi at binyag sa pamamagitan ng tubig; at pagkatapos darating ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan sa pamamagitan ng apoy at ng Espiritu Santo.

"At pagkatapos kayo ay nasa makipot at makitid na landas na patungo sa buhay na walang hanggan; oo, kayo ay nakapasok na sa pasukan" (2 Nephi 31:17–18).

Malinaw na itinuturo sa mga talatang ito na ang binyag, isang banal na tanda ng tipan sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang mga anak, ay kailangan para sa ating kaligtasan (tingnan din sa Marcos 16:16; Ang mga Gawa 2:38; 2 Nephi 9:23–24). Tunay ngang napakahalaga at kailangang-kailangan ang ordenansang ito kaya si Jesus Mismo ay nagpabinyag upang "[ganapin ang] buong katuwiran" (Mateo 3:15).

Madaling maunawaan ang paliwanag ni Nephi tungkol dito: "At ngayon, kung ang Kordero ng Diyos, siya na isang banal, ay kinakailangang mabinyagan sa pamamagitan ng tubig, upang ganapin ang lahat ng katwiran, O gaano pa kaya higit na kinakailangan na tayong mga hindi banal ay mabinyagan, oo, maging sa pamamagitan ng tubig!" (2 Nephi 31:5).

Kapag nabinyagan tayo, pinatutunayan natin sa Ama na handa tayong makipagtipan "na lumapit sa kawan ng Diyos, at matawag na kanyang mga tao, at nahahandang magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan.

"Oo, at nahahandang makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati, oo, at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan kayo ay maaaring naroroon, maging hanggang kamatayan, nang kayo ay matubos ng Diyos,

MGA PAGLALARAWAN NI J. KIRK RICHARDS





at mapabilang sa kanila sa unang pagkabuhay na maguli, nang kayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan" (Mosias 18:8–9).

Pinaninibago natin ang tipang ito tuwing Linggo kapag tumatanggap tayo ng sakramento. Ang mga salita ng tipan, tulad ng nakasaad sa mga panalangin sa sakramento, ay nag-aanyaya sa mga anak ng Ama sa Langit na patunayan "na sila ay pumapayag na taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ng [kanyang] Anak, at lagi siyang alalahanin at susundin ang kanyang mga kautusan na ibinigay niya sa kanila; nang sa tuwina ay mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila" (D at T 20:77).

**Isang Panimulang Ordenansa**

Bukod sa pinatutunayan natin na handa tayong sundin ang Diyos, ang binyag ay nagtutulot sa atin na makapasok sa kaharian ng Diyos, na siyang Simbahan ni Jesucristo sa lupa. Sinasabi sa atin sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Ang pagbibinyag sa pamamagitan ng paglubog sa tubig ng isang may karapatan ang panimulang ordenansa ng ebanghelyo at kinakailangan upang maging kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw." [1]

Malinaw na ipinaliwanag ng Tagapagligtas ang layunin ng binyag nang sabihin niya kay Nicodemo: "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios" (Juan 3:5).

Kailangan natin ang awtorisadong binyag para makapanirahan tayo sa piling ng Ama at ng Anak, ngunit natutuwa ako na ang binyag ay may isa pang pangunahing layunin. Ang binyag ay hindi lamang ang pasukan patungo sa Simbahan ng Panginoon at pagkaraan ay sa kahariang selestiyal; ito rin ang daan tungo sa napakahalaga, kailangang-kailangan, at patuloy na proseso sa pagiging "ganap kay Cristo" (Moroni 10:32, 33) na kailangan at nais ng bawat isa sa atin. Ang prosesong ito, tulad ng inilarawan sa ikaapat na saligan ng pananampalataya, ay nagsisimula sa pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, na sinundan ng pagsisisi, pagkatapos ay ng "pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan," at pagkaraan ay pagtanggap ng Espiritu Santo.

Sa madaling salita, matatawag natin ang patuloy na prosesong ito na *pagbabalik-loob*. Binanggit ito ni Jesus sa una Niyang sinabi kay Nicodemo. Bilang Dalubhasang Guro, sinagot Niya ang mahalagang tanong ni Nicodemo kung ano ang dapat niyang gawin upang maligtas, na sinasabing, "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios" (Juan 3:3).

Ang ipanganak o isilang na muli ay nangangailangan ng higit pa sa binyag, paliwanag ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol:

"Ang espirituwal na pagsilang na muli na inilarawan sa [mga banal na kasulatan] ay karaniwang hindi nagaganap nang agaran o minsanan; ito ay patuloy na proseso—hindi lang minsanang nangyayari. . . .

"*Sinisimulan* natin ang proseso ng pagsilang na muli sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, pagsisisi sa ating mga kasalanan, at pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan na isinasagawa ng taong may awtoridad ng priesthood." Ngunit kabilang sa iba pang "mahahalagang hakbang sa proseso ng pagsilang na muli" ang "lubusang paglubog at pagbabad sa ebanghelyo ng Tagapagligtas." [2]

"Pagsilang na muli" ang isa pang tawag sa pagbabalik-loob. Ito ay pagkakaroon ng "bagbag na puso at nagsisising espiritu," na sinabi ng Tagapagligtas na siyang tanging pag-aalay na tatanggapin Niya (tingnan sa 3 Nephi 9:19–20). Tiyak na walang sinuman sa atin ang "makakakita" sa kaharian ng Diyos hangga't hindi natin "na[ra]ranasan ang malaking pagbabagong ito sa [ating] puso" (Alma 5:14; tingnan din sa Mosias 5:2; Alma 5:26).

Ang prosesong ito, na humahantong sa kapatawaran ng ating mga kasalanan, ay nagsisimula sa pananampalatayang sapat para magsisi at magpabinyag. Ipinaliwanag ni Mormon ang bagay na ito nang ituro niya na, "At ang mga unang bunga ng pagsisisi ay binyag; at ang binyag



ay dumarating sa pamamagitan ng pananampalataya sa ikatutupad ng mga kautusan; at ang pagtupad sa mga kautusan ay nagdadala ng kapatawaran ng mga kasalanan" (Moroni 8:25).


Gaya ng maraming miyembro ng Simbahan, hindi ako nagkaroon ng madulang karanasan sa pagbabalik-loob na katulad ni Glen at ng iba pa. Ako ay "isinilang sa butihing mga magulang" (1 Nephi 1:1; tingnan din sa Enos 1:1) at nabinyagan sa edad na walo. Paano mararanasan ng gayong tao ang pagbabalik-loob na naranasan ng mga taong sumapi sa Simbahan nang mas matanda pa sa walong taon?

## Isang Pasukan tungo sa Matatag na Pagbabalik-Loob

Ito ay isa sa pinakamagagandang bagay na maaaring maunawaan ng bawat isa sa atin tungkol sa pasukang tinatawag na binyag. Ang binyag ay hindi ang destinasyon, kahit samahan pa ng mahalagang sangkap na kaloob na Espiritu Santo. Ang binyag ang pasukan tungo sa patuloy at habambuhay na proseso ng tunay at matatag na pagbabalik-loob.

Tulad ng iba pang bagong miyembro, nagsisimula ang proseso sa tapat na hangaring sundin ang kalooban ng Ama sa pamamagitan ng pagpapabinyag. Nagpapatuloy ito sa pagsusuri sa lahat ng nagawa nating kasalanan at sa tuluyang pagsisikap na itigil ito, ipagtapat ito, magsauli kung maaari, at huwag na itong balikan kailanman. Matapos mabinyagan, tatanggap tayo ng karapatang mapatnubayan palagi ng Espiritu Santo, na maaaring mangyari kung lagi nating inaalala ang Tagapagligtas sa lahat ng ating iniisip, ginagawa, at buong pagkatao. At nalilinis tayo sa gayong paraan (tingnan sa 2 Nephi 31:17).

Pero paano kung magkasala tayong muli matapos mabinyagan? Mababalewala ba ang lahat? Maawaing nagplano ang ating Ama para sa ating mga kahinaan. Maaari tayong muling manampalataya at umasa kay Cristo at taos-pusong magsisi. Ngunit sa pagkakataong ito at sa sumunod na mga panahon, ang ordenansa ng binyag ay karaniwang hindi na kailangan. Sa halip ay inilaan ng Panginoon ang ordenansa ng sakramento. Binibigyan tayo nito ng lingguhang pagkakataong suriin ang ating sarili (tingnan sa I Mga Taga Corinto 11:28) at simbolikong ilagak ang ating mga kasalanan sa altar ng Panginoon kapag tayo ay taos-pusong nagsisi, muling naghangad ng Kanyang kapatawaran, at nagpatuloy sa isang panibagong buhay.



Ito ang prosesong sinabi ni Haring Benjamin nang magsalita siya tungkol sa "[paghuhubad ng] likas na tao at [pagiging] banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon" (Mosias 3:19). Ito ang tinukoy ni Pablo na nagpapaginhawa at literal na nagpapadakilang proseso nang magsalita siya tungkol sa pagiging "nangalibing na kalakip niya sa pamamagitan ng bautismo sa kamatayan: na kung paanong si Cristo ay nabuhay na maguli sa mga patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, ay gayon din naman tayo'y makalalakad sa panibagong buhay. . . .

"Na nalalaman natin, na ang ating datihang pagkatao ay kalakip niyang napako sa krus, upang ang katawang salarin ay magiba, at nang sa gayo'y huwag na tayong maalipin pa ng kasalanan" (Mga Taga Roma 6:4, 6).

Ito ang patuloy at pinagsama-samang proseso na nagtutulot sa atin na magalak na kasama ang mga anghel sa awa at tulong ni Cristo (tingnan sa Alma 5:26). Kabilang dito ang espirituwal na pag-unlad na matatamo natin sa pagtanggap sa mga ordenansa at pagtupad sa kaugnay na mga tipan na ibinibigay sa mga ordinasyon ng priesthood at sa templo.

Dalangin ko na lubos na maunawaan ng bawat isa sa atin ang pangangailangan nating mabinyagan, sa daan na inilalaan nito sa atin tungo sa habambuhay na proseso ng pagbabalik-loob, at sa maawain at nagbabayad-salang pagmamahal ng ating Tagapagligtas, na nakatayo "sa pintuan" (Apocalipsis 3:20) at inaanyayahan tayong pumasok at tumahan sa piling Niya at ng Ama magpakailanman. ■

**MGA TALA**

1. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pagbibinyag, Binyagan," scriptures.lds.org.
2. David A. Bednar, "Kinakailangan Ngang Kayo'y Ipanganak na Muli," *Liahona,* Mayo 2007, 21; idinagdag ang pagbibigay-diin.




# Isang Bagong Templo, TATLONG BAGONG OPORTUNIDAD

*Ang buhay ng tatlong pamilyang ito ay nagbago nang pumunta sila sa Quetzaltenango Guatemala Temple open house.*

**Ni Don L. Searle**
Senior missionary, Central America Area, 2012–14

### Ang Simula ng Isang Bagong Buhay

Noong tag-init ng 2011, ang pamilya Wundram ay handa nang lumipat sa Estados Unidos mula sa Guatemala para maipagpatuloy ni Carlos Wundram, isang doktor, ang kanyang post-graduate studies.

"Nang handa na kaming umalis," paggunita niya, "may pumigil sa akin." Nadama rin iyon ng kanyang asawang si Adriana, kaya magkasama silang nagdasal at tumanggap ng patibay sa kanilang puso na hindi sila dapat umalis.

Kinansela nila ang kanilang mga plano—na iniisip kung ano ang plano ng Diyos para sa kanila. Apat na buwan pagkaraan nalaman nila ang dahilan.

Si Carlos ay miyembro ng Simbahan mula pa noong siya ay 14 na taong gulang pero tumigil sa pagsisimba nang mag-aral na siya sa unibersidad sa edad na 21.

Si Adriana, kahit hindi miyembro, ay matagal nang gustong makasal sa isang Banal sa mga Huling Araw. Isang mabuting kaibigan niya, na miyembro ng Simbahan, ang ikinasal sa isang returned missionary na magiliw, mapagmahal, at maasikaso. Gusto ni Adriana ang gayong klaseng asawa.

Nang magsimula silang magdeyt, hindi pinag-usapan nina Adriana at Carlos ang kanyang relihiyon, ngunit kinakitaan siya ng marami sa mga katangian ng asawa ng kaibigan ni Adriana. Hindi niya ipinakitang nakalalamang siya kay Adriana. Nang makasal sila at magkaroon ng mga anak, natuwa si Adriana na pinaliguan ni Carlos ang mga sanggol at pinalitan ng lampin!

Nang maglakihan na ang kanilang tatlong anak, "naisip namin na dapat kaming mas mapalapit sa Diyos," sabi ni Carlos. Hindi nila nakita ang hinahanap nila sa simbahang Kristiyanong panandalian nilang dinaluhan, ngunit patuloy nilang nadama na kailangan nilang mapalapit sa Diyos.

Matapos kanselahin ang kanilang mga plano na lumipat sa Estados Unidos, nagpasiya ang mga Wundram na gumawa ng ilang pagbabago sa bahay nila, kabilang na ang pagbili ng mga bagong bintana. Agad nilang nakagaanan ng loob ang lalaking nagkabit ng mga bintana na si José Mena. Isang araw nagawi ang usapan nila sa relihiyon. Sinabi nito na miyembro siya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at sinabi ni Carlos na miyembro din siya pero matagal-tagal nang hindi nagsisimba.

Nang bumalik si Brother Mena para ikabit ang mga bintana, nagdala siya ng Aklat ni Mormon at ng isang kopya ng *Liahona* para sa bawat miyembro ng pamilya. Nang mabasa ang magasin, nagsimulang madama ni Carlos ang espirituwal na damdaming pamilyar sa kanya. Pagkatapos ay inanyayahan sila ni Brother Mena na pumunta sa Quetzaltenango Guatemala Temple open house.

Pagpasok nila sa templo, nagtanong ang mga batang Wundram, "Itay, ano po ang magagawa natin para maging miyembro ng Simbahang ito?" Nang papaalis na sila, nagpaiwan ang bunsong anak nilang si Rodrigo, edad 10, at, sa tulong ng kanyang ina, pinunan niya ang isang kard na humihiling na bisitahin sila ng mga missionary.

Pinuntahan ng mga missionary ang pamilya. "Ayaw kong piliting magpabinyag ang pamilya ko," sabi ni Carlos. "Pero talagang nadama nila ang Espiritu sa kanilang sarili."

Si Adriana at ang mga bata ay nabinyagan noong Disyembre 2011, ilang araw bago inilaan ang Quetzaltenango Temple. "Ang malaking pagpapalang ibinigay ng Diyos sa akin ay na ako ang nagbinyag sa kanila," sabi ni Carlos. Mahigit isang taon kalaunan, ibinuklod ang pamilya sa templo, isang napakasayang okasyon para sa kanilang lahat.





## Ang Pagkakataong Mabuklod

Si Ana Victoria Hernández, na hindi miyembro ng Simbahan, ay ikinasal kay Belbin Calderón, na isang miyembro ng Simbahan pero hindi nakakasimba dahil may trabaho siya tuwing Linggo. Sinabi ni Belbin na isang matinding damdamin ang nagpabalik sa kanya. Paggunita niya, "Nagbitiw ako sa trabaho ko dahil gusto kong bumalik sa simbahan." Matapos maging aktibong muli, napansin ng kanyang asawa na naging mas mapagkumbaba siya, at nagkaroon ng higit na pagkakaisa sa kanilang tahanan.

Inasam ni Belbin na maging interesado ang kanyang asawa sa ebanghelyo, pero hindi niya tinangkang pilitin ito. Isang araw ng Linggo habang nagpupunas ng istante ng mga aklat, nakita ni Ana Victoria ang isa sa mga aklat ni Belbin tungkol sa kasaysayan ng Simbahan. Sa kagustuhang mag-usisa, sinimulan niyang basahin ito. Ang mga kuwento ng mga sakripisyo ng mga pioneer ay labis na umantig sa kanya.

Pagkaraan ng ilang linggo, dumating ang *Liahona* ng Oktubre 2011, isang espesyal na isyu tungkol sa Aklat ni Mormon. Dahil gusto pa ring mag-usisa, sinimulang basahin ni Ana Victoria ang Aklat ni Mormon. Hindi nagtagal natanto niya na hindi lamang isang kasaysayan ang nilalaman nito kundi pati na ang mga salita ng mga propeta. Sinimulan niyang dumalo sa sacrament meeting kasama ang kanyang asawa't mga anak.

Pagkatapos ay pumunta sila ng kanyang pamilya sa Quetzaltenango Temple open house. Naantig si Ana Victoria nang malaman niya na maaaring mabuklod ang kanyang pamilya para sa kawalang-hanggan. "Malaki ang naging epekto niyon sa akin. Nadama ko na kailangan akong mabuklod sa kanila," paggunita niya. Nagsimula siyang magpaturo sa mga missionary at nabinyagan noong Disyembre 7, 2011. Dumalo siya sa paglalaan ng templo makalipas ang apat na araw.

Sina Brother at Sister Calderón ay nabuklod sa templo kasama ang kanilang mga anak noong Disyembre 2012. Sinabi ni Ana Victoria na hindi niya maipaliwanag ang kanyang kaligayahan "dahil alam kong maaari kong makasama ang aking pamilya magpakailanman." Tinawag ni Belbin ang kanilang pagbubuklod na "ang pinakamalaking pagpapalang maiisip ko."

## Naantig ng Templo ang Kanyang Espiritu

Ang pagtatayo ng templo sa Quetzaltenango, Guatemala, ay isang pangarap na natupad para kay Mónica Elena Fuentes Álvarez de Méndez. Siya ay anak ng isang pioneer sa Simbahan na nagkintal sa kanya ng pagmamahal sa ebanghelyo at sa lahat ng pagpapala nito. Ang kanyang inang si Magda Ester Álvarez ay nabinyagan noong 1953, anim na taon matapos dumating ang unang mga missionary na Banal sa mga Huling Araw sa Guatemala.

Si Mónica ay lumaki sa Simbahan at kalaunan ay ikinasal sa butihing lalaking si Enio Méndez, na hindi miyembro. Sinuportahan niya ang kanyang asawa at anak na babae sa mga aktibidad ng Simbahan at hinangaan ang mga miyembro nito, ngunit hindi siya interesadong magpabinyag. Magkagayunman, naalala ni Mónica ang sinabi ng kanyang ina na balang-araw ay magiging miyembro ang kanyang asawa. "Patuloy akong nanalig," sabi niya, kahit wala siyang ideya kung ano ang magtutulak ditong magpabinyag.

Natamasa ng kanyang ina ang mga pagpapala ng regular na pagpunta sa templo sa Guatemala City at napuspos ito ng kagalakan noong 2006 nang ibalita ang pagtatayo ng templo sa Quetzaltenango. Ngunit nagkasakit nang malubha si Magda Álvarez at pumanaw noong 2008, bago naitayo ang templo sa Quetzaltenango.

Si Mónica at ang kanyang anak na si Mónica Esther Méndez Fuentes ay magkasamang naglingkod bilang gabay sa mga dumalo sa open house ng Quetzaltenango Temple. Sumama sa kanila si Enio sa pagpunta sa open house, at hindi nila alam na dalawang beses pa itong bumalik doon.

Nang sabay-sabay nilang lisanin ang templo sa huling araw ng open house, inisip ni Mónica at ng kanyang anak kung magkakatotoo ang sinabi ni Magda Álvarez tungkol kay Enio.

Noon pa man ay naniniwala na si Enio na ayos lang sa kanya na miyembro siya ng kanyang simbahan at ang kanyang asawa't anak naman ay miyembro ng kanilang simbahan basta't respetuhin lang nila ang mga paniniwala ng isa't isa. Ngunit ang kanyang mga karanasan sa temple open house ay nagpaisip sa kanya nang husto. "Nagsimula akong mag-ayuno, na hindi bumabanggit ng anuman sa kanila, at manalangin," paggunita niya. Nagpunta siya sa kabundukan, kung saan siya nagpupunta para magnilay-nilay. "Nagtanong ako sa Panginoon, 'Ano po ang dapat kong gawin?'" Sa katunayan, alam na niya kung ano ang tama, ngunit kailangang malutas niya ang mga pag-aalinlangan.

Nabinyagan si Enio noong Abril 2012—isang lubhang nakaaantig na okasyon para sa kanyang asawa't anak.

Ang pamilya Méndez ay ibinuklod sa Quetzaltenango Temple noong Oktubre 2013. Ipinahayag ni Sister Méndez ang kanilang kagalakan sa natupad na walang-hanggang mithiin at ang pag-asam nilang maging tapat hanggang magwakas ang kanilang buhay. ■



## NAGNININGNING NA TULAD SA ISANG HIYAS

Sa seremonya ng paglalagay ng batong-panulok bago ang paglalaan ng Quetzaltenango Guatemala Temple, nangako si Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Ang templong Ito ay magdadala ng walang-hanggang mga pamilya sa lugar at bansang ito."[1] Sa kalipunan ng "mga anak ni Lehi,"[2] tulad ng pagkalarawan ni Pangulong Uchtdorf sa kanila, ang templo ay naging isang tanglaw ng pag-asa. Nagsalita rin siya tungkol sa kagandahan ng templo, na nagsasabing, "Ito ay nagniningning na tulad sa isang hiyas, at ito ay isang hiyas para sa lugar na ito."[3]

### ANG QUETZALTENANGO GUATEMALA TEMPLE

- Ibinalita noong Disyembre 16, 2006, ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008)
- Inilaan noong Disyembre 11, 2011, ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
- 126,000 bisita ang dumalo sa open house, na ginanap noong Nobyembre 2011
- Ika-136 na templong gumagana sa buong mundo
- Pangalawang templo sa Guatemala (kasunod ng Guatemala City Guatemala Temple, na inilaan ni Pangulong Hinckley noong 1984)
- Laki ng templo: 21,085 piye (1,959 $m^2$)
- Temple district: 60,000 miyembro sa 15 stake at 7 district

**MGA TALA**

1. Dieter F. Uchtdorf, sa Jason Swensen, "Quetzaltenango Guatemala Temple: 'This Temple Will Bring Eternal Families to This Place and Country,'" *Church News,* Dis. 11, 2011, ldschurchnews.com.
2. "Quetzaltenango Guatemala Temple: Dedicatory Prayer," ldschurchtemples.com/quetzaltenango.
3. "Dedication Held for Quetzaltenango Guatemala Temple," Church Newsroom, Dis. 11, 2011, mormonnewsroom.org.



PAANO BINABAGO NG FAMILY HISTORY ANG ATING

# Puso't Isipan

*Ang pagsasaliksik ng kasaysayan ng ating pamilya at pagsasagawa ng mga ordenansa sa templo para sa ating mga ninuno ay tumutulong sa atin na makita ang lawak gayundin ang pagkapamilyar ng plano ng Diyos.*

**Ni Amy Harris**
Propesor ng History and Genealogy, Brigham Young University

Sa loob ng maraming taon, tuwing papasok ako sa templo, naiisip ko ang aking kalola-lolahan na si Hannah Mariah Eagles Harris (1817–88), ngunit hindi dahil sa kailangan kong mag-proxy sa templo para sa kanya.



Si Mariah (na siyang gusto niyang itawag sa kanya) ang isa sa mga dahilan kaya nasa Simbahan ang pamilya ko. Siya ay bininyagan noong 1840 sa England, na-endow sa Nauvoo, Illinois, nabuklod sa kanyang asawa sa Winter Quarters, Nebraska, at namatay sa Utah. Ang naiisip ko tungkol sa kanya habang nasa templo ako ay hindi ang pangangailangan niyang magawan ng mga ordenansa kundi kung paano kami ibinuklod ng mga ordenansang iyon samantalang nabuhay kami sa magkaibang panahon at lugar.

Noong bata ako nakatira ako sa bayan sa Utah na tinirhan niya noon, at kalaunan ay binisita ko ang Winter Quarters, Nauvoo, at ang maliit na English village kung saan siya isinilang. Nagulat ako sa layo ng nilakbay niya at sa malaking pagkakaiba ng buhay niya sa buhay ko.

Gayunman, sa kabila ng agwat ng panahon, lugar, at kalagayan sa pagitan naming dalawa, dama ko ang kaugnayan ko sa aking kalola-lolahan kapwa sa pamamagitan ng tipan ng pagbubuklod at sa pag-alam tungkol sa kanyang buhay. Ang kaugnayang iyon ang nagbibigay-liwanag sa mga dahilan kaya may gawain sa family history at pagsamba sa templo.

Itinuturo sa atin ng pagsasaliksik sa family history ang lawak at laki ng nasasakupan ng paglikha ng Diyos at nagbibigay-diin sa maawaing tulong ng Pagbabayad-sala ni Cristo sa bawat isa sa atin.


## Dagdag na Pagmamahal sa Pamamagitan ng Family History

Itinuro ng Panginoon na kahit na ang mga mundong Kanyang nilikha para sa Kanyang mga anak ay "hindi mabilang . . . ng tao; . . . lahat ng bagay ay bilang sa akin, sapagkat sila ay akin at kilala ko sila" (Moises 1:35). Ang gawain sa family history at sa templo ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong makibahagi sa gawain ng kaligtasan ni Jesucristo.[1] Ang paggawa nito ay makatutulong sa atin na malaman kung paano mahalin at maging maawain sa ating mga pamilya, sa ating kapwa, sa lahat ng nakakahalubilo natin, sapagkat silang lahat ay ating mga kapatid.[2]

Sa pag-alaala sa sarili nating mga ninuno, kinikilala natin ang saklaw ng plano at paglikha ng Ama sa Langit. Nilikha ng Panginoon ang isang lugar para tayo subukan at magkaroon ng pananampalataya, ngunit dahil kakaunti lang ang mga tao na nagkakaroon ng pagkakataong matanggap ang kaganapan ng mga tipan ng Diyos sa mortalidad, ang awang dulot ng pagpo-proxy ay nagpapaalala sa atin na mahal ng Panginoon ang *lahat* ng Kanyang anak at naglaan ng paraan upang maaaring piliin ng lahat na tanggapin ang buong pagpapala ng ebanghelyo anuman ang kanilang sitwasyon sa buhay na ito (tingnan sa 2 Nephi 26:20–28, 32–33).

KANAN: LARAWANG KUHA NI MARIAH HARRIS SA KAGANDAHANG-LOOB NI AMY HARRIS

*Tungkol sa doktrina ng kaligtasan para sa mga patay, isinulat ni Propetang Joseph Smith: "Pasigawin ang mga bundok sa kagalakan, at lahat kayong mga lambak ay sumigaw nang malakas; at lahat kayong mga dagat at tuyong lupain [ay] sabihin ang mga kamangha-mangha ng inyong Walang-Hanggang Hari! At kayong mga ilog, at mga batis, at mga sapa, ay umagos nang may kagalakan. Purihin ng mga kahoy at lahat ng puno ng bukid ang Panginoon; at kayong mga buo na bato ay umiyak sa kagalakan! Magsiawit nang sabay-sabay ang araw, buwan, at ang mga pang-umagang bituin, at pasigawin sa kagalakan ang lahat ng anak na lalaki ng Diyos! At ipahayag ng walang hanggang mga nilikha ang kanyang pangalan magpakailanman at walang katapusan!" (D at T 128:23).*



Bukod pa rito, ang pag-alam tungkol sa buhay ng ating mga ninuno ay makapagpapaalala sa atin na hindi lahat ng bagay sa buhay ay magiging madali, na magkakaroon ng mga kabiguan at hindi pagkakapantay-pantay sa makasalanang mundong ito. Ngunit ang pag-alam tungkol sa kanilang buhay at pagsasagawa ng mga ordenansa para sa kanila ay nagpapaalala rin sa atin na walang sinumang hindi maaabot ng pagmamahal ng Diyos (tingnan sa Mga Taga Roma 8:38–39).

Ang lola kong si Mariah ay napalakas ng katotohanang ito nang una niyang marinig na ipinangaral ito. Noong 1840–41, sa unang pagdagsa ng mga proxy baptism na isinagawa sa Mississippi River at sa hindi pa tapos na Nauvoo Temple noon, sinamantala niya ang pagkakataon na magpabinyag para sa kanyang pumanaw na kapatid na babae, na namatay bago dumating ang mga missionary sa England.[3] Kahit hindi ko nakilala si Mariah, tulad niya ay mahal ko rin ang mga kapatid ko at alam kong ang pagmamahal na ito ay maaaring magpatuloy sa kabilang-buhay dahil sa mga ordenansa sa templo. Ang pagkakaroon ng kaalamang iyon na tulad niya ay nagbibigay-inspirasyon sa akin na mahalin din siya.

Kaya hindi nakakagulat na halos hindi makapaniwala si Propetang Joseph Smith sa napakaganda at maawaing doktrina ng kaligtasan para sa mga patay, na tinukoy niya bilang "pinakamaluwalhati sa lahat ng paksang nabibilang sa walang hanggang ebanghelyo" (D at T 128:17): "Pasigawin ang mga bundok sa kagalakan, at lahat kayong mga lambak ay sumigaw nang malakas; at lahat kayong mga dagat at tuyong lupain sabihin ang mga kamangha-mangha ng inyong Walang Hanggang Hari! At kayong mga ilog, at mga batis, at mga sapa, ay umagos nang may kagalakan. Purihin ng mga kahoy at lahat ng puno ng bukid ang Panginoon; at kayong mga buo na bato ay umiyak sa kagalakan! Magsiawit nang sabay-sabay ang araw, buwan, at ang mga pang-umagang bituin, at pasigawin sa kagalakan ang lahat ng anak na lalaki ng Diyos! At ipahayag ng walang-hanggang mga nilikha ang kanyang pangalan magpakailanman at walang katapusan!" (D at T 128:23).[4]

Tulad ni Mariah, na masigasig na humayo upang magpabinyag para sa kanyang kapatid, masaya rin noon ang iba pang mga Banal. Isinulat ni Sally Carlisle na isa sa mga Banal na iyon: "Napakaluwalhati nitong ating pinaniniwalaan at . . . ngayon maaari nang magpabinyag para sa lahat ng ating mga namatay na kaibigan at iligtas sila ayon sa lahat ng malalaman natin tungkol sa kanila."[5]

**Para sa Lahat—at para sa Isang Nawawala**

Gaya ng ipinapakita ng mga paggunitang ito, ang malawak na saklaw ng family history ay nalilimitahan ng personal na dahilan. Nalaman natin hindi lamang ang kahalagahan nito kundi maging ang lalim ng pagmamahal ng Panginoon, sapagkat nagmamalasakit Siya sa tao. Ang Panginoon na nakakakita sa pagbagsak ng maya at naghahanap sa nawawalang isa sa isandaang tupa (tingnan sa Mateo 10:29; Lucas 15:4) ay hindi tayo tinutubos nang sabay-sabay, kundi nang paisa-isa, tulad nang maglingkod Siya sa mga tao noong Kanyang ministeryo sa lupa at tulad

nang basbasan Niya ang mga taong nakatipon sa templo sa Bountiful (tingnan sa 3 Nephi 17).

Gayundin, itinuro ng Panginoon sa mga Banal noon ang isang masinsin na pamantayan sa pag-iingat ng talaan ng nagawang pagpo-proxy para sa bawat tao (tingnan sa D at T 128:1–5, 24). Sa gayon, ginagawa natin nang napakaingat ang pagtukoy sa bawat ninuno, hindi lamang ang mga katalogo ng mga pangalan. Sa gawaing ito nasisilayan natin ang awa ng Diyos, ang Kanyang habag, at ang kahalagahan ng isang kaluluwa.

Bukod pa rito, ang pag-alam sa mga kuwento ng buhay ng ating mga ninuno ay tumutulong sa atin na matutuhan silang mahalin, anuman ang kanilang mga kapintasan at pagkukulang. Habang nalalaman natin kung paano naapektuhan ng pabagu-bagong sitwasyon sa buhay na ito ang mga pasiya ng ating mga ninuno, nahahabag tayo sa kanila. Dapat mapag-ibayo ng prosesong ito ang kakayahan nating magkaroon ng ganitong uri ng pagmamahal para sa mga buhay, kapwa sa ating mga pamilya at sa lahat ng anak ng Diyos. Ang madama nang mas malalim na lahat ng tao, maging ang karamihan na bumaba sa lupa nang hindi nagkaroon ng pagkakataong tanggapin ang mga tipan at ordenansa, ay mga anak ng mga magulang sa langit ay tumutulong para pahalagahan natin ang buhay bilang isang pagsubok sa pananampalataya at katatagan para sa lahat ng nabuhay, "ayon sa paggamit nila sa liwanag na ibinigay [ng Diyos] sa kanila."[6]

Ang nakadadalisay na impluwensya ng gawain sa family history ay makadaragdag sa ating sariling kakayahan na magmahal. Kung matututuhan nating mahalin ang mga taong matagal nang pumanaw, na kakaiba ang naging buhay kumpara sa atin, sa gayon hindi ba natin matatanto kung gaano kalaki ang pagmamahal at awa ng Diyos sa atin? At kung gayon ay hindi ba natin matututuhang mahalin ang ating mga pamilya at kapitbahay at mahabag sa kanilang mga pagkukulang?

Kapag nakikita ng iba ang kaisa-isang larawan ng lola kong si Mariah, madalas nilang punahin na mukha siyang mabagsik o suplada. Ipinagtatanggol ko siya kaagad dahil kilala ko siya. Kilala ko ang taong naglakad noon sa River Severn noong bata pa siya at noong may maliliit na siyang anak. Kilala ko ang taong naglayag patawid ng karagatan, na nagsilang sa kanyang ikaapat na anak habang naglalakbay. Kilala ko ang taong pumayag na magpunta sa digmaan ang kanyang asawa at namatayan ng isang sanggol habang wala ito. Kilala ko ang taong naglakad nang 1,000 milya (1,609 km) papunta sa isang bagong tahanan sa disyerto ng kanlurang Amerika. Kilala ko ang taong nagtrabaho at nakipagtipan at nagsaka at nagmahal. At dahil kilala ko siya, natikman ko ang pagmamahal ng ating mga magulang sa langit para sa kanya at sa bawat isa sa kanilang mga anak.


### Family History—ang Malawak na Sakop at Maawaing Pagtulong

Ang pinakasentro ng family history ay hindi ang paggamit ng computer; hindi ang pagbabasa ng mga sinaunang sulat-kamay o paggawa ng masusing mga puna at sipi. Iyon ay mga kasangkapan o gawain ng family history, ngunit hindi ito ang pinakasentro ng family history, ni hindi nila nauunawaan ang kahalagahan ng dahilan kung bakit hinahanap ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kanilang mga ninuno. Ang family history, sa kabuuan nito, ay itinuturo sa atin ang malawak na sakop ng paglikha at pagtubos at ipinapaalala rin nito sa atin ang personal at maawaing tulong na hatid ng Pagbabayad-sala ni Cristo.

Ang paghahanap sa ating mga ninuno ay maaaring magkaroon ng gayon ding epekto sa ating puso't isipan kapag natanto natin na lahat ng taong iyon—na "di mabilang gaya ng buhangin sa dalampasigan" (Moises 1:28)—ay mga anak ng mga magulang sa langit at mahal at kilala nila. Hindi nakapagtatakang inilarawan ni Joseph ang pagpasok sa kahariang selestiyal na pagtawid sa isang pasukan na may "kahanga-hangang kagandahan" (D at T 137:2), sapagkat ano pa ba ang mas kahanga-hangang kagandahan kaysa maligtas na kasama ang mga taong kilala at mahal natin, na tulad natin ay tinubos ng malawakan at personal na pagmamahal ng Diyos? Inaasam kong makita si Lola Mariah sa pasukang iyon. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 555.
2. Itinuro ni Elder Russell M. Nelson na ang isang gawain ng espiritu ni Elijah—isang natatanging pagpapamalas ng Espiritu Santo—ay "magpapatotoo sa banal na katangian ng pamilya." Maaaring ang ibig sabihin nito ay kapwa ang banal na katangian ng ating mortal na ugnayan sa pamilya at gayon din ang kabanalan at potensyal ng lahat ng anak ng Diyos. Tingnan sa Russell M. Nelson, "A New Harvest Time," *Ensign,* Mayo 1998, 34. Tingnan din sa Richard G. Scott, "Ang Kagalakan ng Pagtubos sa mga Patay," *Liahona,* Nob. 2012, 93.
3. Si Mariah Harris ay nabinyagan para sa kapatid na si Edith Eagles, 1841, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Nauvoo Proxy Baptism Records, 1840–1845, Family History Library US/Canada film 485753, item 2, tomo A, pahina 42.
4. Para sa malalimang pagtalakay kung paano naimpluwensyahan ng mga pagkamatay sa pamilya Smith ang paghahanap ni Joseph Smith ng mga sagot tungkol sa kaligtasan para sa mga patay, tingnan sa Richard E. Turley Jr., "The Latter-day Saint Doctrine of Baptism for the Dead" (BYU family history fireside, Nob. 9, 2001), familyhistory.byu.edu.
5. Sally Carlisle, sa Steven Harper, *Making Sense of the Doctrine and Covenants: A Guided Tour through Modern Revelations* (2008), 470–71.
6. *Mga Turo: Joseph Smith,* 475; tingnan din sa Deuteronomio 8:2; Moroni 7:16; Doktrina at mga Tipan 76:41–42; 127; 137:7–9; Abraham 3.




**Ni Elder**
**Neil L. Andersen**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# "Ang Panahon Ko" sa mga Templo at Teknolohiya

*Ito ang panahon ninyo na mas lubos na ibaling ang inyong puso sa inyong mga ninuno at dalhin ang nakapagliligtas na mga ordenansa sa milyun-milyon sa inyong angkan.*

Hindi ba kayo nagtataka kung bakit kayo ipinadala sa mundo ngayon sa halip na sa ibang panahon sa kasaysayan? Ano kaya ang pakiramdam ng makatabi si Moises o maging kaibigan ni Maria, ang ina ni Jesus? Ano kaya ang pakiramdam ng manirahan sa Nauvoo noong nabubuhay pa si Propetang Joseph, o sumama sa iba pang mga tinedyer sa paghatak at pagtulak ng kanilang kariton nang isang libong milya papunta sa isang bagong tahanan sa Salt Lake Valley?

Kung minsa'y binabalikan natin ang mga unang panahon o ang iba't ibang lugar at itinatanong, "Bakit hindi ako? Bakit ako narito sa lugar na ito, at bakit ngayon?"







*Gusto kong hamunin ang bawat isa sa inyo na magtakda ng personal na mithiing tumulong sa paghahanda ng maraming pangalan para mapabinyagan ninyo sa templo.*

Hindi kayo ang unang nagtanong tungkol sa panahon at lugar na kinagisnan ninyo. Itinanong din iyan ng isang propetang nabuhay noon sa mga lupain ng Amerika. Ang pangalan niya ay Nephi—hindi si Nephi sa pagsisimula ng Aklat ni Mormon kundi si Nephi na anak ni Helaman na pangalawa at apo-sa-tuhod ng propetang si Nakababatang Alma.

Sa mundo kung saan nanirahan si Nephi, pera, kapangyarihan, at popularidad ang mas mahalaga kaysa sa tama. Hayagang winalang-halaga ng marami sa mga tao ang mga kautusan. Nagsinungaling sila, kinuha nila ang hindi kanila, at binalewala nila ang batas ng kalinisang-puri. Ang mga taong sumusunod sa mga kautusan ay kinutya at pinakitunguhan nang hindi maganda (tingnan sa Helaman 7:4–5, 21; 8:2, 5, 7–8).

"Nang makita . . . ni Nephi [ang mga bagay na ito], napuspos ng kalungkutan ang kanyang puso . . . at siya ay napabulalas sa labis na paghihirap ng kanyang kaluluwa:

"O, na ang akin sanang mga araw ay nasa mga araw ng unang lisanin ng aking amang si Nephi ang lupain ng Jerusalem, sana'y nagalak akong kasama siya sa lupang pangako; noon ang kanyang mga tao ay madaling kausapin, matatag sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos, at mabagal akaying gumawa ng kasamaan; at sila ay mabilis na nakikinig sa mga salita ng Panginoon—

"Oo, kung ang mga araw ko sana ay nasa mga araw na yaon, sa gayon ang kaluluwa ko ay nagkaroon sana ng kagalakan sa kabutihan ng aking mga kapatid" (Helaman 7:6–8).

Si Nephi ay isang kahanga-hangang propeta ng Diyos, subalit sumandali siyang nag-isip kung bakit nabuhay siya sa mundo sa *kanyang* panahon. Alam niya na hindi maglalaon ay isisilang sa mundo ang Tagapagligtas, ngunit sa sandaling iyon, ang tila magagandang kaganapan na malapit nang mangyari ay parang napakalayo pa.

Pagkaraan lamang ng 20 taon mula nang magsalita siya, lilipas ang isang gabi na walang kadiliman at isisilang si Jesus sa Betlehem. Pagkaraan ng 55 taon, ang Tagapagligtas, na nabuhay na mag-uli at niluwalhati, ay bababa mula sa langit sa mga Banal sa lupaing Masagana [Bountiful]. Ang anak ni Nephi ay paroroon, at ang Tagapagligtas mismo ang tatawag sa kanya at ioorden siya bilang isa sa labindalawang disipulo na napili sa Western Hemisphere. Maaari nating isipin na ang mga anak na babae at lalaki at mga apong babae at lalaki ni Nephi ay kasama sa 2,500 Banal na isa-isang inanyayahan ni Jesucristo na lumapit at personal na

hipuin ang mga bakas ng pako sa Kanyang mga kamay at paa. Hindi magiging mahirap paniwalaan na kasama ang mga kaapu-apuhan ni Nephi sa maliliit na batang iyon na isa-isang binasbasan ng Tagapagligtas at naligiran ng apoy at pinaglingkuran ng mga anghel. Kung malinaw sanang nakita ni Nephi ang hinaharap ng kanyang matwid na pamilya at mga kaibigan, tiyak na hindi niya gugustuhing isilang sa ibang panahon.

Mabuti na lang at nanatiling matwid si Nephi, nagturo nang buong tapang sa mga tao, nagsagawa ng malalaking himala, at nagpropesiya kasama ng propetang si Samuel tungkol sa nalalapit na pagdating ng Tagapagligtas. Ang Panginoon sa Kanyang sariling mga salita ay nangako na pagpapalain Niya si Nephi magpakailanman (tingnan sa Helaman 10–11; 16).

Bagaman nag-isip siya kung bakit isinilang siya sa kanyang panahon at lugar, nagtapos siya sa nakaaantig na mga salitang: "Masdan, . . . ito ang aking [panahon]" (Helaman 7:9).

Mahal kong mga kapatid, ito ang inyong panahon. Napili kayong mabuhay sa mga huling taon bago bumalik ang Tagapagligtas sa lupa. Hindi natin alam ang eksaktong araw o taon ng Kanyang pagparito, ngunit madali nating makikita ang mga tanda bago Siya pumarito.[1]

Isang araw, tulad ni Nephi na naunawaan ang kanyang mahalagang tungkulin sa paghahanda para sa pagdating ng Tagapagligtas sa mga Nephita, lilingunin at makikita natin ang maluwalhating pagpapalang napasaatin na mabuhay sa ating panahon habang inihahanda natin ang mundo sa pagbalik ng Tagapagligtas. Sa halip na magtuon sa mga hirap at balakid na kinakaharap natin, tingnan natin ang ating mahahalagang layunin at ang maluwalhating panahong darating. Ipahayag nating muli ang ang mga salita ni Nephi: "Ito ang aking [panahon]."

Dahil ito ang panahon ninyo, ano ang hinihiling sa inyo ng Panginoon? Una, taglayin ninyo sa inyong sarili ang pangalan ni Jesucristo. Matuto tungkol sa Kanya at sa Kanyang pagmamahal at di-masambit na kabutihan sa inyo at magpasiya na lagi ninyong susundin ang Kanyang mga utos. Sundin ninyo ang Tagapagligtas, ibigin ang Diyos, at paglingkuran ang mga nasa paligid ninyo. Lahat tayo ay maaaring magkaroon ng pribilehiyong mamuhay bilang mga disipulo ni Cristo, magabayan ng Kanyang Espiritu at mapasigla ang mga nasa paligid natin.

### Isang Sagradong Tungkulin

Ang ilang karanasan ay inilalaan para sa partikular na mga henerasyon. Gusto kong



magsalita tungkol sa isa sa inyong mga sagradong tungkulin na medyo naiiba sa anumang nakaraang henerasyon.

Iilang taon pa lang tayo nagkaroon ng mga templo sa iba't ibang dako ng mundo. Sa paglalaan ng Phoenix Arizona Temple noong Nobyembre 16, 2014, mayroon na tayo ngayong 144 na templong gumagana sa mundo. Noong bata pa ako, may 13 templo sa mundo.

Lumaki ang asawa kong si Sister Kathy Andersen sa estado ng Florida, USA. Noong siya ay limang taong gulang, dinala ng kanyang mga magulang ang kanilang pamilya sa templo para sama-sama silang mabuklod magpakailanman. Nagbiyahe sila nang anim na araw, 2,500 milya (4,023 km) sa Estados unidos patungo sa Salt Lake temple. Ngayon ay may 47 templo nang mas malapit sa kanyang tahanan sa Florida kaysa sa Salt Lake Temple.

Hinikayat ni Pangulong Thomas S. Monson ang mga kabataan ng Simbahan na pumunta sa mga templo nang madalas para magpabinyag para sa mga patay. Sabi niya: "Ngayon, mga kaibigan kong kabataan na mga tinedyer na ngayon, laging ituon ang inyong tingin sa templo. Huwag gumawa ng anumang hahadlang sa pagpasok ninyo sa mga pintuan nito at sa pagtanggap ng sagrado at walang hanggang mga pagpapala roon. Pinupuri ko kayo na regular na pumapasok sa templo para magsagawa ng mga binyag para sa mga patay, na gumigising nang maaga upang makabahagi kayo sa gayong mga binyag bago magsimula ang klase sa eskuwela. Wala akong maisip na mas mabuting paraan para simulan ang araw ninyo."[2]

Tumugon na kayo sa propeta ng Panginoon, at bawat taon milyun-milyon sa kabila ng tabing ang binibigyan ng pagkakataong tanggapin ang kanilang binyag. Walang henerasyong nabuhay sa mundong ito na nagkaroon ng gayon kalaking pribilehiyo na tulad ninyo nang pumasok kayo sa pintuan ng bahay ng Panginoon at tumulong sa kaligtasan ng mga taong naunang nabuhay sa inyo.

Tulad ng alam ninyo, may isang mahalagang *unang* hakbang na nagtutulot sa atin na isakatuparan ang sagradong gawain ng templo. Dapat nating saliksikin at hanapin ang mga miyembro ng ating pamilya na naunang nabuhay sa atin.

Nang unang bisitahin ni Moroni si Propetang Joseph Smith, sinabi niya kay Joseph na "ang mga puso ng mga anak ay magbabalik-loob sa kanilang mga ama" (D at T 2:2). Kalaunan ay ipinaliwanag ni Propetang Joseph na ang mga miyembro ng Simbahan ay magiging "mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion. . . . Subalit paano sila magiging mga tagapagligtas sa Bundok

*Sinabi ni Propetang Joseph Smith na ang gawaing ito ay gaya ng "kawing na nag-uugnay" sa mga pamilya sa bawat henerasyon (D at T 128:18).*





ng Sion?" tanong niya. "Sa pamamagitan ng pagtatayo ng kanilang mga templo . . . at sa pagtanggap ng lahat ng ordenansa . . . para sa kanilang mga ninuno na namatay, . . . at narito ang tanikalang nagbibigkis sa puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga anak sa mga ama."[3]

Tinukoy ni Propetang Joseph ang gawaing ito bilang "isang pag-uugnay" na nagkokonekta sa mga pamilya sa bawat henerasyon (D at T 128:18). Ang pisikal na pag-uugnay noong panahon ni Joseph ay nagawa sa pamamagitan ng pagpapalambot at pagtutunaw ng dalawang pirasong metal sa isang nagniningas na hurno, at pagdurugtong sa mga ito habang malambot pa, at hinahayaan itong lumamig at tumigas hanggang sa maging isang matibay na kawing. Ang kahalagahan ng matibay at espirituwal na pagkakaugnay na nagbibigkis sa ating lahat magpakailanman ay malinaw na nakasaad sa mga banal na kasulatan: "Tayo kung wala sila ay hindi magagawang ganap; ni sila kung wala tayo ay hindi magagawang ganap" (D at T 128:18).

Noong araw ang naghahanap ng pangalan ng mga kapamilya, nagdodokumento nito, at nagdadala nito sa templo ay ang nakatatandang mga miyembro lamang ng Simbahan. Bakit kaya? Dahil kailangan dito ang maraming oras at pagsisikap. Madalas itong magsimula sa malalaking rolyong naglalaman ng mga talaang naka-microfilm. Nangahulugan ito ng napakaingat na pagpansin sa mga petsa at lugar, makakapal na aklat ng kasaysayan na kakaunti, at kung minsan ay mga sementeryo sa liblib ng bayan.

Ang kakayahan nating hanapin ang ating mga ninuno sa Internet ay nangyari lamang nitong nakalipas na ilang taon, na may napakalaking pagsulong nitong nakaraang ilang buwan. Madaragdagan pa ito sa mga darating na buwan.

Dahil naging lubhang masigasig ang inyong henerasyon sa pagpunta sa templo, magiging mahusay kayo sa mga darating na buwan at taon sa paghahanap at pagdadala ng mga pangalan sa templo.

Gusto kong hamunin ang bawat isa sa inyo na magtakda ng mga personal na mithiing tumulong sa paghahanda ng maraming pangalan para mapabinyagan ninyo sa templo. (Para simulan ang hamon, bisitahin ang templechallenge.lds.org.) May nakakaantig sa pagsasaliksik sa mga taong nangangailangan ng mga ordenansa sa templo, makilala sila, at pagkatapos ay maging bahagi sa pagtanggap nila ng mga sagradong ordenansang ito. Sa ganitong paraan kayo nagiging "mga tagapagligtas



*Kapag nakita natin ang ating sarili sa pananaw ng ating pamilya, yaong mga naunang nabuhay sa atin at yaong mga taong sumunod sa atin, natatanto natin kung paano tayo naging bahagi ng isang kahanga-hangang ugnayang nagkokonekta sa ating lahat.*

sa Bundok ng Sion" (tingnan sa Obadias 1:21 at D at T 103:9). May kagalakan at kasiyahang nauunawaan lamang sa pamamagitan ng espirituwal na damdamin. Nakaugnay tayo sa ating mga ninuno magpakailanman.

Ang ilan sa ating mga pamilya ay nasa Simbahan na sa loob ng maraming henerasyon, at karamihan sa gawain sa templo para sa mga ninunong direktang pinagmulan natin ay nagawa na. Noong 2013, sa unang pagkakataon, nakita ko ang aking mga ninuno sa isang fan chart online, pati na ang aking lolo-sa-tuhod na si Niels Andersen, kung kanino isinunod ang aking pangalan, at aking kalolo-lolohang si Moroni Stocks, ang unang miyembro ng pamilya na isinunod ang pangalan sa isang propeta sa Aklat ni Mormon. Nakita ko ang mga retrato ng napakaraming miyembro ng aking pamilya online. Alam ba ninyo ang hitsura ng inyong kanunu-nunuan?

### Paghahanap sa Ating mga Pinsan

Kung ang chart ninyo ay hindi kasingkumpleto ng sa akin, ang unang responsibilidad ninyo ay punan ito hangga't kaya ninyo. Parami nang parami ang impormasyong makukuha bawat buwan.

Kung ang inyong chart ay kasingkumpleto ng sa akin, may napakahalagang bagay pa kayong gagawin. Walang katapusan ang gawaing ito. Hindi ito makukumpleto kahit makabalik na ang Tagapagligtas. Kapag mukhang kumpleto na ang chart namin, tinutulungan namin ang iba na mahanap ang mga kaanak nila at nakikita namin ang malalapit na kaanak ng mga nasa family tree namin. Ang tawag namin dito ay "paghahanap sa ating mga pinsan."

Paano natin hahanapin ang ating mga pinsan? Sa dalawang paraan.

Una, pumunta tayo sa ating chart, at makikita natin ang malalapit na kaanak ng ating mga kalola-lolahan o kalolo-lolohan. Halimbawa, puwede kong tingnan sa chart ko si Lola Frances Bowen Evans at tingnan pagkatapos ang mga pamilya ng mga kapatid ni Lola Evans. May lima siyang kapatid na babae at dalawang kapatid na lalaki. Sa ganitong paraan, matatagpuan ko ang mga pinsan ko.

Ang pangalawang paraan para makita ang ating mga pinsan ay tulungan ang mga nasa paligid natin. Magsisimula tayo sa espesyal na buklet na *My Family.* Kung bago ang inyong pamilya sa family history, punan ang buklet. O kung ang family tree ninyo ay kamukha ng sa akin, dalhin ang buklet sa isang bagong miyembro o sa isang taong hindi pa gaanong aktibo sa Simbahan na katulad ng inyong pamilya at tulungan silang

saliksikin ang kanilang pamilya. Sa paggawa nito, matutulungan ninyo silang dalhin ang iba sa templo. Sila ay mga kapatid ninyo, pero gusto rin naming tawagin silang "mga pinsan" ninyo.

Lahat tayo ay magkakapatid sa pamilya ng ating Ama. Ang sarili nating pamilya ay hindi basta-basta nagkakasama-sama. Sabi ni Pangulong Monson, "Nakatutuklas tayo ng ilang bagay tungkol sa ating sarili kapag nakikilala natin ang ating mga ninuno."[4]

Kapag nakita natin ang ating sarili sa pananaw ng ating pamilya, yaong mga naunang nabuhay sa atin at yaong mga taong sumunod sa atin, natatanto natin kung paano tayo naging bahagi ng isang kahanga-hangang ugnayang nagkokonekta sa ating lahat. Kapag sinaliksik natin sila at dinala ang kanilang mga pangalan sa templo, ibinibigay natin sa kanila ang isang bagay na hindi nila makukuha kung wala tayo. Sa paggawa nito, nakakonekta tayo sa kanila, at ang Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu ay pinagtitibay sa ating kaluluwa ang walang-hanggang kahalagahan ng ating ginagawa.

Sabi ni Pangulong Monson, "Alam ng mga nakauunawa sa walang hanggang mga pagpapalang nagmumula sa templo na walang sakripisyong napakalaki, walang kapalit na napakabigat, walang pagsisikap na napakahirap upang matanggap ang mga pagpapalang iyon."[5]

Idaragdag ko sa kanyang mga salita na ang mga pagpapala at kapangyarihang nagmumula sa kaitaasan ay naghihintay sa ating mga kapamilya na naunang pumanaw sa atin kapag tinanggap nila ang mga ordenansang ginagawa natin para sa kanila sa mga banal na templo. Tapos na ang buhay nila sa lupa, ngunit patuloy silang nabubuhay. Tayo ang nagiging "mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion" at nakabigkis tayo sa kanila magpakailanman.

Kayo ay isinilang sa panahon ng mga templo at teknolohiya. Ito ang panahon ninyo na mas lubos na ibaling ang inyong puso sa inyong mga ama.

Sa pag-aambag ninyo sa sagradong gawaing ito, mag-iibayo ang inyong kaalaman at pananampalataya sa Tagapagligtas at tatanggap kayo ng mas tiyak na patotoo na patuloy ang buhay sa kabilang tabing. Tatanggap kayo ng proteksyon laban sa mga tukso na nakapaligid sa inyo, at maihahanda ninyo ang inyong sarili at ang daigdig na inyong ginagalawan para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.

Alam ko na patuloy ang buhay sa kabila ng tabing. Pinatototohanan ko na si Jesus ang Cristo. Siya ang ating Tagapagligtas at Manunubos. Siya ay buhay. Ang Kanyang maluwalhating Pagbabayad-sala ay nagpapanatili sa mga ordenansang ito sa templo magpakailanman. ■

*Mula sa mensaheng, "Find Our Cousins," na ibinigay sa Family Day devotional para sa mga kabataan kasabay ng Roots Tech 2014 Family History Conference sa Salt Lake City, Utah, noong Peb. 8, 2014. Para malaman pa, bisitahin ang lds.org/go/Andersen215.*

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Paghahanda para sa Ikalawang Pagparito," *Liahona,* Mayo 2004, 7–10.
2. Thomas S. Monson, "Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2011, 93.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 555.
4. Thomas S. Monson, "Mga Di-Nagbabagong Katotohanan sa Pabagu-bagong Panahon," *Liahona,* Mayo 2005, 21.
5. Thomas S. Monson, "Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo," 92.

## PAGBUBUO NG INYONG FAMILY TREE

1. Gamitin ang FamilySearch.org at iba pang mga mapagkukunan ng impormasyon sa kasaysayan ng pamilya upang makita ang pangalan ng isa o mahigit pa sa sarili ninyong mga ninuno. Itala ang impormasyong iyon sa FamilySearch.org o sa buklet na My Family: Stories That Bring Us Together.
2. Isumite ang mga pangalang ito para sa mga ordenansa sa templo sa FamilySearch.org. Matutulungan kayo ng isang family history consultant sa inyong ward o branch.
3. Dalhin ang mga pangalang ito sa templo o ibahagi ang mga ito sa iba para maisagawa nila ang kailangang mga ordenansa. Kapag maaari, dumalo sa templo bilang isang pamilya.
4. Ibahagi ang kahusayan ninyo sa family history! Ituro sa iba kung paano sundin ang mga hakbang na ito.

# BAGO Matapos ANG ATING Paglalakbay



**Ni Richard M. Romney**
Mga Magasin ng Simbahan

Hindi ko na kailangang alalahanin kung saan ko matatagpuan ang aking 92-taong-gulang na ama, si Paul Romney, tuwing Linggo ng hapon. Siya ay nasa kanyang ward sa Salt Lake City, Utah, at naglilinis ng chapel. Mahigit isang oras niya itong ginagawa.

Nakahawak siya sa kanyang walker habang naglalakad sa gitna ng mga hanay ng upuan. Pagkatapos ay humahawak siya sa mahahabang upuan habang nagpapalipat-lipat ng hanay, pinupulot ang nakakalat na mga papel, inaayos ang mga himnaryo, at dinadampot ang cereal o breadcrumbs na nahulog sa karpet. Ginagawa niya ito tuwing Linggo, na may ilang eksepsyon, mula nang maorden siyang deacon noong 1934.

## Paghahanda sa Pagsamba

"Ginagawa ko ito para ipakita na mahal ko ang Panginoon," wika niya. "Ang pagkakaroon ng malinis na chapel ay tumutulong sa atin sa pagsamba sa Kanya."

Bilang deacon, natutuhan ni Paul Romney na kasama sa kanyang mga tungkulin ang pangalagaan ang mga temporal na pangangailangan ng ward. "Ang isang paraang naisip ko para magawa iyan ay maglinis pagkatapos ng mga miting," wika niya. "Kaya sinimulan kong gawin ito, at mula noon ay ginagawa ko na ito." Hindi ito opisyal na gawain o tungkulin, bagama't



***Ipinakita ni Paul Romney ang kanyang pagmamahal sa Panginoon sa pamamagitan ng paglilinis ng chapel.***



*Para sa mga taong nagtitiis na mabuti, lumalalim ang pananampalataya sa paglipas ng panahon.*

paminsan-minsan ay pumupunta siya sa araw ng Sabado upang tulungan ang iba na nakatalagang maglinis ng meetinghouse. Kung minsan ay tinutulungan siya ng kanyang mga anak. Ilang taon na ang nakararaan noong siya ay nasa bishopric, hinikayat niya ang mga deacon na makiisa.

Ngunit kadalasan hinihintay lang niyang matapos ang huling miting sa araw na iyon. At ngayon, nang walang anumang pagpapasikat, tumutulong siya sa maliit na paraan upang mapanatili ang bahay ng kaayusan. At tapat niya itong ginagawa, tuwing Linggo.

*Ipinakita sa akin ng halimbawa ng aking ama na anuman ang ating sitwasyon, lagi tayong makakakita ng paraan para makapaglingkod. Tinuruan ako nito ng pagpipitagan at paghahanda sa pagsamba. At nakatulong ito sa akin na makita na tayong lahat ay maraming matututuhan mula sa mga taong nauna sa atin sa kanilang paglalakbay sa buhay na ito.*

**Pagpapalitan ng mga Tungkuling Ginagampanan**

Natutuhan ko rin ang mga aral na iyon mula sa aking mga kapitbahay na di-kalayuan sa amin. Si Larry Morgan, 97, at ang kanyang asawang si Elizabeth, 94, ay matagumpay na nagampanan ang iba't ibang tungkulin sa buhay sa kanilang pagsasama: bilang mag-asawa, ama at ina, senior missionary companions sa Holland. Noong 72 anyos si Larry, tinawag siya bilang tagapayo sa bishopric. Noong panahong iyon may 79 na balo sa aming lugar, at dahil sa tungkuling iniatas ng bishop, binisita nina Larry at Elizabeth ang bawat isa sa kanila.

Sa loob ng mahigit 40 taon, tuwing Linggo ng ayuno, ang mga anak nina Larry at Elizabeth, at ngayon ay ang kanilang mga apo at apo-sa-tuhod, ay nagtitipon sa gabi para tapusin ang kanilang ayuno. "Gusto naming masayang magkasama-sama ang aming pamilya, at lahat ay mahilig kumain," sabi niya. "Marami kaming imbak na trigo, kaya naggigiling kami ng sarili naming harina at gumagawa ng waffles. Pagkatapos ay kumakain kami hanggang mabusog ang lahat." Ang simple at pinagsaluhang pagkaing iyon ay nakapagpadama ng walang-hanggang pagsasamasama ng pamilya.

Ngayon, ang mga anak at apo ang nagluluto. May dementia si Elizabeth ngunit alam niyang nariyan lang ang kanyang pamilya. Sa bawat taong naroon, paulit-ulit niyang sinasabing, "Mahal kita." Kapag naubos na ang pagkain at nakaalis na ang lahat, nasisiyahan siyang makinig sa malakas na pagbasa ni Larry ng mga banal na kasulatan at mga artikulo sa magasin ng Simbahan at napapanatag dahil alam niyang nariyan lang siya.

Mga dalawang taon na ang nakararaan, nahulog si Larry at napinsala ang kanyang gulugod. Dahil dito, hindi na siya makalakad. "Hindi ako



*Sina Larry at Elizabeth Morgan ay nagpakita ng patuloy na katapatan sa isa't isa.*





nagsasayang ng oras sa pagtatanong ng, 'Bakit ako?'" wika niya. "Tumanggap ako ng basbas ng priesthood. Sinabihan ako na makakalakad akong muli, kahit hindi sa buhay na ito. Dahil sa Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli, alam kong mangyayari ito. Nalaman ko nang ang ating Ama sa Langit ang namamahala sa lahat. Kapag tinanggap natin ang Kanyang kalooban, makakaasa tayo sa Kanyang tulong."

### Lumalawak na Pananaw

Nakilala ko si Merle Christensen sa unang pagkakataon sa isang bahay-kalinga sa Brigham City, Utah. Lola siya ng isang kaibigan ng aming pamilya, at magdiriwang na noon ng kanyang ika-101 kaarawan. Sa kanyang silid, nakaupo si Merle na napapaligiran ng mga souvenir na aklat at retrato. Dalawang retratong ibinahagi niya ang talagang hinangaan ko.


Ang una, na kinunan maraming taon na ang nakararaan, ay isang grupo ng mga estudyante sa seminary, kabilang na ang mga anak na babae ni Merle. "Nakaupo sila sa harapan kasama ang kanilang gurong si Boyd K. Packer," sabi ni Merle. "Talagang napakabata ng hitsura niya, pero mahusay siyang guro." Ngayon ay siya ang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Noong bata pa si Merle, nagkaroon siya ng polio. "Hindi madaling harapin iyon para sa isang tinedyer," sabi niya. "Kinailangang lumakas ang pananampalataya ko para makayanan ko iyon. Ngunit tinulungan ako ng Panginoon noon, at tinutulungan Niya ako ngayon." Ang mga taong nagkaroon ng polio sa kanilang kabataan ay madalas dumanas ng post-polio syndrome sa kanilang pagtanda, na nararamdaman ang mga sintomas na gaya ng panghihina ng kalamnan at pagkahapo. Ganyan si Merle.

Kapag napapagod siya, naaalala niya ang talata sa Alma 7:11–12 na nagsasabi kung paano "dadalhin [ng Tagapagligtas] sa kanyang sarili ang mga pasakit at ang mga sakit ng kanyang mga tao . . . upang malaman niya . . . kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan." Pagkatapos, sinabi niya, "nagtitiwala ka na alam ng Panginoon ang pinagdaraanan mo. Gawin ito araw-araw, manalangin, magsimba, at maging mabait sa iba. Ang maliliit na bagay ang tutulong sa iyo na malagpasan ito."



### ISANG PAMANA NG PAG-ASA



"Saanman kayo naroon sa landas para magmana ng kaloob na buhay na walang hanggan, may pagkakataon kayong ipakita sa maraming tao ang landas tungo sa mas malaking kaligayahan. Kapag ipinasiya ninyong gawin o sundin ang isang tipan sa Diyos, ipinapasiya ninyong mag-iwan ng pamana ng pag-asa sa mga taong maaaring sumunod sa inyong halimbawa."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Isang Walang-Katumbas na Pamana ng Pag-asa," *Liahona*, Mayo 2014, 22.**

***Si Merle Christensen ay nagagalak sa kaalaman na muli niyang makikita ang kanyang mga mahal sa buhay.***

Ang pangalawang retratong ipinakita sa akin ni Merle ay nasa isang scrapbook—isang retrato ng tatlo sa kanyang limang anak na babae. Lahat ng anak niya ay babae, at ang tatlo ay ipinanganak na triplets noong 1936, ang unang triplets na isinilang sa Brigham City. "Bihira ang nagkaka-anak ng triplets noon," sabi ni Merle. Hindi pa gaanong makabago ang medisina noon, at dalawa sa mga bata ang isinilang na may mga problema sa puso. Namatay si Sharon noong 1958 at si Diane noong 1972. Si Janice, na walang sakit sa puso, ay namatay sa kanser noong 1992.

"Mahal ko ang lahat ng anak ko, ang kanilang mga asawa, ang mga apo ko, at mga apo-sa-tuhod," sabi ni Merle. Ngunit nangungulila siya sa kanyang asawang si DeVere, na 26 na taon nang yumao, at sa kanyang triplets, na magiging 79 na taong gulang sana ngayong Abril.

Muli siyang nagbasa sa Alma: "At dadalhin niya sa kanyang sarili ang kamatayan, upang makalag niya ang mga gapos ng kamatayan na gumagapos sa kanyang mga tao" (Alma 7:12).

"Alam ko na nadaig ng Tagapagligtas ang kamatayan," sabi ni Merle. "Dahil diyan, alam ko na makikita kong muli ang asawa ko at ang triplets ko at ang buong pamilya ko." Ang paniniwalang iyan, sabi niya, ay lalong tumitindi araw-araw.

*Pumanaw si Sister Christensen noong Setyembre 2014, matapos maisulat ang artikulong ito.*



*Ginunita nina Lucette at Alph Passeraub ang buhay nila sa Simbahan.*

## Pamamasyal nang Magkasama

Sina Alph at Lucette Passeraub ng Lausanne, Switzerland, ay mahilig mamasyal nang magkasama. Ang isa sa mga paborito nilang puntahan ay ang baybayin ng Lake Geneva, kung saan mas mataas ang Alps kaysa sa inland sea. Dalawang taon na ang nakararaan sa isang gayong pamamasyal, ginugol ng mag-asawang Passeraub ang gabi sa paggunita sa nakaraan.

"Kahit noong binatilyo ako, naghahanap ako ng katotohanan," sabi ni Alph, edad 78. "Lagi kong sinasabi sa sarili ko, kung mayroong Diyos, dapat ay mayroon Siyang buhay na propeta sa mundo. Naiisip ko iyan palagi."

Nang magsimula na si Alph sa pag-aaral sa kolehiyo, hinikayat siya ng isang kaibigan na dumalo sa libreng English class na itinuturo ng mga LDS missionary. Pagkatapos ng isa sa mga klase, inanyayahan siya ng mga missionary sa simbahan.

"Noong una akong dumalo, ang Sunday School lesson ay tungkol sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo bilang tatlong magkakahiwalay na nilalang," paggunita ni Alph. "Sinabi ng guro na marami tayong nalalaman tungkol sa Diyos dahil sa mga turo ng isang makabagong propeta, si Joseph Smith, at na may mga buhay na propeta ngayon. Namangha ako. Pinag-uusapan nila ang matagal nang nasa puso ko." Hindi nagtagal ay sumapi siya sa Simbahan, "at araw-araw mula noon, nagagalak ako na may mga propeta sa lupa."

Si Lucette, edad 80, ay lumaki noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. "Kinailangan kong magtrabaho sa edad na 14 at hindi ako nakatapos ng pag-aaral kahit kailan," sabi niya. "Pero binigyan ako ng Simbahan ng mga pagkakataon na patuloy na matuto." Matapos maglingkod sa full-time mission, sinimulan niyang i-deyt si Alph. Ikinasal sila sa templo, nagkaroon ng pamilya, at ngayon ay ginugunita ang kanilang nakaraan kabilang na ang 14 na taon ni Lucette bilang ward Primary president, 32 taon ni Alph sa stake high council, regular na pagpunta sa templo, pagbisita sa mga anak at apo, at lagi-laging pasasalamat para sa katotohanang tinanggap nila noong mga bata pa sila.

"Mapalad kaming magkasama sa buhay," sabi ni Lucette. "At sa bawat hakbang, mas lumalakas ang aming pananampalataya."

*Marami akong natutuhan mula sa mga kaibigang ito na mas matanda sa akin. Tinuruan ako nina Larry at Elizabeth na makipagpalitan ng mga tungkuling ginagampanan sa buhay nang may dangal at tulong mula sa Panginoon. Ipinakita ni Merle na ang pananampalatayang magtiis hanggang wakas ay dapat isalig sa pananampalataya sa Tagapagligtas ngayon. At nagagalak ang mga Passeraub sa ebanghelyo araw-araw. Lahat ng iyon ay mga aral na magpapalakas sa akin bago matapos ang aking paglalakbay.* ■

# DOKTOR O ELDER?

Nang makatapos ako ng hayskul, alam kong kailangan kong maghintay ng di-kukulangin sa dalawang taon bago ako makapagmisyon. Nagpasiya akong simulan ang pag-aaral sa kolehiyo, at kinalkula ko na makakatapos ako sa pag-aaral ng medisina sa loob ng anim na taon kung seseryosohin ko ito. Ipinlano kong maglingkod sa full-time mission pagkatapos.

Nang makatapos ako ng medisina sa edad na 24, nagsimula ako ng clinical apprenticeship, na nagbigay ng dagdag na mga oportunidad sa propesyon ko. Sa panahong ito nahirapan akong magdesisyon: talaga bang dapat akong magmisyon, o dapat kong ituloy ang pagtatrabaho? Ang mga magulang ko, ang kuya ko (na kauuwi lang mula sa kanyang misyon), bishop ko, at isang tagapayo sa mission presidency sa aming lugar ay naghikayat sa aking lahat na magmisyon.

Naniwala ako na tama sila, ngunit mahirap ipagpaliban ang magandang oportunidad ko bilang doktor. Nagdasal ako at nag-ayuno para sa inspirasyon. Binasa ko rin ang aking patriarchal blessing, na nagrekomendang maglingkod ako sa full-time mission at tamuhin ko ang ipinangakong mga pagpapala bunga nito.

Isang araw, habang nakasakay ako ng bus pauwi mula sa aking apprenticeship, nakasabay ko ang stake patriarch. Sabay kaming bumaba at, ang nakakatuwa, nagsimula kaming maglakad sa iisang direksyon. Nakilala niya na miyembro ako ng Simbahan.

Habang sabay kaming naglalakad, tinanong niya ako kung ano ang balak kong gawin sa buhay. Ipinaliwanag ko na ako ay isang doktor at naguguluhan ako kung pipiliin kong magpatuloy sa trabaho o magmisyon. Sinabi niya sa akin sa matatag na tinig na maglingkod ako sa Panginoon sa pagpunta sa misyon, at idinagdag na pagpapalain ako bunga nito. Para sa akin, tila nagmula sa Panginoon ang sagot niya.

Agad pumasok sa isip ko ang sumusunod na talata, “Hanapin muna ninyo ang kaharian ng Diyos, at ang kanyang kabutihan; at ang lahat ng bagay na ito ay idaragdag sa inyo” (3 Nephi 13:33).

Natiyak ko na sinagot ako ng Panginoon. Wala nang anupamang pag-aatubili, nagpasiya akong isantabi muna ang aking propesyon at maglingkod sa full-time mission. Inisip ng mga kapwa ko doktor na malilimutan ko ang panggagamot matapos akong mapalayo nang dalawang taon. Pilit nila akong pinigilan, pero nanindigan ako sa aking desisyon.

Iniwan ko ang titulong “Dr.” at naglingkod ako nang dalawang taon sa Democratic Republic of Congo Kinshasa Mission.

Pagkaraan ng limang taon, inilista ko ang malalaking pagpapalang kasunod ng aking paglilingkod. Higit sa lahat, nakilala ko ang asawa ko—isang tapat na miyembro ng Simbahan at pinakamalaki kong kagalakan. Dalawa na ang anak namin sa ngayon. Ibinuklod ang aming pamilya para sa kawalang-hanggan. Sa loob ng templo nag-proxy kami sa pagsasagawa ng mga ordenansa para sa aming yumaong mga ninuno. May matatag akong trabaho, kaya ang aking pamilya ay nakakatayo sa sarili naming paa. Ilan lamang ito sa mga pagpapalang natanggap namin mula sa Panginoon.

Alam ko na kailanman ay hindi nagsisinungaling ang Ama sa Langit at tinutupad Niya ang lahat ng pangako Niya sa atin kalaunan kapag nagtiwala tayo sa Kanya at sinunod natin ang Kanyang mga kautusan. ■

**Mukandila Danny Kalala, Liberia**



Hinikayat ako ng lahat na magmisyon, ngunit mahirap ipagpaliban ang magandang oportunidad ko bilang doktor.

MGA PAGLALARAWAN NI BRADLEY H. CLARK

# NAKILALA KO ANG TAGAPAGLIGTAS

Sa unang taon ko sa hayskul, nangako akong basahin ang Bagong Tipan mula simula hanggang wakas. Pagkatapos ng klase at tuwing Sabado't Linggo, umaakyat ako sa itaas na palapag ng bahay namin at nagbabasa ng mga salita ng Tagapagligtas at ng Kanyang mga himala at buhay.

Kahit kadalasan ay hindi naunawaan ng murang isipan ko ang mga salita sa Biblia, nakilala ko si Jesucristo. Nalaman ko na Siya ang Anak ng Diyos at isinugo Siya upang magbayad-sala para sa ating mga kasalanan. Nalaman ko na Siya ay nakihalubilo, nakipag-usap sa mga tao, at binasbasan Niya ang mga karaniwan at mahihinang tao—mga taong katulad ko.

Kung minsan ay nalilito ako noon habang nagbabasa ng kumplikadong mga talata sa mga sulat ni Pablo at ni Juan sa aklat ng Apocalipsis, pero lagi kong nadarama ang katotohanan ng kanilang mga turo. Natulungan ako ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan sa mga panahong nahirapan ako sa paaralan at ginabayan ako sa paggawa ng mahahalagang desisyon.

Ilang taon kalaunan, habang naghahanda ako para sa misyon, tinanong ko ang sarili ko kung bakit ako talaga magmimisyon. Pakiramdam ko ay wala naman talagang kakaiba sa patotoo ko o tungkol sa akin. Inisip ko kung naghahanda lang ba akong magmisyon dahil obligasyon ko ito sa mga magulang at lider ko, na nagsumikap na ituro sa akin ang ebanghelyo. Inisip ko pa nga na baka mas makakabuti sa Panginoon kung hindi ako magmimisyon.

Isang araw habang binabasa ko ang Aklat ni Mormon, naantig ang puso ko sa mga sinabi ni Abinadi:

"Siya ay dadalhin, ipapako sa krus, at papatayin. . . .

"At sa gayon nalagot ng Diyos ang mga gapos ng kamatayan, nakamtan ang tagumpay sa kamatayan. . . .

"At ngayon sinasabi ko sa inyo, *sino ang magpapahayag ng kanyang salinlahi?*" (Mosias 15:7–8, 10; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Paulit-ulit kong binasa ang huling taludtod na iyon, na iniisip kung dati na ba iyong naroon. Sa pagbabasa ng Bagong Tipan, nalaman ko ang buhay ng Tagapagligtas at ang henerasyon ng mga taong kasama Niyang nabuhay noon. Ngunit ang mga tao sa henerasyon ng Tagapagligtas ay hindi mapupuntahan ang mga tao ngayon para magturo tungkol sa Kanyang pagmamahal, Kanyang Pagbabayad-Sala, at Kanyang Simbahan. Kaya paano ko pangangatwiranan ang *hindi* ko pagbabahagi ng aking patotoo tungkol sa Kanya?

Gusto ng Panginoon na ibahagi ko ang mabuting balita ng ebanghelyo na natanggap ko. Alam kong totoo ang ebanghelyo, at nais kong ibahagi ang mga katotohanang natutuhan ko sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan.

Hindi nagtagal matapos maranasan ito, umalis na ako para magmisyon. Ngayon ay masasabi ko na nagkaroon ako ng hangaring maglingkod dahil sa natutuhan ko tungkol sa Tagapagligtas noong bata pa akong estudyante na nagbabasa ng mga banal na kasulatan. ■

Brian Knox, Arizona, USA

Habang naghahanda ako para sa misyon, tinanong ko ang sarili ko kung bakit ako talaga magmimisyon.





Madaling natanggap ni Nieves ang ipinanumbalik na ebanghelyo, pero nang anyayahan namin siyang magpabinyag, nag-atubili siya.

# NAGPAPASALAMAT AKO PARA SA MGA PAA MO

Wala namang kakaiba sa mga paa ko, kaya medyo nagtaka ako nang sabihin ni Nieves, isang bagong binyag sa Bolivia, na nagpapasalamat siya para dito.

"Talagang nagpapasalamat ako para sa mga paa mo," lagi niyang sinasabi ilang linggo mula nang binyagan siya.

Madaling natanggap ni Nieves ang ipinanumbalik na ebanghelyo, pero nang anyayahan namin siyang magpabinyag, nag-atubili siya.

Ipinaliwanag niya na may sakit siya sa balat. Kapag nabasa ng malamig na tubig ang balat niya, parang isang libong karayom ang tumutusok sa mga butas ng kanyang balat. Dahil dito hindi niya magawa ang kahit simpleng gawain, tulad ng paghuhugas ng mga gulay o pagkukusot ng damit.

Ipinaliwanag namin na mapapainit ang tubig sa bautismuhan, at tiniyak namin kay Nieves na bibinyagan siya sa maligamgam na tubig. Sumaya ang kanyang mukha, at pinili niyang mabinyagan sa Araw ng Pasko. Sinabi namin ng kompanyon ko sa branch president ang sakit sa balat ni Nieves, at sinabi nito na paiinitin ang bautismuhan para sa oras ng binyag sa hapon.

Pero pagdating namin sa chapel para sa binyag, puno ng napakalamig na tubig ang bautismuhan! Ipinaliwanag ng nag-aalalang branch president na dahil sa di-pagkakaintindihan, matatagalang ihanda ang tubig.

Alam naming magkompanyon na gusto nang mabinyagan ni Nieves sa araw na iyon, at naniwala kami na iyon din ang gusto ng Panginoon. Nakakita kami ng bakanteng silid at ipinagdasal na tulungan Niya si Nieves na mabinyagan.

Napanatag kami matapos magdasal at nagpasiyang ituloy ang binyag. Maganda ang mga itinuro ng mga nagsalita bago ang binyag, pero bigla akong kinabahan nang marinig ko na, "Bibinyagan na ngayon ni Elder Nelson si Sister Nieves."

Sinikap kong itago ang pag-aalala ko habang maingat akong lumulusong sa napakalamig na tubig. Humawak sa kamay ko si Nieves at inilusong niya ang kanyang paa sa tubig. Inihanda ko ang sarili ko sa pinakamasamang puwedeng mangyari, pero hindi tumili o ngumiwi man lang sa sakit si Nieves. Kalmado siyang bumaba sa hagdan at ngumiti sa akin.

Pagkatapos ng panalangin sa binyag, inilubog ko siya sa malamig na tubig. Nang iangat ko siya, umahon siyang nakangisi. Napuspos ako ng pasasalamat. Para sa akin, ang kanyang binyag ay isang himala.

Nang huli kong makita si Nieves, may sinabi siya na nagpalis sa aking pagkalito kung bakit siya natutuwa sa mga paa ko. Sabi niya, "Labis akong nagpapasalamat para sa mga paa mo, na naglakad papunta sa pintuan ko at nagdala sa akin ng katotohanan."

Naiisip ko si Nieves at ang kanyang simpleng pananalig at pasasalamat tuwing maririnig ko ang mga salitang ito ni Isaias: "Anong pagkaganda sa mga bundok ng mga paa niyaong nagdadala ng mga mabuting balita, na naghahayag ng kapayapaan, na nangagdadala ng mga mabuting balita sa ikabubuti, na nagtatanyag ng kaligtasan, na nagsasabi sa Sion, Ang iyong Diyos ay naghahari!" (Isaias 52:7; tingnan din sa Mosias 12:21). ■

Nicholas Nelson, Texas, USA

# MGA BAKAS NG KATAPATAN

Matagal-tagal ko nang gustong kunan ng retrato ang Temple Square sa Salt Lake City—pati na ang reflection pool, mga bukal, at mga bangketa—na natatakpan ng sariwang niyebe na walang makikitang anumang mga bakas ng paa. Para makunan ng retrato ang sariwang niyebe na walang mga bakas ng paa, alam kong kailangan kong makarating sa Temple Square nang maaga kinabukasan kasunod ng magdamagang pag-ulan ng niyebe.

Isang gabi matapos mabalitang uulan ng niyebe sa buong magdamag, inihanda ko ang aking sarili. Dahil sinisimulang linisin ng mga nangangalaga sa bakuran ng Temple Square ang mga bangketa nang alas-5:00 n.u., nag-set ako ng alarm sa alas-3:00 n.u. at inihanda ko ang mga gamit ko.

Nagmaneho ako ng kotse sa maniyebeng kalsada kinabukasan, at nakarating ako sa Temple Square nang alas-4:15 n.u. habang umuulan pa ng niyebe. Pagkatapos ay umikot ako sa temple square, at naghanap ng paparadahan na madali akong makakakuha ng retrato.

Sa una kong pagdaan sa Temple Square, napansin ko na ang daanan papunta sa pasukan ng Salt Lake Temple ay natatakpan ng sariwang niyebe—walang anumang mga bakas ng paa! Alam ko na makakakuha ako ng perpektong retrato. Tuwang-tuwang umikot akong muli sa blokeng iyon para maghanap ng paparadahan.

Nang papunta na ako sa gawing silangan ng North Temple Street, akala ko makakakita ako ng paparadahan na malapit sa daanan. Gayunman, bago ko namalayan, wala na pala akong paparadahan at naroon akong muli malapit sa bangketa papunta sa pasukan ng templo.

Habang nakahinto sa red light, tumingin ako sa kanan sa sariwang niyebeng hindi pa natatapakan. Pagtingin ko sa kaliwa sa Conference Center, napansin ko ang isang matandang babaeng nakasuot ng damit-pangsimba, na nakapaling ang ulo sa bumabagsak na niyebe habang patungo siya sa templo.

"Naku," naisip ko. "Hindi ko na iyon makukunan ng retrato!"

Habang tumatawid ang babae sa harapan ko, lumingon ako at tumingin sa tatapakan niyang bangketa at nakita ko na naraanan na pala ito ng isa pang babae at paliko na ito sa pasukan ng templo. Pagkatapos ay minasdan ko ang babaeng naglalakad na ngayon sa daanan. May nakakapit na niyebe sa kanyang sapatos at bukung-bukong, at sinusundan niya ang mga bakas ng paa ng nauna, maingat ngunit sigurado ang paglakad niya sa daanan, papasok sa tarangkahan, at papunta sa pasukan ng templo.

Habang pinag-iisipan ko ang nakita ko, tiningnan ko ang orasan sa kotse ko: alas-4:20 n.u. Habang komportable akong nakaupo sa kotse at nakatingin sa mga bakas ng paa sa sariwang niyebe, napakumbaba ako sa katapatan ng dalawang babaeng iyon na magsasagawa ng kanilang nakatalagang mga tungkulin.

Umikot akong muli sa lugar na iyon, pumarada, kinuha ko ang aking kamera, at kinunan ng retrato ang mga bakas ng paa sa niyebe—isang mas magandang retrato kaysa una kong naisip. ■

**Randolph Shankula, Utah, USA**

Para makunan ng retrato ang sariwang niyebe na walang mga bakas ng paa, alam kong kailangan kong makarating sa Temple Square nang maaga kinabukasan.



# Pinagpala ng Araw ng Sabbath

Ni Emmaline R. Wilson

Ang pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath ay naging hamon kay Annabelle Hyatt nang kunin siya sa internship sa isang amusement-park company. Dahil laki sa Texas, USA, si Annabelle ay tinuruang sumamba, magpahinga, at maglingkod sa iba sa araw ng Sabbath. Ngunit nang lumipat siya sa Florida para simulan ang kanyang internship, kinailangan niyang magtrabaho tuwing Linggo.

Ikinuwento niya, "Noong una masigasig akong pumasok sa trabaho, tulad ng iba. Makalipas ang ilang linggo, napansin ko kung gaano ako kalungkot sa buong linggo dahil hindi ako nakakabahagi ng sakramento o nakakarinig ng inspiradong mga salitang kailangang-kailangan ko."

Isang araw humingi siya ng tulong sa panalangin at lakas-loob na kinausap ang kanyang supervisor tungkol sa hangarin niyang magsimba at hindi magtrabaho tuwing Linggo.

**Ang pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath ay talagang tungkol sa pagsunod, pag-uugali, at pagpili.**

Hindi naunawaan ng kanyang supervisor kung bakit napakahalaga niyon sa kanya. Ngunit nagpumilit si Annabelle. Tuwing makikita niya ang kanyang manager o scheduling supervisor, binabanggit niya na kailangan niyang mag-day off tuwing Linggo at handa siyang magtrabaho nang husto sa iba pang mga araw para magawa ito.

"Sa huli, himalang nangyari iyon!" sabi niya. "Ang mga day-off ko sa trabaho ay naging Sabado't Linggo, na imposible para sa isang intern na halos isang buwan pa lang sa trabaho. Ang pribilehiyong makakuha ng mga day-off sa Sabado't linggo ay karaniwang nakalaan sa mga nasa seniority."

Pinatotohanan niya ang mga pagpapala: "Nang maibalik ko ang positibong impluwensya ng pagsisimba sa buhay ko, nakita at nadama ko ang malaking kaibhan. Nang tanungin ng mga katrabaho ko kung bakit ako nagsisimba o bakit napakahalaga niyon, sinabi ko sa kanila na sumama sila sa akin. Sinimulan kong isamang magsimba ang ilan sa mga katrabaho ko. Alam ko nang walang pag-aalinlangan na sulit na panindigan ang ebanghelyo ni Jesucristo. Ang paggalang sa araw ng sabbath ay kailangan upang mapatnubayan ng Espiritu ang inyong buhay at maging mas mabuti kayong tao."

Si Annabelle, tulad ng maraming young adult, ay pinagpala nang



manatili siyang tapat sa pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath. Bagama't maaaring mahirap labanan ang pamimilit na magtrabaho o makibahagi sa mga aktibidad na karaniwan nating ginagawa sa buong linggo, ang pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath sa huli ay tungkol sa pagsunod, pag-uugali, at pagpili. Darating ang malalaking pagpapala. Pinatotohanan ng tatlong young adult na ito na tinutulungan ng Panginoon ang Kanyang mga anak na panatilihing banal ang Kanyang araw.

### Naglaan ng Paraan ang Panginoon

Nang lisanin ni Katrin Schulze ng Germany ang kanilang tahanan para magkolehiyo sa malayo, biglang sinubukan ang kanyang determinasyon na panatilihing banal ang araw ng Sabbath. "Itinuro ng mga magulang ko sa aming magkakapatid ang kahalagahan ng pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath," sabi niya. "Para sa amin, ibig sabihin niyan ay huwag magtrabaho, mamili, o maglaro sa araw ng Linggo. Wala akong maalalang anumang eksepsyon.

"Kinailangan sa kolehiyo ko na sumali ako sa isang seminar na laging ginaganap tuwing katapusan ng linggo—Sabado't Linggo. Nahirapan akong magdesisyon—kung hindi ako sasali, hindi ako makakatapos sa pag-aaral; sa kabilang banda, gusto kong sundin ang lahat ng utos ng Panginoon. Nang pag-aralan ko ang sitwasyon, natanto ko na hindi ito isang problema na kakayanin kong lutasing mag-isa. Nagsumamo ako sa Panginoon at hiniling kong ipakita Niya sa akin ang paraan para maging masunurin *at* makatapos sa aking pag-aaral. Napayapa ang aking kalooban matapos ang panalanging iyon.

"Habang papalapit ang petsa ng seminar, kinabahan ako pero nanatili akong tiwala na maghahanda Siya ng paraan. Isang araw nakatayo ako sa pisara kung saan nakalista ang iskedyul ng mga seminar. Karamihan ay Sabado't Linggo, pero may isang bahagi na nakaiskedyul nang mahigit tatlong araw, na hindi kasama ang Linggo. Natanto ko na tinutulungan ako ng Panginoon na panatilihing banal ang araw ng Sabbath. Hindi pa nagkaroon at hindi na muling nagkaroon ng seminar sa anumang araw kundi Linggo, ngunit sa taon na kailangang-kailangan ko iyon, ginawang posible iyon ng Panginoon para sa akin. Lubos ang pasasalamat ko na naglaan ng paraan ang Panginoon para masunod ko ang Kanyang mga utos."

### Maghandang Sumamba sa Araw ng Linggo

Si Katherine Wilkinson, mula sa Utah, ay madalas abutin ng hatinggabi sa labas tuwing Sabado. Ikinuwento niya na isang araw ng Sabado, "Naghapunan kami ng mga kaibigan ko sa labas, nanood ng sine, at nagkuwentuhan hanggang umaga. Siguro pasado alas-2:00 n.u. na ako nakatulog.

"Kinaumagahan ng Linggo, kumapa ako sa dilim para patayin ang alarm ko nang alas-7:30 n.u. pero dahil alas-8:30 n.u. pa naman nagsisimula ang simba, at inaantok pa ako kaya ini-reset ko ang alarm sa alas-8:00 n.u. Pagkagising ko, kinailangan kong magmadali para hindi ako mahuli. Pagkaraan ng dalawang-minutong paligo at walang almusal, nagmadali akong lumabas ng pintuan.

"Parang ang tagal ng simba. Antok na antok ako sa mga pulong. Binantayan ko ang oras, at nainip akong makauwi para makaidlip na ako sa bahay. Nang magsimula ang Sunday School, saka ko lang natanto, sa pagmamadali ko, na nalimutan ko ang mga banal na kasulatan at manwal ko."

Kalaunan nagpasiya si Katherine na gusto niyang magbago para masiyahan siya sa araw ng Sabbath at mapanatili niya itong banal. "Pinag-isipan ko ang pagsamba ko sa araw



### PAG-ALAALA KAY CRISTO SA ARAW NG SABBATH

"Ang Linggo ay araw para maghinay-hinay, tumigil sandali, at gumunita. Dumadalo tayo sa ating mga miting sa Simbahan; pinag-iisipan natin ang ating mga pagpapala, kalakasan, at pagkukulang; humihingi tayo ng tawad; nakikibahagi tayo ng sakramento; at pinagninilayan natin ang pagdurusa ng Tagapagligtas alang-alang sa atin. Sinisikap nating hindi magambala ng anumang bagay na hahadlang sa atin sa pagsamba sa Kanya. . . . Anumang aktibidad na ginagawa natin sa araw ng Sabbath ay dapat umayon sa Diwa ng pag-alaala kay Cristo. Kung may anumang bagay tayong ginagawa anumang oras sa araw ng Sabbath na inilalayo tayo sa pag-alaala sa Tagapagligtas at sa paglilingkod sa Sabbath na tulad ng gagawin Niya, marahil dapat nating pag-isipang muli ang ating ginagawa. . . .

Maglaan ng oras ngayon upang mapagplanuhang mabuti ang mga bagay na gagawin ninyo para talagang mapanatiling sagrado at banal ang araw ng Sabbath sa buhay ninyo. Pagkatapos ay kumilos ayon sa inyong plano."

**Larry M. Gibson, unang tagapayo sa Young Men general presidency, "Lagi Ko Talaga Siyang Naaalala,"** ***Liahona,*** **Ene. 2014, 56–57.**



ng Sabbath," sabi niya. "Tinanghali ako ng gising, nagmadali akong magsimba nang di-gaanong handa, nagtiis ako nang tatlong oras sa mga pulong (nang hindi nasisiyahan), at umuwi na para matulog. At hindi iyon ang unang pagkakataon na nagkagayon ang Linggo ko. Natanto ko na ipinagkakait ko sa aking sarili ang buong pagpapala ng pagsamba sa araw ng Sabbath, lalo na ang sakramento at ang ibinibigay nito sa akin.

"Higit pa sa pisikal na pagdalo sa mga pulong ng Simbahan ang paggalang sa Sabbath; nangangahulugan ito ng pagtutuon ng isipan at espiritu. Gusto kong gawin iyan. Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985), 'Ang Sabbath ay nangangailangan ng makabuluhang pag-iisip at pagkilos, at kung patamad-tamad ang isang tao at walang ginagawa sa araw ng Sabbath, hindi niya ito pinananatiling banal. Para mapanatili itong banal, luluhod ang isang tao sa panalangin, maghahanda ng mga lesson, mag-aaral ng ebanghelyo, magninilay, bibisita sa maysakit at nagdurusa, matutulog, magbabasa ng mga makabuluhang materyal, at dadalo sa lahat ng pulong sa araw na iyon kung saan siya inaasahan' (*The Miracle of Forgiveness* [1969], 96–97). Nang simulan kong magbago at igalang ang sagradong araw na ito, naramdaman ko ang mas malalaking pagpapala sa buhay ko." ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

## MGA TIP PARA MATAGUMPAY NA MAPANATILING BANAL ANG ARAW NG SABBATH

- Magsimba para sambahin ang Panginoon, magpanibago ng mga tipan, at patatagin ang inyong sarili at ang iba sa inyong ward o branch.
- Unahin ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa pamamagitan ng "pagpapakabusog sa salita ni Cristo" (2 Nephi 31:20).
- Gumawa ng isang bagay para sa inyong tungkulin. Kahit backup pianist "lang" kayo, maaari pa rin kayong magpraktis.
- Maglingkod sa isang taong di-aktibo sa pamamagitan ng home o visiting teaching. Kung wala pa kayong assignment, mapanalanging pumili ng isang taong mapapasigla ninyo at tumulong.
- Mag-ukol ng panahon na makausap ang pamilya at sama-samang gumawa ng mapitagan at makabuluhang mga aktibidad.
- Isipin ang *dahilan* ng inyong ginagawa: nakakatulong ba ito sa inyo na maglingkod sa Panginoon at gawin ang Kanyang gawain? Pinagkakaisa ba nito ang inyong pamilya o ward?
- Ipagdasal na gabayan kayo kung paano ninyo maigagalang ang Panginoon sa Kanyang araw.

# Matitibay na Sagwan, Matitibay na Patotoo sa French Polynesia

**Ni Mindy Anne Leavitt**
Mga Magasin ng Simbahan

**Natuklasan ng isang bata pang mag-asawa sa French Polynesia na ang ebanghelyo at ang paborito nilang isport ay magkatulad sa ilang bagay.**

Sa kalagitnaan ng Pacific Ocean naroroon ang 118 pulo na nalikha mula sa mga bulkan sa ilalim ng lupa o mga coral atoll. Tigib ng mga puno ng palma, itim na perlas, at bulaklak ng Tiaré, ang mga pulong ito ay tahanan ng mga 275,000 Tahitian (na karaniwang tawag sa mga naninirahan sa French Polynesia).


Si Gerry Huuti, 29-na-taong-gulang na miyembro, ay isa sa mga taong iyon. Gustung-gusto niya ang pambansang isport na *va'a,* o outrigger canoeing, na naging mahalagang bahagi ng kanyang buhay mula pa noong 16 anyos siya. Limang taon matapos siyang magsimulang mangarera, nakilala niya si Laydreane—isang kampeon sa pagsagwan at miyembro ng Simbahan. Salamat sa kanyang halimbawa, nabinyagan at nagmisyon si Gerry sa New Caledonia samantalang naglingkod naman si Laydreane sa Tahiti. Ikinasal sila anim na linggo pagkauwi ni Gerry.

Ngayon, makalipas ang ilang taon at may isa nang anak, sumasali pa rin si Gerry sa mga *va'a* tournament—ngunit sinusuportahan niya ang kanyang pamilya sa paggawa ng mga sagwan para sa mga *va'a* outrigger. "Ang negosyo ko ay katabi lang ng bahay ko," sabi niya. "Lumalabas ako at naghahanap ng mga kahoy na maputol at mapagdidikit para magawang mga sagwan." Parang simple, pero limang araw ang kailangan para magawa ang bawat isa sa magagandang sagwan na yari sa kahoy. At dahil may mga 20,000 mananagwan sa pulo ng Huutis' sa Tahiti, laging kailangan ang mga sagwan.

Bagama't kapwa abala sina Gerry at Laydreane sa mga tungkulin sa Simbahan, may oras pa rin silang magpunta sa templo. "Dahil sa pagdalo namin sa templo, mas tumibay ang pagsasama namin," sabi ni Gerry. "Pinagpapala rin ang negosyo namin. Ang pagbebenta ng mga sagwan nang mag-isa ay maaaring sapat, pero kung gagawin ninyo ito na kasama ang Panginoon, mas mainam." Ang banal na tulong ay mahalaga sa mga Huuti. Malakas din ang patotoo ni Gerry at ng kanyang asawa sa ikapu. "Hindi kami nag-alala kailanman na hindi kami pagpapalain ng Ama sa Langit," sabi ni Gerry. "Kung nagbabayad kayo ng ikapu, higit pa riyan ang matatanggap ninyo."

Para sa mga Huuti, ang *va'a* ay higit pa sa isang isport. Ang mga alituntunin ng dedikasyon at katapatan na kailangan para maging mahuhusay na mananagwan ay nakatulong kina Gerry at Laydreane na maging mas tapat sa ebanghelyo. "Sa *va'a,* lakas ng katawan ang mahalaga para sa marami," sabi ni Gerry, "pero hindi iyon ang pinakamahalaga. Mas mahalaga ang isipan—ang maging determinadong tapusin ang inyong laban. Kapag kailangan ninyong sumagwan nang apat-at-kalahating oras, masasabi ng katawan ninyo na hindi ninyo kaya iyon, pero sasabihin ng inyong isipan na kaya ninyo. Sa ebanghelyo, napakahalaga ng determinasyon. Kung minsa'y pinanghihinaan kayo ng loob, pero matutulungan kayo ng pananampalataya na magtagumpay sa pamamagitan ng pagsunod sa plano ng Diyos para sa inyong buhay. Lagi kayong may matututuhan mula sa *va'a* na angkop sa ebanghelyo." ■







## TUNGKOL PA RIN KAY GERRY

**Ano ang paborito mong tradisyonal na pagkaing Tahitian?**

*Kaku.* Ginagawa ito mula sa minasang breadfruit at binudburan ng gata ng niyog at *poisson cru* (hilaw na isda na specialty sa Tahiti).

**Ano ang libangan mo?**

Mahilig magpunta sa dagat ang aming pamilya, magpulot ng mga dahon, at maglaro nang sama-sama.

**Ano ang kulturang kakaiba sa French Polynesia?**

Ang pagsasayaw ng Tahitian ay bahagi ng kultura ng Polynesia. Ang taunang Heiva dance festival ay idinaraos na noon pang 1881.

## ANG SIMBAHAN SA FRENCH POLYNESIA

22,659 na Banal sa mga Huling Araw
8 stake
83 ward at branch
16 na family history center
1 mission
1 templo (Papeete)

## AYON SA BILANG

100 milyong US dollars na halaga ng mga itim na perlas ang ine-export taun-taon

Sakop ng French Polynesia ang 1,930,500 square miles (3,106,839 $km^2$) ng karagatan, ngunit 1,544 square miles lamang (2,485 $km^2$) ng lupain

79° F/26° C ang karaniwang temperatura; ang karaniwang temperatura ng tubig ay 80° F/27° C


13 letra sa alpabetong Tahitian

## IMPORMASYON TUNGKOL SA TAHITI

Kabisera: Papeete, sa pulo ng Tahiti
Mga Wika: French, Tahitian

# UMASA SA DIYOS SA BAWAT ARAW

*Sa paglalaan ng kakainin sa bawat araw, sinisikap ng Diyos na turuan tayong sumampalataya.*



**Ni Elder D. Todd Christofferson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Kasama sa Panalangin ng Panginoon ang pagsamong "Ibigay mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw" (Mateo 6:11) o "Ibigay mo sa amin araw-araw ang aming pang araw-araw na kakanin" (Lucas 11:3). Naniniwala ako na agad nating kikilalaning lahat na may mga pangangailangan tayo bawat araw na gusto nating ihingi ng tulong sa Ama sa Langit para matugunan. Para sa ilan, sa ilang pagkakataon, ito ay literal na pagkain—ibig sabihin, ang pagkaing kailangan para mabuhay sa araw na iyon. Maaari din itong maging espirituwal at pisikal na lakas para makayanan ang isa pang araw ng malubhang karamdaman o masakit at mabagal na paggaling. Sa ibang mga sitwasyon maaaring ito ay hindi mga pisikal na pangangailangan, tulad ng mga bagay na nauugnay sa mga obligasyon o aktibidad ng isang tao sa araw na iyon—pagtuturo ng isang aralin o isang pagsusulit, halimbawa.

Itinuro ni Jesus sa atin, na Kanyang mga disipulo, na dapat tayong umasa sa Diyos bawat araw para sa ating kakainin—sa tulong at ikabubuhay—na kailangan natin sa araw na iyon.

Ang paanyaya ng Panginoon na humingi sa ating Ama sa Langit ng ating kakainin sa araw-araw ay nagpapakita ng isang mapagmahal na Diyos, na nakakaalam maging sa kaliit-liitang pangangailangan ng Kanyang mga anak sa araw-araw at nasasabik na isa-isa silang tulungan. Sinabi Niya na makakahingi tayo nang may pananampalataya sa Nilalang na iyon "na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya" (Santiago 1:5). Iyan, mangyari pa, ay nagbibigay ng malaking kapanatagan, ngunit may isang bagay na mas mahalaga kaysa pagtulong na makaraos sa araw-araw. Sa paghahangad at pagtanggap natin ng espirituwal na pagkain sa araw-araw, lumalago ang ating pananampalataya at pagtitiwala sa Diyos at sa Kanyang Anak.

## Ang Pag-asa sa Diyos Araw-araw para sa Ating mga Pangangailangan ay Nagpapalakas ng Pananampalataya

Maaalala ninyo ang mahirap na paglalakbay ng mga lipi ni Israel mula Egipto at ang 40 taon sa ilang bago sila nakapasok sa kanilang lupang pangako. Kinailangang pakainin ang mahigit isang milyong taong ito. Tiyak na ang dami ng mga taong iyan sa isang lugar ay hindi mabubuhay nang matagal sa pangangaso, at ang paglipat-lipat nila ng tirahan ay hindi akma sa pagtatanim o pag-aalaga ng

LARAWANG KUHA NG © GAJUS/DOLLAR PHOTO CLUB

mga hayop na sapat ang dami. Nilutas ni Jehova ang problema sa pamamagitan ng mahimalang paglalaan ng kanilang kakainin sa araw-araw mula sa langit—ang manna. Sa pamamagitan ni Moises, inutusan ng Panginoon ang mga tao na mamulot ng sapat na manna sa bawat araw, maliban sa araw bago mag-Sabbath, kung kailan pupulot sila ng sasapat sa loob ng dalawang araw (tingnan sa Exodo 16:19–29).

Sa paglalaan ng kakainin sa bawat araw, sinikap ni Jehova na turuang sumampalataya ang isang bansa na sa nagdaang 400 taon ay naiwaglit ang pananampalataya ng kanilang mga ninuno. Itinuro Niya sa kanila na magtiwala sa Kanya, na "isaalang-alang [Siya] sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot" (D at T 6:36). Naglaan Siya ng sapat para sa bawat araw. Maliban sa ikaanim na araw, hindi sila maaaring mag-imbak ng manna para gamitin sa susunod na araw o mga araw. Ibig sabihin, ang mga anak ni Israel ay kinailangang umasa sa Kanya ngayon at magtiwala na magkakaloob Siya ng sapat na pagkain para bukas *sa* kinabukasan, at sa susunod pang mga araw. Sa gayong paraan hindi Siya malalayo nang husto sa kanilang puso't isipan kailanman.


### Magtiwala sa Panginoon—Ang mga Solusyon ay Maaaring Dumating sa Paglipas ng Panahon

Ilang panahon bago ako tinawag bilang General Authority, nagkaroon ako ng problema sa kabuhayan na tumagal nang ilang taon. May mga pagkakataon na naging banta

Sa paghahangad at pagtanggap natin ng espirituwal na pagkain sa araw-araw, lumalago ang ating pananampalataya at pagtitiwala sa Diyos at sa Kanyang Anak.



Ang paanyaya ng Panginoon na humingi sa ating Ama sa Langit ng ating kakainin sa araw-araw ay nagpapakita ng isang mapagmahal na Diyos, na nakakaalam maging sa kaliit-liitang pangangailangan ng Kanyang mga anak sa araw-araw at nasasabik na isa-isa silang tulungan.



ang hamong ito sa kapakanan ko at ng aking pamilya, at akala ko noon ay mauubos ang kabuhayan namin. Ipinagdasal kong magkaroon ng himala para makaraos kami. Bagaman maraming beses kong ipinagdasal iyon nang taos-puso at buong katapatan, ang sagot sa huli ay "Hindi." Sa huli ay natuto akong manalanging tulad ng Tagapagligtas: "Gayon ma'y huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo" (Lucas 22:42). Humingi ako ng tulong sa Panginoon sa bawat munting hakbang hanggang sa huling desisyon.

May mga pagkakataon na wala na akong mapagkunan, na wala na akong malapitan o mahingan ng tulong noon. Ilang beses akong lumuhod sa aking Ama sa Langit, at lumuluhang humingi ng tulong sa Kanya. At tinulungan nga Niya ako. Kung minsan ito ay panatag na pakiramdam lang, isang katiyakan na maaayos ang lahat. Maaaring hindi ko makita kung paano o ano ang landas na tatahakin, ngunit ipinaalam Niya sa akin, nang tuwiran o di-tuwiran, na gagawa Siya ng paraan. Maaaring magbago ang mga sitwasyon, makaisip ng bagong ideya na makakatulong, biglang magkaroon ng dagdag na kita o iba pang mapagkukunan sa tamang panahon. Kahit paano ay nagkaroon ng resolusyon.

Bagaman nahirapan ako noon, nagpapasalamat ako ngayon na walang agarang solusyon sa aking problema noon. Ang katotohanan na halos araw-araw akong napilitang humingi ng tulong sa Diyos sa napakatagal na panahon ay talagang nagturo sa akin kung paano manalangin at masagot ang mga dalangin at naturuan ako sa napakapraktikal na paraan na manampalataya sa Diyos. Nakilala ko ang aking Tagapagligtas at aking Ama sa Langit sa paraan at sa antas na hindi sana nangyari sa ibang paraan o mas matagal ko sanang nakamit. Nalaman ko na ang kakainin sa araw-araw ay napakahalaga. Natutuhan ko na ang manna ngayon ay maaaring magkatotoo na katulad ng manna sa kasaysayan sa Biblia. Natuto akong magtiwala sa Panginoon nang buong-puso. Natuto akong sumunod sa Kanya sa araw-araw.

### Lutasin ang mga Problema nang Paunti-unti sa Araw-araw

Ang paghingi ng ating kakainin sa araw-araw sa halip na lingguhan, buwanan, o taunan, ay isang paraan din para magtuon tayo sa mas maliliit at mas madaling lutasing problema. Upang malutas ang isang napakalaking problema, maaari nating kailanganing lutasin ito nang paunti-unti sa araw-araw. Kung minsan isang araw lang ang kaya natin (o bahagi lamang ng isang araw) sa isang pagkakataon. Narito ang isang halimbawang hindi nagmula sa banal na kasulatan.

Noong 1950s nakaraos ang aking ina sa operasyon sa kanser, na sinundan ng napakaraming masasakit na radiation treatment na halos maituturing na ngayon na makalumang panggagamot. Naalala niya na tinuruan siya ng kanyang ina ng isang bagay noong panahong iyon na nakatulong sa kanya simula noon: "Ang sama talaga ng pakiramdam ko at hinang-hina ako, at sinabi ko sa kanya isang araw, 'Hay, Inay, hindi ko na po kaya ang 16 pang radiation treatment.' Sabi niya, 'Kaya mo bang magpunta ngayon?' 'Opo.' 'Anak, iyan lang ang kailangan mong gawin ngayon.' Maraming beses itong nakatulong sa akin kapag naaalala ko na harapin ang bawat araw o bagay nang paisa-isa."

Sa paghiling ninyo sa panalangin ng kakainin sa araw-araw, pag-isipang mabuti ang inyong mga pangangailangan—kapwa ang wala sa inyo at ang kailangan ninyong protektahan. Sa paghiga ninyo, isipin ang mga tagumpay at kabiguan sa araw na iyon at kung ano ang mas makakapagpaganda ng bukas. At pasalamatan ang inyong Ama sa Langit para sa manna na inilagay Niya sa inyong daraanan na nagpalakas sa inyo sa maghapon. Ang mga pagninilay ay magpapaibayo ng inyong pananampalataya sa Kanya habang nakikita ninyo na tinutulungan Niya kayong tiisin ang ilang bagay at baguhin ang iba. Magagalak kayo sa isa pang araw, sa isa pang hakbang tungo sa buhay na walang hanggan.

## Si Jesucristo ang Tinapay ng Kabuhayan

Higit sa lahat, alalahanin na kasama natin Siya na isinagisag at isinisimbolo ng manna, ang mismong Tinapay ng Kabuhayan, ang Manunubos.

"[At] sa kanila'y sinabi ni Jesus, Ako ang tinapay ng kabuhayan: ang lumalapit sa akin ay hindi magugutom, at ang sumasampalataya sa akin kailan ma'y hindi mauuhaw. . . .

"Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sumasampalataya ay may buhay na walang hanggan.

"Ako ang tinapay ng kabuhayan" (Juan 6:35, 47–48).

Pinatototohanan ko na tunay na buhay ang Tinapay ng Kabuhayan na si Jesucristo, at na walang hanggan ang kapangyarihan at saklaw ng Kanyang Pagbabayad-sala. Sa huli, ang Kanyang Pagbabayad-sala at Kanyang biyaya ang ating pagkain sa araw-araw. Dapat natin Siyang hanapin araw-araw, gawin ang Kanyang kalooban bawat araw, upang tayo ay maging kaisa sa Kanya na tulad Niya sa Ama (tingnan sa Juan 17:20–23). Binabasbasan ko kayo upang kapag hinangad ninyo ito mula sa Kanya, ay ipagkaloob sa inyo ng inyong Ama sa Langit ang inyong kakainin sa araw-araw. ■

*Mula sa isang Church Educational System fireside na idinaos noong Enero 9, 2011.*





**Ni Elder Jorge F. Zeballos**
Ng Pitumpu

# PAGKAKAROON NG LAKAS sa Mabubuting Kaibigan

Isinilang at lumaki ako sa isang maliit na lungsod sa Chile. Noong 12 taong gulang ako, nakakita ako ng mga missionary sa unang pagkakataon, at naging interesado ako. Pagkatapos isang araw sinabi ng kaklase ko na naging miyembro na sila ng kanyang pamilya sa Simbahan. Inanyayahan niya ako, at dumalo ako sa lahat ng miting tuwing Linggo at aktibidad tuwing Martes sa loob ng ilang buwan.

Bago lang ang branch namin, at dahil dumadalo na ako halos sa simula pa lang, inakala ng lahat na miyembro ako. Pagkaraan ng anim na buwan sinabi ko sa isa sa mga missionary na hindi ako miyembro, dahil akala ko ay interesado lamang ang mga missionary sa mga pamilya.

Sinikap ng mga missionary na maturuan ang pamilya ko, pero hindi interesado ang mga magulang at kapatid ko. Inanyayahan nila akong magpabinyag, pero dahil 12 taon ako, kailangan ko ang pahintulot ng mga magulang ko. Akala ko sasabihin ng tatay ko na kailangan kong maghintay hanggang mag-18 anyos ako, pero sabi niya, "Nakita kong gumigising tuwing Linggo ng umaga ang anak ko samantalang ang mga kapatid niya ay tulog pa rin, nagdadamit siya nang napakaayos, at naglalakad papunta sa chapel. Kung magiging responsable ang anak ko sa desisyong ito, payag ako." Hindi ako makapaniwala. Para akong nasa langit nang sandaling iyon. Kaya't nabinyagan ako kinabukasan.

Ang pagiging miyembro ko ng Simbahan ay nagbigay ng espirituwal na pagpapala sa akin, mangyari pa. At

PAGLALARAWAN NI BETH JEPSON

*Ang pinipili ninyong mga kaibigan ay maaaring makaapekto nang malaki sa inyong buhay, tulad ng nagawa nito sa akin.*



nagbigay din ito sa akin ng ilang mabubuting kaibigan. Noong binyagan ako, ilang kabataang kaedad ko ang nagsimulang magsimba, at naging magkakabarkada kami. Sinimulan naming dumalo sa bawat miting at aktibidad nang sama-sama.

Noong 17 anyos ako, nilisan ko ang aking lungsod para magkolehiyo. Nagpasiya ang tatlo sa mga kaibigan ko na magkolehiyo rin sa lungsod na tinirhan ko, at nagsama-sama kami sa isang tirahan. Malaking tulong ito dahil masusuportahan at mapapangalagaan namin ang isa't isa. Hinikayat namin ang isa't isa na magsimba. Nagdaos din kaming apat ng home evening, at kung minsan ay ina-anyayahan namin ang iba pang mga estudyante na mga miyembro ng Simbahan. Sa mga taon na nag-aral kami sa unibersidad, pinalakas namin ang isa't isa.

Apatnapu't limang taon pagkaraan, matatalik na kaibigan ko pa rin ang mga kabataang lalaking iyon. Bagaman nakatira kami sa iba't ibang panig ng mundo, palagi kaming nakikipag-ugnayan sa isa't isa. Lahat kaming anim ay nagmisyon.

Kaya hinihikayat ko kayong magkaroon ng mabubuting kaibigan sa Simbahan sa inyong kabataan. Magtiwala sa kanila at tulungan sila. Ang isang mabuting kaibigan ay palaging handang tumulong sa inyo, iingatan ang pagtitiwala ninyo, at hindi kayo kailanman sasaktan. Hindi ko sinasabi na kailangang perpekto ang mga kaibigan ninyo, pero dapat nilang igalang ang inyong mga pamantayan at pinahahalagahan. Ang pagiging mabuting kaibigan ay hindi laging tungkol sa pagsasaya. Kailangan dito ang taos-pusong pagmamalasakit sa kapakanan ng inyong mga kaibigan at tapang na pagsabihan sila kapag mali ang kanilang ginagawa.

Hinahangaan ko kayong mga kabataan ng Simbahan. Malaki na ang ipinagbago ng panahon kumpara noong binatilyo pa ako. Napakasayang mabuhay sa panahong ito, ngunit mapanganib din. Upang mapagtagumpayan ito kailangan kayong "patuloy na humahawak nang mahigpit sa gabay na bakal" (1 Nephi 8:30) at sumusunod sa payo at mungkahi ng inyong mga magulang at pinuno ng Simbahan. Makakatulong sa inyo ang pagkakaroon ng mabubuting kaibigan para magawa ito.

Maaaring nadarama ng ilan sa inyo na nag-iisa kayo dahil kayo lang ang miyembro ng Simbahan sa inyong paaralan o klase. Ngunit hindi kayo nag-iisa. Itinuturing ng ating Panginoong Jesucristo at ng ating Ama sa Langit na mahalaga ang bawat isa sa inyo, at Sila ay sabik na tutulong sa inyo habambuhay. Susuportahan kayo ng mga tunay na kaibigan ninyo na mapalapit sa Kanila.

Sinasabi sa mga banal na kasulatan na "yaon ding lipunan na umiiral sa atin dito ang iiral sa atin doon [sa langit], lamang ito ay may kakabit na walang hanggang kaluwalhatian" (D at T 130:2). Nakikinita ko lang kung ano ang pakiramdam kapag nagkita tayo sa susunod na daigdig, napapaligiran ng kaluwalhatian, lubos na maligaya sa piling ng ating mga kaibigan at pamilya. Magiging napakasayang sandali niyan, at walang hanggan. ■





# *Kapag Pinanghinaan ng Loob ang* MABUBUTING KAIBIGAN



"Matalik kaming magkaibigan, at pareho kami ng mga pamantayan noon. Pero ngayon . . ."

Pamilyar ba iyan sa inyo? Lahat tayo ay nakaranas o nakakita na ng ganitong pangyayari—sisimulang gumawa ng mali ang isang mabuting kaibigan at uudyukan pa ang iba na sumama. Ang ilan sa mahihirap na tanong na maaari ninyong kaharapin ay "Dapat ko bang kausapin ang kaibigan ko tungkol sa ugaling ito?" at "Dapat ba akong tumigil sa pagsama sa kaibigan ko kung patuloy pa rin ang ugali niyang ito?"

Walang iisang sagot na akma sa bawat sitwasyon, kaya ang paghahanap ng solusyon ay mangangailangan ng pananalig at tapang para masunod ang payo sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan:* "Sa pagsisikap na makipagkaibigan sa iba, huwag ikompromiso ang inyong mga pamantayan. Kung inuudyukan kayo ng inyong mga kaibigan na gumawa ng masama, panindigan ang tama, kahit mag-isa lang kayong naninindigan. Maaaring kailanganin ninyong maghanap ng ibang kaibigan na tutulong sa inyo na masunod ang mga kautusan. Hingin ang patnubay ng Espiritu Santo sa paggawa ninyo ng mga pagpiling ito" ([2011], 16).

Narito ang dalawa lang sa mga halimbawa ng mga kabataan na nagkaroon ng mga kaibigang sinimulan silang udyukang tumahak sa maling landas.



*Kung ibinaba ng isang kaibigan ang dati'y mataas niyang mga pamantayan, ano ang dapat ninyong gawin?*

**Pag-iwas**

"Nagkaroon ako ng isang kaibigan na sinimulan akong udyukan na balewalain ang aking mga pamantayan, at nakinig ako noong una. Sa huli nagpasiya ako na ayaw ko na at hindi ko na siya hahayaang impluwensyahan pa ako. Ipinagdasal kong magkaroon ako ng lakas at patnubay, at dahil namuhay akong muli sa paraang alam kong nararapat, natanggap ko ang patnubay na hiniling ko. Sa huli ay tumigil na ako sa pagsama sa kanya, at sa nakalipas na mga buwan, lumakas nang husto ang aking patotoo. Ang sinasamahan ninyong mga kaibigan ay *talagang* nakakaapekto nang malaki sa kakayahan ninyong ipamuhay ang itinuturo ng ebanghelyo."


*Margaret Denise K., 17, Utah, USA*

**Manatiling Umaasa**

"Sa simula ng middle school, nakilala ko ang isa pang miyembro ng Simbahan na napakalakas ng espirituwalidad. Isa siyang Aaronic Priesthood holder at mukha namang isang mabuting halimbawa ng isang tao na ipinamumuhay ang ebanghelyo. Naging mabuti kaming magkaibigan at marami kaming napag-usapan tungkol sa Simbahan. Habang tumatanda kami, ang pagpapahalaga niya sa sarili at kakayahan niyang manindigan sa kanyang mga pamantayan ay nagsimulang manghina. Kahit magkaibigan pa rin kami, nakisama siya sa iba na hindi gaanong mabuti ang impluwensya. Madalas ko siyang marinig na magmura at magbiro tungkol sa mga bagay na imoral at iba pang mga bagay na hindi angkop. May ilan siyang kaibigang ateista at walang-pakundangang magsalita tungkol sa 'Mormonismo.' Kalaunan, nalulong siya sa pag-inom ng tsaa at nagkanobya sa edad na 13.

"Hindi ko alam ang gagawin. Ilang beses kong sinikap na sabihan siya sa magiliw na paraan na nag-aalala ako sa kanya, pero hindi niya ako pinansin. Hindi pa rin ako sumuko. Pinanindigan ko ang aking mga pamantayan at sinikap kong maging mabuting halimbawa sa kanya. Ayaw kong tumigil sa pakikipagkaibigan sa kanya, pero nang lumala na ang lahat, mukhang mas makakabuting gawin ko nga iyon. Sa huli, ilang beses akong lumuhod para ipagdasal na maging ligtas siya.

"Pagkatapos ay nagkatrabaho ang tatay niya sa ibang estado. Dahil dito nabuksan ang mga mata ng kaibigan



### ANG IMPLUWENSYA NG MGA KAIBIGAN

"Nakakatulong ang mga kaibigan sa pagtatakda ng inyong kinabukasan. Malamang na matulad kayo sa kanila at mapunta sa lugar na pinipili nilang puntahan. Tandaan, ang landas na tinatahak natin sa buhay na ito ay humahantong sa landas na tatahakin natin sa kabilang buhay. . . .

"Ang mga kaibigang pinipili ninyo ay maaaring makatulong o makahadlang sa inyong tagumpay."

**Pangulong Thomas S. Monson, "In Harm's Way," *Ensign*, Mayo 1998, 47.**

ko sa lahat ng nagawa niya. Lahat ng sinikap kong sabihin sa kanya sa loob ng tatlong taon ay bigla niyang naunawaan. Sa sumunod na ilang linggo, pinagsikapan niyang baguhin ang kanyang nakaraan hangga't kaya niya. Nang kausapin ko siya, pinasalamatan niya ako sa aking halimbawa at kahandaang huwag siyang isuko. Iyon ang pinakamasaya niyang sandali sa loob ng maraming taon at talagang naunawaan niya ang kahulugan ng maging Banal sa mga Huling Araw.

"Para sa sinumang kaibigang nagkakamali, palagay ko pinakamainam na paalalahanan siya sa kanyang mga ginagawa. Pero kung hindi siya nakikinig, tulad ng kaibigan ko, huwag sumuko. Baka ito ang panahon na talagang kakailanganin niya ang isang tunay na kaibigan. Panindigan ang inyong mga pamantayan, kahit tinutukso niya kayong balewalain ito. Ipagdasal siya. Alam ko na maaari kayong magkaroon ng lakas sa pamamagitan nito, at na hindi kayo mag-iisa sa inyong mga pagsisikap. Madaling manghina at maisip na wala tayong kaibigan kapag nanindigan tayo para sa kabutihan. Ngunit sa pamamagitan ng mahihina, gagawa ng makapangyarihang gawa ang Panginoon."

*Collin Z., 16, Wyoming, USA*

Muli, walang iisang sagot sa tanong na "Dapat ba akong tumigil sa pagsama sa kaibigan ko?" Ngunit isang bagay ang tiyak: laging manalangin para sa patnubay ng Espiritu at maging handang sundin ito. Dapat ninyong unahing magmalasakit. Magmalasakit sa espirituwal na kapakanan ninyo at ng inyong kaibigan. Magmalasakit sa halimbawa at impluwensyang ipinapakita ninyo sa inyong kaibigan. Magmalasakit sa impluwensya ng kaibigan ninyo sa inyo. At kapag nanalig kayo sa pangangalaga ng mapagmahal na Ama sa Langit, makikita ninyo ang mga sagot na hinahanap ninyo. ■





# ANG BAHAGING PARA SA ATIN

## MAGKASAMANG MINAMASDAN ANG TANAWIN AT ANG AKLAT NI MORMON

Habang naglilingkod ako bilang missionary sa isang munting bayan sa Wales, nagbabahay-bahay kami ng kompanyon ko sa isang kalye na tumutumbok sa isa sa maraming burol doon. Isang araw ng tag-init iyon. Nang marating namin ang tuktok ng burol, maganda ang tanawin, kaya't nagpasiya kaming magkompanyon na magpahinga muna sandali at masdan ang tanawin para makabawi ng lakas.



Habang kumukuha ako ng kahel sa backpack ko, nakita ko ang isang babaeng Intsik na paakyat ng burol. Hindi ko alam kung bakit, pero kinawayan ko siya. Masaya rin siyang kumaway at lumapit para umupo sa tabi namin. Nagsimula kaming mag-usap, at ipinaliwanag niya na umakyat siya sa burol para masdan ang tanawin dahil ipinapaalala nito sa kanya ang Diyos at ang pagmamahal Niya sa kanya. Sinabi rin niya na handa na siyang bumalik sa China nang alukin siya ng trabaho sa Wales. Tinanggap niya ito, naniniwala na inilaan ng Diyos ang trabahong ito at hindi niya alam ang dahilan.

Di-nagtagal pagkatapos ng unang pagkikitang ito, sinimulan namin siyang turuan sa tahanan ng isang bagong miyembro at maraming espirituwal na sandali kaming pinagsaluhan. Isa sa mga ito ang pinakaespesyal sa akin. Binigyan namin siya ng isang kopya ng Aklat ni Mormon sa wikang Chinese na may nakasulat na mga patotoo namin sa harapan. Napakalakas ng presensya ng Espiritu kaya napaiyak siya.

Hindi nagtagal, inilipat ako sa ibang lugar. Nakakalungkot na hindi ako puwedeng bumalik sa lugar na iyon para sa binyag niya, pero lagi akong palalakasin ng alaala ng unang pagkikita namin sa tuktok ng burol.

Jurek Bäder, Germany

## MAGKAKASAMA MAGPAKAILANMAN

"Mag-anak ay magsasama-sama sa plano ng Ama" ("Mag-Anak ay Magsasamang Walang Hanggan," *Himno,* blg. 188). Gustung-gusto ko ang awiting ito sa Primary, na nagtuturo na ang pamilya ay mabubuklod sa kawalang-hanggan. Nagdasal ako na magkatotoo ito sa aking pamilya, lalo na nang pumanaw ang tatay ko.

Kamakailan ay sinagot ng Panginoon ang panalangin ko. Ang nanay ko, dalawang kapatid kong lalaki, at ako ay nakabiyahe papuntang Manila Philippines Temple para mabuklod kami sa isa't isa at sa aking ama. Ito ang unang pagkakataon naming magkasama-sama sa templo, at naaalala ko pa ang kaligayahang nakita ko sa mga mata ng nanay at mga kapatid ko. Malaking kagalakan ang nadama namin doon.

Alam ko na ang templo ay bahay ng Panginoon at may wastong awtoridad ang mga nasa loob ng templo na magsagawa ng mga sagradong ordenansa. Lubos akong nagpapasalamat na sa pamamagitan ng mga ordenansang ito, makakasamang muli ng pamilya ko ang tatay ko. Mula nang makapunta kami sa templo, sinisikap naming mas mapatatag ang aming pamilya at magawa ang lahat ng makakaya namin upang matupad ang aming mga tipan para magkasama-sama kami magpakailanman.

Crisanto Coloma, Philippines





PAGLALARAWAN NI DAVID MALAN



MGA ARALING PANG-LINGGO

Paksa sa Buwang Ito: Ang Plano ng Kaligtasan

# *Ang Alam Natin tungkol sa* BUHAY BAGO TAYO ISINILANG

*Ang mahahalagang katotohanan tungkol sa buhay bago tayo pumarito sa lupa ay nagbibigay sa atin ng napakagagandang kaalaman.*

**Ni Norman W. Gardner**
Mga Seminary at Institute

Isang binata na nagpasiyang mag-asawa sa halip na magmisyon ang nahikayat na kumuha muna ng kanyang patriarchal blessing. “Nang binabasbasan siya, naunawaan niya kahit paano kung sino siya sa premortal na daigdig. Nakinita niya kung gaano siya katapang at kalakas sa paghihikayat sa iba na sundin si Cristo. Dahil alam niya kung sino talaga siya, paanong hindi siya magmimisyon?”[1] Isang halimbawa lamang ito kung paano makakagawa ng kaibhan para sa atin ang kaalaman tungkol sa buhay bago tayo isinilang.

Madaling sagutin ang tanong na “Ilang taon ka na?” Mga kaarawan ang sumusukat sa edad ng ating pisikal na katawan. Ngunit ang totoo, mas matanda pa tayo kaysa riyan. Bawat isa sa atin “ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit” na may “katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos.”[2] Bago nalikha ang ating espiritu, bawat isa sa atin ay nabuhay na bilang “katalinuhan,” na “walang simula, ni katapusan.”[3]

***Ang kaalaman na tayo ay mga walang-hanggang nilalang na may mga magulang sa langit ay nagpapabago sa ating buhay sa pamamagitan ng pagtulong sa atin na makita ang ating sarili at ating buhay sa isang tunay na walang-hanggang pananaw.***

Sa buhay bago tayo isinilang, tinuruan tayo ng mga aral na naghanda sa atin na tulungan ang Ama sa Langit na maisakatuparan ang kaligtasan ng Kanyang mga anak (tingnan sa D at T 138:56). May kalayaan din tayong tularan at sundin ang Diyos. Namukodtangi ang ilan sa mga anak ng Ama dahil sa kanilang “labis na pananampalataya at mabubuting gawa” at inorden sila noon pa man, o binigyan ng mga gawain, upang maglingkod sa partikular na mga paraan sa lupa (Alma 13:3). Ang pinakadakila sa mga sumunod sa Ama sa Langit noon ay ang Kanyang panganay na espiritung anak, si Jesucristo—o si Jehova, ayon sa pagkakakilala sa Kanya roon.

Ipinaliwanag ni Propetang Joseph Smith na noong tayo ay nasa daigdig bago tayo isinilang, naroon tayong lahat nang ipaliwanag ng Diyos Ama ang Kanyang plano para sa kaligtasan ng Kanyang mga anak. Nalaman natin na kakailanganin ang isang Tagapagligtas upang makayanan ang mga problemang dulot ng mga sitwasyon sa mortal na buhay na ito.[4]

Itinanong ng ating Ama sa Langit, “Sino ang isusugo ko [na maging Tagapagligtas]?” Sinabi ni Jesus, “Narito ako, isugo ako” (Abraham 3:27). Siya ang “Minamahal at Pinili [ng Ama] mula pa sa simula” (Moises 4:2) at nilayon Niya talagang gampanan ang tungkuling ito noon pa man. Ngunit sumabad si Lucifer at ibinoluntaryo ang kanyang sarili lakip ang mungkahing wawasak sana sa kalayaan ng tao at magtataas kay Lucifer nang higit pa sa trono ng Diyos (tingnan sa Moises 4:1–4). Sinabi ng Ama sa Langit, “Aking isusugo ang una” (Abraham 3:27). Naghimagsik si Lucifer at nakilala bilang si Satanas.

Ang pagtatalu-talo sa kalipunan ng mga espiritu ay nagsanhi ng digmaan sa langit. Ang ikatlong bahagi ng mga

LARAWAN © JUNEZ VOLMAGER/DOLLAR PHOTO CLUB

anak ng Diyos ay tumalikod sa Kanya at sumunod kay Satanas (tingnan sa D at T 29:36–37). Ang mga mapanghimagsik na espiritung ito ay pinagkaitan ng pisikal na katawan, ibinagsak sa lupa, at patuloy na nakikidigma sa mga Banal ng Diyos (tingnan sa D at T 76:25–29). Ang iba pang mga anak ng Diyos ay naghiyawan sa galak dahil makakaparito sila sa lupa at dahil si Jesucristo ang piniling dumaig sa kasalanan at kamatayan (tingnan sa Job 38:7).

Sa buhay bago tayo isinilang, nagtamo tayo ng kaalaman sa ebanghelyo, patotoo, at pananampalataya sa Tagapagligtas at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Ang mga bagay na ito ay naging mahalagang proteksyon at lakas sa digmaan sa langit. Nadaig ng mga sumunod sa Diyos si Satanas at ang kanyang mga anghel "dahil sa dugo ng Cordero, at dahil sa salita ng kanilang patotoo" (Apocalipsis 12:11). Kapag pinag-aralan natin ang ebanghelyo at nagkaroon tayo ng patotoo dito sa lupa, muli lamang nating nalalaman ang dati na nating alam at nadama sa buhay bago tayo isinilang.

***Ang kaalaman na piniling sundin ng lahat ng tao sa lupa ang Tagapagligtas sa buhay bago tayo isinilang ay nagpapabago sa ating buhay sa pamamagitan ng pagtulong sa atin kapag gumagawa tayo ng gawaing misyonero. Tulad ng sinabi ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Bawat anak ng Diyos sa buhay na ito ay pinili ang plano ng Tagapagligtas. Magtiwala na kung may pagkakataon, gagawin nila itong muli."[5]***

Tulad ng hindi natin maalala ang unang ilang taon ng ating buhay sa lupa, ang ating alaala tungkol sa buhay bago tayo isinilang ay hindi ibinigay sa atin. Kinailangan ito upang tulungan tayong matutong mamuhay sa pamamagitan ng pananampalataya at ihanda tayong maging katulad Niya. Ngunit makatitiyak tayo na kilala at minahal natin ang ating Ama sa Langit. Nangako si Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994) na, "walang higit na makakagulat sa atin kapag dumaan tayo sa tabing patungo sa kabilang-buhay kaysa sa malaman kung gaano natin kakilala ang ating Ama at kung gaano kapamilyar sa atin ang Kanyang mukha."[6]

***Ang kaalaman na kilala at mahal tayo ng Ama sa Langit ay nagpapabago sa ating buhay sa pamamagitan ng pagdarasal nang mas personal at taimtim.***

Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Walang kabuluhan ang buhay kapag hindi natin alam ang doktrina ng buhay bago tayo isinilang. . . . Kapag naunawaan natin ang doktrina ng buhay bago tayo isinilang, ang mga bagay-bagay ay magtutugma at magkakaroon ng kabuluhan."[7]

***Paano kayo napagpala ng inyong pag-unawa tungkol sa buhay bago tayo isinilang?*** ■

MGA TALA

1. Randall L. Ridd, "Ang Piling Henerasyon," *Liahona,* Mayo 2014, 57.
2. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 243; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 93:29.
4. Tingnan sa *Mga Turo: Joseph Smith,* 242.
5. Richard G. Scott, "Kayo'y Binigyan Ko ng Halimbawa," *Liahona,* Mayo 2014, 34.
6. Ezra Taft Benson, "Jesus Christ—Gifts and Expectations," *Ensign,* Dis. 1988, 6.
7. Boyd K. Packer, "The Mystery of Life," *Ensign,* Nob. 1983, 18.

## ANG ATING BUHAY BAGO TAYO ISINILANG

Narito ang ilang talata sa banal na kasulatan na nauugnay sa iba't ibang aspeto ng buhay bago tayo isinilang:

### Mga Espiritung Anak
Mga Taga Roma 8:16–17
Doktrina at mga Tipan 93:23, 29, 33–34
Abraham 3:22–23

### Pagkaorden Noon Pa Man
Jeremias 1:5
Alma 13:3
Doktrina at mga Tipan 138:55–56

### Jesucristo—Panganay
Juan 1:1–2; 8:56–58; 17:5
I Ni Pedro 1:19–20
Doktrina at mga Tipan 93:7, 21

### Kapulungan sa Langit
Doktrina at mga Tipan 121:32
Moises 4:1–4
Abraham 3:24–28

### Digmaan sa Langit
Apocalipsis 12:4, 7–11
Doktrina at mga Tipan 29:36–37
Doktrina at mga Tipan 76:25–29

# "Pumanaw ang isang mahal kong kaibigan kamakailan. Paano ko makakayanan ang dalamhati?"


Ang pagpanaw ng isang kaibigan ay isa sa pinakamahihirap na pagsubok na mararanasan mo. Natural lang na magdalamhati kapag namatayan. Nalulungkot ka dahil mahal mo ang kaibigan mo. "Kayo ay mamuhay nang magkakasama sa pagibig, kaya nga tatangisan ninyo ang pagkawala ng mga yaong namatay" (D at T 42:45).

Kabilang sa ilan sa mahihirap na damdaming pagdaraanan habang nagdadalamhati ang lungkot, galit, kawalang-pag-asa, pagod, pagkawala ng interes sa mga aktibidad, at labis na paghihinagpis. Ngunit kasabay nito, ang mga nagdadalamhati ay kadalasang nakadarama ng kapanatagan kapag hinanap nila ang Panginoon at lumapit sa Kanya; tinatanggap nila ang Kanyang pangako: "Mapapalad silang lahat na nahahapis sapagkat sila ay aaliwin" (3 Nephi 12:4). Ang dalamhati ay masakit, ngunit nagpapahilom din ito.

Habang pinapayapa mo ang iyong damdamin, sikaping magtuon sa positibo. Pahalagahan ang magagandang alaala ninyo ng kaibigan mo. Ipagdasal na madama mo ang kapayapaan at pagaliw ng Tagapagligtas. Maghanap ng pag-asa sa pagmamahal, kabutihan, at plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit.

Ang pagdadalamhati ay hindi nangangahulugan na wala kang pananalig. Nagsalita si Pangulong Thomas S. Monson sa pangkalahatang kumperensya tungkol sa pagpanaw ng kanyang asawa. Sabi niya, "Hindi sapat na sabihing nangungulila ako sa kanya para maipahayag ang tunay kong damdamin." Pagkatapos ay nagsalita siya tungkol sa mga pagsubok at sinabi: "Alam natin na may mga pagkakataon na daranas tayo ng sama ng loob, dalamhati, at susubukan tayo kung hanggang saan ang ating pananampalataya. Gayunman, ang gayong mga paghihirap ang nagtutulot para tayo'y magpakabuti, ayusin ang ating buhay sa paraang itinuro sa atin ng ating Ama sa Langit" ("Hindi Kita Iiwan ni Pababayaan," *Liahona,* Nob. 2013, 85, 87).

Sa anong mga paraan maaaring magbigay ng inspirasyon sa iyo ang pagpanaw ng kaibigan mo para magpakabuti ka pa?



### Samahan ng Pananalig ang Dalamhati

Hindi masamang magdalamhati. (Gayunman, maaari itong makasama kung lagi kang malungkot.) Ang pinakamagandang paraan para makayanan ang hirap ng mawalan ng mahal sa buhay ay ang samahan ng pananalig ang dalamhati. Isipin mo ngayon ang kaibigan mo, na nasa daigdig ng mga espiritu, at kung ano kaya ang ginagawa niya. Mahal ka niya at gusto niyang lumigaya ka. Ang pagkatuto tungkol sa daigdig ng mga espiritu ay magdaragdag sa pag-unawa mo sa plano ng kaligtasan at maghahatid ng kapayapaan, pag-asa, at pananampalataya. Huwag kalimutang humingi ng tulong sa Ama sa Langit sa panalangin. Alam ng Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na si Jesucristo ang tunay mong nadarama at tutulungan ka kung taos-puso kang hihiling.

*Mary G., edad 14, Virginia, USA*



### Humanap ng Tulong sa mga Banal na Kasulatan

Isang mabuting kaibigan ko ang namatay kamakailan sa isang kalunus-lunos na aksidente sa sasakyan. Napanatag ako nang lumapit ako kay Cristo. Kinailangan kong magkaroon ng patotoo tungkol sa pagmamahal ni Cristo sa bawat isa sa atin; kinailangan kong maunawaan kung sino tayo bilang mga anak ng Diyos; at higit sa lahat kinailangan kong maunawaan ang plano at kalooban ng Diyos para sa Kanyang mga anak. Nang bumaling ako sa Kanya sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, simbahan, at



*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

mga materyal ng Simbahan, natamo ko ang patotoong iyan at napayapa ako at napanatag. Nakatulong nang malaki ang aralin para sa mga kabataan na pinamagatang "Paano ako makadarama ng kapanatagan kapag namatay ang isang taong mahal ko?" Lahat ng banal na kasulatan, artikulo, at video na may kaugnayan sa araling ito ay napakaganda at nagpabago ng buhay ko.

*Madilin N., edad 18, Iowa, USA*

### Maging Masaya para sa Kaibigan Mo

Kapag nawawalan ako ng mahal sa buhay, sinisikap kong alalahanin na may plano ang ating Ama sa Langit para sa kanila at na makikita ko silang muli. Maaari tayong maging masaya para sa kanila dahil hindi na nila mararanasan pa ang mga paghihirap sa buhay na ito. Masakit ang hindi na sila makasama sa buhay, pero maaari nating asaming makasama silang muli.

*Ariadna T., edad 19, Mexico City, Mexico*



### Mahal ng Diyos ang Kaibigan Mo

Kahit mahirap para sa iyo ang magdalamhati, ang plano ng kaligtasan ng ating Ama sa Langit ay makakaaliw sa iyo sa pamamagitan ng Espiritu Santo na balang-araw ay makikita mong muli ang kaibigan mo. At tandaan na ang buhay dito sa lupa ay napakaikli lang para tayo mapatunayan at masubukan. May inilalaang lugar ang ating Ama sa Langit para sa kaibigan mo. Mahal ng Diyos ang Kanyang mga anak.

*Marvin S., edad 16, Metro Manila, Philippines*



### TUNGKOL SA PAGPAPAKAMATAY

Itinuro ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol na:


"Ang pagkitil ng sariling buhay ay tunay na isang trahedya dahil nag-iiwan ang gawaing ito ng napakaraming biktima: una ang taong namatay, pangalawa ang maraming iba pa—pamilya at mga kaibigan—na mga naulila, at ang ilan ay matagal na dumaranas ng matinding sakit at ligalig. . . .

"Mangyari pa, hindi natin alam ang buong dahilan sa bawat pagpapakamatay. Tanging ang Panginoon lamang ang nakaaalam ng mga detalye, at siya ang hahatol sa lahat ng ginawa natin dito sa lupa.

"Kapag hahatulan niya tayo, naniniwala akong isasaalang-alang niya ang lahat ng bagay: ang ating mga namanang katangian at pag-uugali, ang kalagayan ng ating pag-iisip, ang ating katalinuhan, ang mga turo na tinanggap natin, ang mga kaugalian ng ating mga ninuno, ang ating kalusugan, at iba pa. . . .

"Ang pagpapakamatay ay kasalanan—napakabigat na kasalanan, subalit hindi hahatulan ng Panginoon ang taong nakagawa ng kasalanang iyan batay lamang sa ginawang iyan. Titingnan ng Panginoon ang mga sitwasyon ng taong iyon at ang laki ng kanyang pananagutan sa panahon na ginawa ang pagpapakamatay."

**Mula sa "Suicide: Some Things We Know, and Some We Do Not,"** ***Liahona,*** **Mar. 1988, 17, 18.**



### ANG KAMATAYAN AY BAHAGI NG PLANO NG DIYOS

"Nahirapan akong mabuhay sa mundo at makitang kinukuha sa amin ang mga kabataang ito na sinandigan at naging aliw namin sa kanilang kasibulan. Oo, mahirap tanggapin ang mga bagay na ito. Kung minsan ay nadarama ko na mas mabuting mamatay na rin ako kung loloobin ng Diyos; ngunit alam ko na dapat tayong maging payapa at tanggapin na ito ay sa Diyos, at tanggapin ang Kanyang kalooban; tama ang lahat ng ito."

**Propetang Joseph Smith,** ***Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith*** **(2007), 207–08.**

## SUSUNOD NA TANONG

"Iniisip ng ilan sa mga kaibigan ko na pagsasayang ng oras ang pagsisimba. Paano ko maipapakita sa kanila na maaari itong maging isang malaking pagpapala?"

Ipadala ang iyong sagot at, kung nais mo, isang retrato na high-resolution bago sumapit ang Marso 15, 2015, sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo (tingnan ang address sa pahina 3).

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang edad 18, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.



# NANGUNGULILA KAMI KAY SOFÍA

*Nasa dilim at nahihirapan, ipinagdasal ko ang kaligtasan ng ate ko.*

**Ni Fernando Peralta**

Noong 2012 nakatapos ako ng seminary at high school, at nabuksan ang isang bagong mundo sa buhay ko. Maganda ang simula ng taon, lalo na sa multistake youth camp. Nadama ko na pinagpapala at pinoprotektahan ako ng aking Ama sa Langit.

Ilang taon bago iyon, nagpasiya akong maglingkod sa full-time mission, kaya noong 2012 nagplano akong ipunin ang lahat ng perang kaya kong ipunin. Salamat sa ate kong si Sofía, agad akong nakakita ng trabaho sa kumpanyang pinagtatrabahuhan niya. Noong Pebrero 22, nagtren kami ni Sofía papasok sa trabaho. Maganda ang araw na iyon, pero pagdating namin sa destinasyon, nakarinig ako ng malakas na ingay, at pagkatapos ay dumilim ang lahat.

Nang magising ako, nasasaktan ako at nalilito. Magwawakas na ba ang buhay ko sa lupa? Gusto ko talagang mabuhay pa at maranasan ang ilang bagay, tulad ng pagmimisyon at pagpapamilya. Kaya nagdasal ako, na hinihiling sa Ama sa Langit na bigyan ako ng pagkakataong mabuhay at maglingkod sa misyon.

Habang nakahiga sa salasalabid at wasak na tren, hinanap ko ang kapatid ko, pero hindi ko siya makita. Sa wakas ay narinig ko ang mga bumbero na hinihiling sa lahat na huminahon, at nakadama ako ng pag-asa. Ipinagdasal ko ang kaligtasan ng ate ko dahil hindi ko alam kung nasaan siya. Habang nagdarasal ako, nakadama ako ng malaking kapayapaan. Kinailangan kong lumaban para matiis ko ang sakit na nadama ko, pero binigyan ako ng Ama sa Langit ng lakas na kailangan.

Pagkaraan ng isang oras ay nasagip ako. Nadama kong kasama ko ang Panginoon sa oras na iyon. Nang dalhin ako sa ospital para maoperahan sa binti, hindi ko mapigil na isipin ang ate ko at ang kalagayan niya. Ngunit tuwing maiisip ko siya, nakadarama ako ng kapayapaan.

Kinabukasan ipinaalam sa akin ng mga magulang ko na hindi nakaligtas si Sofía sa aksidente. Labis akong nasaktan sa balitang iyon. Ngunit kasabay nito, nakadama ako ng kapanatagan at pasasalamat sa mga sagradong tipan na ginawa ng mga magulang ko sa templo at nabuklod ang aming pamilya hanggang sa kawalang-hanggan.

Nang makauwi ako mula sa ospital, pinagpala ng Panginoon ang aking pamilya sa pamamagitan ng aming mga kaibigan at kamag-anak, na aming mga anghel, at binigyan kami ng kapanatagan. Lagi kong pasasalamatan iyan. Salamat sa kapangyarihan ng priesthood, nakalakad akong muli nang mas mabilis kaysa inaasahan. Nakalakad ako nang normal makalipas lang ang ilang buwan.


Maganda ang ebanghelyo saan man ninyo ito tingnan. Nagpapasalamat ako para sa mga templo at ordenansa sa templo. Alam ko na may sagradong bagay na inihanda ang Panginoon para sa kapatid ko. Hindi madaling mabuhay nang wala siya, at hindi magiging madali iyon kailanman, ngunit ang katiyakan at kapayapaang nadarama namin ay mas matindi kaysa sakit na nadama namin sa kanyang pagpanaw. Nangungulila kami kay Sofía nang buong puso at naaalala namin siya araw-araw. Sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol na ang langit kung wala ang inyong pamilya ay hindi talaga magiging langit (tingnan sa *Between Heaven and Earth* [DVD, 2005]), at pinatototohanan ko na iyan ay totoo.

Mahal tayo ng Diyos, at hindi Niya tayo pinababayaan kailanman. Sabi sa Isaias 54:10, "Ang aking kagandahang-loob ay hindi hihiwalay sa iyo, o ang akin mang tipan ng kapayapaan ay maalis, sabi ng Panginoon na naaawa sa iyo." ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Buenos Aires, Argentina.*

*Para magpadala ng feedback tungkol sa* Liahona, *mag-email sa liahona@ldschurch.org.*

PAGLALARAWAN NI BRANDON DORMAN




# “HUWAG MAGPADALA SA KASINUNGALINGAN NI SATANAS NA WALA KAYONG ORAS NA

## PAG-ARALAN ANG MGA BANAL NG KASULATAN.

Magpasiyang gumugol ng oras na pag-aralan ito. Ang pagpapakabusog sa salita ng Diyos bawat araw ay mas mahalaga kaysa pagtulog, pag-aaral, pagtatrabaho, mga palabas sa telebisyon, video games, o social media. Maaari ninyong kailanganin na muling ayusin ang inyong mga prayoridad para makapaglaan ng oras sa pag-aaral ng salita ng Diyos. Kung gayon, gawin ito!”

**Elder Richard G. Scott**
**Ng Korum ng Labindalawang Apostol**
**“Unahin Ninyong Manampalataya,”**
***Liahona*, Nob. 2014, 93.**



# Mga Liham mula kay Lola Whittle

**Elder Richard G. Scott**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Noong bata pa si Elder Richard G. Scott, hindi miyembro ng Simbahan ang kanyang ama. Miyembro ang kanyang ina, pero hindi madalas magsimba. Nang mag-walong taong gulang na si Richard, hindi siya nabinyagan. Pagkatapos ay bumisita ang kanyang Lola Whittle.

Si Lola Whittle ay isang napakabuting halimbawa. Tinulungan niya si Richard at ang kanyang mga kapatid na malaman kung gaano kahalaga ang magpabinyag at magsimba. Hindi nagtagal ay nabinyagan si Richard at ang kuya niya.

Tuwing maaatasang magsalita sa simbahan si Richard, tinatawagan niya si Lola Whittle para humingi ng ideya. Agad siyang nakakatanggap ng liham sa koreo na may mensaheng isinulat ng kanyang lola para sa kanya. Nang medyo malaki na siya, pinadadalhan na lang siya ni Lola Whittle ng isang outline na may mga ideya para tulungan siyang magsulat ng kanyang sariling mensahe. Alam ni Richard na mahal siya ni Lola Whittle at mahal din nito ang ebanghelyo.

Sa kolehiyo nakilala ni Richard ang isa pang mabuting halimbawa. Ang pangalan niya ay Jeanene. Isang gabi ay sinabi nito sa kanya, "Kapag nag-asawa ako, ikakasal ako sa templo sa isang tapat na returned missionary." Nagpasiya si Richard na ipagdasal ang tungkol sa pagmimisyon. Hindi nagtagal pareho silang umalis ni Jeanene papunta sa misyon. Nang makauwi na sila, ikinasal sina Richard at Jeanene sa Manti Utah Temple. ■













# Ikaw Naman

**Ni Bishop**
**Gary E. Stevenson**
Presiding Bishop



Noong nakaraang taon, pinanood ng mga tao sa buong mundo ang mga atleta mula sa 89 na bansa na nakipagpaligsahan sa 2014 Olympic Winter Games sa Sochi, Russia. Sampu sa mga atletang ito ay mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Tatlo sa kanila ang nagkamit ng mga medalya!

## Magsikap nang Husto

Ikukuwento ko sa inyo si Noelle Pikus-Pace, isa sa Banal sa mga Huling Araw na mga atletang iyon. Ang sinalihan niya ay ang skeleton. Isipin na naglalakbay ka na una ang ulo at nakaangat ang mukha nang ilang pulgada sa lupa pababa sa isang liku-liko at mayelong daan sa bilis na 90 milya (145 km) bawat oras, na sakay lamang ng isang maliit na sled! Sa Olympics, si Noelle ay may apat na minuto lang—apat na 60-segundong pagbulusok—para mapanalunan ang kanyang medalya.

Hindi ito ang unang pagkakataon na sumubok si Noelle sa Olympics. Noong 2006 nabali ang buto niya sa binti at hindi makasali sa paligsahan sa Olympics. Noong 2010 hindi niya napanalunan ang medalya dahil nahuli siya nang wala pang isang segundo. Ngunit hindi siya sumuko. Maraming oras, araw, linggo, at buwan ang ginugol niya sa pagsasanay. Sa 2014 Olympics, wala na siyang mali! Siya ang nanalo ng medalyang pilak!

## Patuloy na Magsikap

Si Christopher Fogt ay miyembro ng team na nanalo ng medalyang tanso sa four-man bobsled race. Puwede na sana siyang sumuko o tumigil pagkatapos ng matinding pagsalpok sa 2010 Olympics. Ngunit tulad ni Noelle, patuloy siyang nagsikap. At nanalo rin siya ng medalya!

## Tulungan ang Iba

Ginulat ng snowboarder na Banal sa mga Huling Araw na taga-Australia, si Torah Bright, ang mundo nang mapansin niya na ang American snowboarder na si Kelly Clark ay kabado matapos ang unang hindi magandang pagtakbo. Sa halip na magtuon sa sarili niyang pagtatanghal, niyakap ni Torah si Kelly hanggang sa mapanatag si Kelly. Dahil sa simpleng kabaitang ito na ipinakita ni Torah, nakatayo silang dalawa sa plataporma ng

MGA PAGLALARAWAN NI DAVID MALAN



mga nanalo. Nanalo ng medalyang pilak si Torah at si Kelly naman ang nanalo ng medalyang tanso. Kung mayroon kang kaibigan o kapamilya na nangangailangan ng panghihikayat, tulungan din sila.

**Ikaw Naman!**

Ang iyong buhay na walang hanggan ay katulad ng karanasan ng mga atletang ito. Bilang anak na lalaki o anak na babae ng Diyos, nabuhay ka sa piling Niya. Naghanda kang pumarito sa mundong ito para sa loob lang ng maikling panahon. Ang iyong buhay sa lupa ay tulad ng apat na minuto ni Noelle. Ang mga ginagawa mo rito ang magpapasiya kung mapapanalunan mo ang gantimpala ng buhay na walang hanggan.


**Mga Checkpoint para sa Iyo**

Sina Noelle, Christopher, at Torah ay kinailangang gumawa ng ilang hakbang upang maging mga atleta sa Olympics. May ilang checkpoint na makatutulong sa iyo na makabalik sa Ama sa Langit. Ang mga ito ay ang mga bagay na tulad ng binyag, pagtanggap sa kaloob na Espiritu Santo, mga ordinasyon sa priesthood, mga ordenansa sa templo, at pakikibahagi ng sakramento bawat linggo.

Upang matulungan kang marating ang iyong mga checkpoint, kailangan mong manalangin at mag-aral ng banal na kasulatan araw-araw at magsimba. Sundin ang mga utos, sundin ang mga tipang ginawa mo, at sundin ang mga pamantayan ng Panginoon. Kung kailangan mong magsisi, alalahanin ang himala ng Pagbabayad-sala. Hindi ka iiwanang mag-isa ng Ama sa Langit.

Tandaan, naghanda ka para sa panahon mo sa lupa. Ito ang pagkakataon mong kumilos. Ito na ang panahon mo! ■


*Mula sa "Ang Inyong Apat na Minuto,"* Liahona, *Mayo 2014, 84–86.*



"Ang buhay na ito ang panahon para . . . maghanda sa pagharap sa Diyos" (Alma 34:32).

# ANG ATING PAHINA







*"Gusto kong maging missionary," ni Samuel Q., edad 8, Brazil.*



*"Paglikha," ni Vivian A., edad 6, Spain. Sabi ni Vivian, "Nagpapasalamat ako sa aking Ama sa Langit sa paglikha ng mga hayop. Pinagaganda nila ang mundo dahil sa kanilang mga kulay at iba't ibang anyo."*






*"Córdoba Temple, Argentina" ni Tiziano S., edad 10, Argentina. Sabi ni Tiziano, "Talagang gusto kong matapos na ang templo sa lalong madaling panahon para kapag 12 anyos na ako, maaari na akong pumasok sa loob."*

# "Ang Ama sa Langit ay palaging nagbubuhos sa atin ng mga pagpapala."

—Pangulong Dieter F. Uchtdorf

Mula sa "Masayang Ipinamumuhay ang Ebanghelyo," *Liahona,* Nob. 2014, 121.



PAGLALARAWAN NI ERIC BARCLAY

# Laging May Oras para MAGDASAL

*Napakahirap mag-aral. Magiging mas madali kaya ang lahat?*

**Ni Barbara Hopf**
Batay sa tunay na buhay

*"Nagdarasal araw-araw. Sa 'king Ama sa Langit" ("I Pray In Faith,"* Children's Songbook, *14).*

"Halika na, Fynn. Aalis na tayo!" sabi ni Johan.

Inip na naghihintay ang kuya ni Fynn na si Johan sa pintuan sa harapan. Ayaw niyang mahuli sa pagpasok sa eskuwela.

Sumimangot si Fynn. Ayaw niyang pumasok sa eskuwela. Kalilipat lang ng kanyang pamilya sa isang bagong bahay. Unang taon niya iyon sa eskuwela, at wala pa siyang kaibigan doon. Hinanap-hanap niya ang dati niyang mga kaibigan.

"Natatakot ako!" sabi ni Fynn, habang tumatakbo papunta sa nanay niya. "Bakit ko kailangang pumasok sa eskuwela?"

Niyakap ng nanay niya si Fynn. "OK lang iyan. Magdasal tayo," sabi nito. "Laging may oras para magdasal."

Lumuhod sila at hiniling nila sa Ama sa Langit na tulungan si Fynn. Pagkatapos ay pumasok na sa eskuwela si Fynn at ang kuya niya. Medyo naging maayos ang maghapon.

Tuwing umaga pagkaraan niyon, lumuhod si Fynn at nagdasal para humingi ng tulong sa Ama sa Langit.

Unti-unting naging maayos ang lahat. Nagkaroon ng kaibigan si Fynn, at hindi na siya takot. Di-nagtagal, nagustuhan na ni Fynn ang pagpasok sa eskuwela.

Isang araw naglakad si Fynn at ang kuya niya papasok sa eskuwela, at masaya si Fynn. Napansin niya na sumisikat ang araw. Naisip niya ang lahat ng masasayang bagay na natututuhan niya. Walang anu-ano, tumigil siya sa paglalakad.

"May nalimutan ako!" sabi niya kay Johan. Tumakbo si Fynn pabalik sa kanilang bahay.



MGA PAGLALARAWAN NI MARK ROBISON

Nag-alala ang nanay niya nang tumakbo siya papasok.

"Ano'ng nangyari?" tanong nito.

"Nalimutan ko pong magdasal!" sabi ni Fynn. Lumuhod siya. Gusto niyang pasalamatan ang Ama sa Langit sa pagtulong sa kanya.


Pagkatapos niyang magdasal, niyakap niya ang nanay niya. "Laging may oras para magdasal!" sabi niya.

Ngumiti si Fynn. Ngumiti ang nanay niya. At nang tumakbo si Fynn para habulin ang kuya niya, naisip niya na nakangiti rin siguro ang Ama sa Langit. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Bavaria, Germany.*



# Pagtulong sa Isang Bagong Kaibigan



Ni Quinnley W., edad 9, Missouri, USA




Isang batang babae ang lumipat sa klase namin sa paaralan sa kalagitnaan ng taon. Iba ang hitsura at pagsasalita niya kaysa sa ibang mga estudyante. Ilang beses na siyang nagpalipat-lipat ng tirahan at hirap siyang makipagkaibigan. May malulungkot na bagay na nangyayari sa kanyang pamilya at pumapasok siya sa klase na umiiyak kung minsan. Alam ko na gusto kong subukang tulungan ang batang ito, pero hindi ako gaanong sigurado kung ano ang dapat kong gawin dahil hindi siya palakibo sa ibang mga bata. Ipinagdasal ko kung ano ang dapat kong gawin at nadama ko ang bulong ng Espiritu Santo na dapat ko lang sikaping kaibiganin siya.

Tinulungan ko siya sa mga gawain niya sa paaralan, at sinabi ko sa kanya na binigyan siya ng ating Ama sa Langit ng mga espesyal na talento para gamitin at ibahagi niya sa iba. Niyaya ko siyang makipaglaro sa amin ng iba pang mga estudyante sa rises. Ilang buwan pagkaraan, sinabi niya na ako ang unang-una niyang kaibigan.

Kinailangan niyang lumipat na muli ng tirahan, at talagang nalungkot ako. Hiniling ko sa school secretary na padalhan siya ng liham sa bago niyang address. Sa liham, sinabi ko sa kaibigan ko na nangungulila ako sa kanya at na mananatili kaming magkaibigan. Nagdrowing ako ng mga larawan namin na naglalaro kami at ipinaalala ko sa kanya ang ilan sa kanyang mga talento. Sinabi ko sa kanya na dapat siyang maging matapang at sikapin niyang magkaroon ng bagong kaibigan dahil makakatulong siya sa ibang tao. Ipinagdasal ko na makakita siya ng kaibigan sa bago niyang paaralan at na maging mabait sa kanya ang ibang mga bata.

Alam ko na mahal ng Ama sa Langit ang lahat ng Kanyang anak, at nagpapasalamat ako na tinutulungan Niya tayong tulungan ang bawat isa sa kanila. ■

PAGLALARAWAN NI ALYSSA TALLENT; LARAWAN NG PAPEL NA KUHA NG SARRA22/ISTOCK/THINKSTOCK



# Nang Binyagan si Cristo

(Pinasimple)

Mga titik at himig ni
Jeanne P. Lawler




© 1977, 1989, 2014 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa angkop at di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.

LARAWAN © TOLLY65/DOLLAR PHOTO CLUB

# Bininyagan si Jesus

**Nina Erin Sanderson at Jean Bingham**

Ano kaya ang pakiramdam ng makitang binibinyagan si Jesus? Sinasabi sa atin ng Bagong Tipan ang naganap sa banal na araw iyon.

"Nang magkagayo'y naparoon si Jesus mula sa Galilea at lumapit kay **Juan** sa ilog ng **Jordan,** upang siya'y bautismuhan niya.

"At nang mabautismuhan si Jesus, **pagdaka'y umahon sa tubig:** at, narito, nangabuksan sa kaniya ang mga langit, at nakita niya ang **Espiritu ng Dios na bumababang tulad sa isang kalapati,** at lumalapag sa kaniya:

"At narito, **ang isang tinig na mula sa langit,** na nagsasabi, Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan" (Mateo 3:13, 16–17).

Sa espesyal na araw na ikaw ay bininyagan at kinumpirma, sinusunod mo si Jesucristo. Naging para kang bagong tao—nangako ka na laging aalalahanin at susundin si Jesucristo, naging miyembro ka ng Kanyang Simbahan, natanggap mo ang kaloob na Espiritu Santo, at lubos kang naging malinis. Ang Ama sa Langit ay labis na nalulugod sa iyo. Ang binyag ang nagbubukas ng pintuan patungo sa landas na umaakay sa atin pabalik sa Ama sa Langit. ■

*Ang mga awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*



## ALAMIN ANG IBA PA

**Jordan**—ang Ilog Jordan

**Juan**—Juan Bautista

**pagdaka'y umahon sa tubig**—nakatindig nang tuwid matapos na ganap na mailubog sa tubig

**ang Espiritu ng Diyos**—ang Espiritu Santo

**bumababang tulad sa isang kalapati**—bumababa nang dahan-dahan at payapa gaya ng kalapati

**isang tinig mula sa langit**—tinig ng Ama sa Langit

## USAP-USAPAN SA PAMILYA

Ipakuwento sa mga nabinyagan kung ano ang nadama nila sa espesyal na araw na iyon. Maaari din nilang ibahagi kung paano nila sinisikap na tuparin ang kanilang mga tipan sa binyag at paano sila ginabayan, pinapanatag, tinuruan, o binalaan ng Espiritu Santo.

**Awitin:** "Nang Binyagan si Cristo" (*Liahona,* Feb. 2015, p. 73)

**Mga Banal na Kasulatan:** Mateo 3:13, 16–17; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4

**Mga Video:** Magpunta sa Biblevideos.lds.org para mapanood ang "Ang Binyag ni Jesus."

## TIP PARA SA BANAL NA KASULATAN!

Ang pagsasaulo ng isang taludtod sa banal na kasulatan ay sindali ng pagsunod sa tatlong hakbang na ito.

1. Isulat ang bawat salita ng talata sa magkakahiwalay na kard o papel. Pagsunud-sunurin ang mga kard at basahin nang malakas ang talata.
2. Paghalu-haluin ang mga kard at ibalik sa pagkakasunud-sunod. Muling basahin ang talata.
3. Alisin ang isang kard at muling basahin ang talata. Patuloy na isa-isang alisin ang mga kard hanggang masabi mo na ang buong talata nang walang kard.

Ngayong naisaulo mo na ito, mananatili na sa iyong isipan ang talatang ito saan ka man magpunta!



## MGA TANONG TUNGKOL SA MGA BANAL NA KASULATAN

Gupitin ang mga word strip sa ibaba at ilagay sa isang lalagyan. Maghalinhinan sa pagpili ng mga tanong at pagsagot nito gamit ang mga banal na kasulatan.

Sino ang nagbinyag kay Jesus? (Mateo 3:13)

Bakit gustong magpabinyag ni Jesus? (Mateo 3:15; 2 Nephi 31:7, 9)

Bakit tayo kailangang magpabinyag? (Juan 3:5)

Ano ang nangyari kaagad pagkatapos mabinyagan si Jesus? (Mateo 3:16–17)

Ano ang ibig sabihin ng *paglulubog*? (D at T 76:51; Moises 6:64–65)

Paano natin matatanggap ang kaloob na Espiritu Santo? (D at T 33:15)

Ano ang ipinapangako natin kapag nabinyagan tayo? (Mosias 18:8–13; D at T 20:37)

Ano ang ipinapangako sa atin ng Ama sa Langit kapag nabinyagan tayo? (D at T 76:52–56)

Ano ang dapat nating gawin matapos mabinyagan para mabuhay nang walang hanggan sa piling ng Ama sa Langit? (2 Nephi 31:18–20)

KALIWA: PAGLALARAWAN NI BETH WHITTAKER; KANAN: PAGLALARAWAN NI CAM KENDALL

# Nagbigay ng Mensahe si Juliana

**Ni Jane McBride Choate**

Batay sa tunay na buhay



MGA PAGLALARAWAN NI ELISE BLACK

Si Juliana ay medyo takot na magbigay ng mensahe sa Primary.

Niyakap ni Lola si Juliana. "Tutulungan ka ng Ama sa Langit," bulong niya.



Nang siya na ang magsasalita, nakita ni Juliana ang kanyang mga kaibigan, guro, at Lolo at Lola na nakangiting lahat sa kanya. Pagkatapos ay nagsalita na siya.



"Ako ay anak ng Diyos. Ipinapakita ko na mahal ko ang Ama sa Langit sa pamamagitan ng pag-aaral tungkol kay Jesus, pagdarasal, at pagtulong sa pamilya ko. Alam ko rin na mahal ako ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Sa pangalan ni Jesucristo, amen."




Matapos ang Primary, mahigpit na niyakap ni Juliana si Lola. “Hindi po ako natakot,” sabi niya. “Alam ko po na tinulungan ako ng Ama sa Langit.” ■

# Lahat ng Anak ng Diyos

Bawat bata ay natatanging anak ng Diyos. Mahahanap mo ba si Juliana? Ilang batang babae ang mabibilang mo? Ilang batang lalaki? Ilan ang nakasuot ng damit na guhitan? Ilan ang nakasuot ng dilaw? Ilan ang nakasalamin?





**Ni Elder Joseph B. Wirthlin (1917–2008)**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# TUNAY NA PAGMAMAHAL

*Inaakay tayo ng pagmamahal sa kaluwalhatian at kadakilaan ng buhay na walang hanggan.*

Ang pagmamahal ay simula, gitna, at katapusan ng daan sa pagiging disipulo. Ito ay umaaliw, nagpapayo, nagpapagaling, at nakikidalamhati. Ginagabayan tayo nito sa libis ng lilim at sa lambong ng kamatayan. Sa huli, inaakay tayo ng pagmamahal sa kaluwalhatian at kadakilaan ng buhay na walang hanggan.

Para sa akin, ipinakita sa tuwina ni Propetang Joseph Smith ang dalisay na pag-ibig ni Cristo. Marami ang nagtanong kung bakit nagkaroon siya ng maraming tagasunod at napanatili ang mga ito. Ang sagot niya: "Iyon ay dahil nasa prinsipyo ko ang magmahal."[1]

May kuwento tungkol sa isang 14-na-taong-gulang na lalaki na nagpunta sa Nauvoo para hanapin ang kapatid niya na nakatira malapit doon. Dumating ang batang ito sa panahon ng taglamig na walang pera at kaibigan. Nang ipagtanong niya ang kapatid, dinala siya sa malaking bahay na mukhang hotel. Doon, nakilala niya ang isang lalaki na nagsabi, "Halika, iho, kami ang bahala sa iyo."

Pumayag ang bata, at pinapasok siya sa bahay kung saan siya ay pinakain, binigyan ng panlaban sa lamig, at kamang tutulugan.

Kinabukasan, nanunuot ang lamig,



pero, sa kabila niyon, naghanda ang bata sa paglakad nang walong [milya] papunta sa pinaglalagian ng kanyang kapatid.

Nang malaman ito ng may-ari ng bahay, sinabi niya sa bata na huwag munang umalis. Sinabi niyang may paparating na bagon at puwede siyang makisakay doon pabalik.

Nang tumanggi ang bata at sinabing wala siyang pera, sinabi ng may-ari na huwag alalahanin iyon at sila na ang bahala sa kanya.

Kalaunan, nalaman ng bata na ang may-ari ng bahay ay walang iba kundi si Joseph Smith, ang propetang Mormon. Natandaan ng batang ito ang pagkakawanggawang ito sa kanya sa buong buhay niya.[2]

Sa mensahe kamakailan lamang sa *Music and the Spoken Word* ng Mormon Tabernacle Choir, may isinalaysay tungkol sa isang matandang lalaki at babae na matagal nang mag-asawa. Dahil unti-unti nang nawawalan ng paningin ang babae, hindi na niya kayang alagaan ang sarili tulad ng dati niyang ginagawa sa loob ng maraming taon. Kahit hindi hinilingan, sinimulan ng lalaki na lagyan ng kyutiks ang kuko ng asawa.

"Alam ng lalaki na kapag inilapit ng babae sa kanyang mga mata ang mga kuko nito, makikita niyang maayos itong nilagyan ng kyutiks, at matutuwa ito. Gusto niyang makitang masaya ang asawa, kaya patuloy niyang nilagyan ng kyutiks ang mga kuko nito nang mahigit sa limang taon bago ito pumanaw."[3]

Iyan ang halimbawa ng dalisay na pag-ibig ni Cristo. Kung minsan, hindi makikita ang pinakadakilang pag-ibig sa madudulang tagpong kinakatha ng mga makata at manunulat. Kadalasan, ang pinakamatinding pagpapahiwatig ng pagmamahal ay nasa simpleng kabaitan at pagmamalasakit na ibinibigay natin sa mga nakikilala natin sa buhay.

Ang tunay na pagmamahal ay tumatagal nang walang hanggan. Ito ay matiyaga at mapagpatawad magpakailanman. Ito ay nagtitiwala, umaasa, at nakapagtitiis sa lahat ng bagay. Ganyan ang pagmamahal sa atin ng ating Ama sa Langit. ■

*Mula sa "Ang Dakilang Utos,"* Liahona, *Nob. 2007, 28–29.*

**MGA TALA**

1. Joseph Smith, sa *History of the Church,* 5:498.
2. Mark L. McConkie, *Remembering Joseph: Personal Recollections of Those Who Knew the Prophet Joseph Smith* (2003), 57.
3. "Selflessness," Set. 23, 2007, brodkast ng *Music and the Spoken Word;* makukuha sa musicandthespokenword.com/spoken-messages.

LARAWANG KUHA NG JUPITERIMAGES/LIQUIDLIBRARY/THINKSTOCK

# MGA KABATIRAN



**Ano ang problema sa pagtutuon sa mga kapintasan ng iba?**

"Habang naglalakad ang [isang] lalaki sa tapat ng bahay ng kanyang kapitbahay, napansin niya sa gitna ng magandang harding ito ang nag-iisa at napakalaking dilaw na damong dandelion. . . . Bakit hindi ito binunot ng kanyang kapitbahay? Hindi ba niya ito nakita? . . . Labis [na] ikinabahala [ng lalaki] ang dandelion na ito, at gusto niyang gumawa ng paraan. Dapat ba niyang basta bunutin na lang ito? O bombahan kaya ito ng pamatay ng damo? Siguro kung patago siyang kikilos sa gabi, mabubunot niya ito nang palihim. Ito ang laman ng isip niya habang naglalakad siya pauwi. Pumasok siya sa bahay niya nang hindi man lang sinusulyapan ang sarili niyang hardin—na natatakpan ng daan-daang dilaw na dandelion. . . . Hindi ko tiyak kung bakit napakahusay na nasusuri at nalulunasan natin ang mga kahinaan ng iba, samantalang madalas ay hirap tayong makita ang sarili nating kahinaan."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf,** Pangawalang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Ako Baga, Panginoon?" *Liahona,* Nob. 2014, 56.

# Kabilang Din sa Isyung Ito

## PARA SA MGA YOUNG ADULT

MATITIBAY NA SAGWAN, MATITIBAY NA PATOTOO SA
### French Polynesia

Malaking bagay ang outrigger canoeing sa buhay ng binatang ito. Ibinahagi niya ang nakita niyang pagkakatulad ng kanyang paboritong laro at ng ebanghelyo.




p. 46

## PARA SA MGA KABATAAN



p. 48

### UMASA SA DIYOS SA BAWAT ARAW

Alamin kung bakit napakahalaga na araw-araw na umasa sa Panginoon at kung paano Niya tayo tinutulungan na manampalataya sa Kanya sa araw-araw.

## PARA SA MGA BATA

### Ikaw Naman

Tulad ng mga atleta sa Olympics, kailangan nating gamitin ang panahon natin dito sa lupa para makapaghanda.



p. 66

TAGALOG
4 02125 62893 8

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW